Ang mga Pinahiran sa Huling Kapanahunan

Jeffersonville, Indiana USA
Hulyo 25, 1965

1 Magandang umaga, sa mga tagapakinig. Kausapin natin ang ating Panginoon ngayon. Dakilang Diyos, May Lalang ng Langit at lupa, na Siyang nagkaloob sa amin ng pagkakataong ito ngayong umaga upang sumamba sa Iyo… At kami Panginoon sa aming mga puso, ay lubusang nagsusuko ng aming mga sarili, sa Iyong Makalangit na kalooban at sa pagkilos ng Espiritu Santo sa amin, upang maipalabas yaong nais Mong malaman namin. Ang pagnanasa namin ay ang maging higit kaming mabubuting Cristiano at higit na mabubuting kinatanawan Mo. Ipagkaloob Mo nawa ito sa amin sa umagang ito habang naghihintay kami sa Iyo. Sa Ngalan ni Jesus Cristo. Amen. (Makakaupo na kayo.)

2 Lubos kaming natutuwa na maparitong muli sa umagang ito, sa—sa paglilingkod sa Dakilang Hari. At muli ay ikinalulungkot namin—na kulang ang lugar para sa lahat ng mga tao, ngunit amin pa lamang… Sisikapin naming gawin ang magagawa namin, sa ilalim ng mga kalagayang ito. 3 Ngayon, may mga panyo at mga kahilingan na nakalapag dito upang ipanalangin, at inilalagay ko muna ang mga iyon sa isang tabi; hindi dahil binabalewala ko ang mga ito, ngunit ipapanalangin ko ang mga ito matapos kong… gaya ng—mamayang gabi ulit, kapag… Pagkatapos ay mananalangin ako at maghihintay sa Espiritu ng Diyos para sa pagpapagaling, at doon ko gustong ipanalangin ang mga -mga panyo at mga bagay-bagay.

3 At tungkol sa mga natatanging kahilingan, lahat iyon ay ibinigay ni Billy sa akin. Mayroong mga tatlong daan nito, at kakalabas ko lang sa silid noon. Kita nyo, sinisikap kong makuha ang mga iyon ng mabilisan, at lahat ng magagawa kong ipanalangin. At kung mahaharap ko lang kaagad ang mga iyon hangga't maaari. Hindi ko makukuha ang lahat ng iyon. Aabot lang ako ng isa at sasabihin ko, "Panginoon, ito na bang isang ito, o iyon?" Ganoon lang; dahil ang mga iyon, bawat isa ay nangangailangan, mga totoong mahalagang kahilingan, isang bagay na walang dudang kailangan naming pagusapan. At ako—ako… Maliban na lang, alam n'yo na, minsan ay sinasabi ng Espiritu Santo kung alin ang dapat kong basahin. Isa sa nabasa ko, na tumimo sa aking puso; babalikan ko iyung muli at hahanapin sa karamihan hanggang sa makita ko iyon; kung hindi naman, ay basta ko na lang kinukuha ko ang mga iyon.

4 Ngayon, nais din nating sabihin ngayong umaga, at batiin yaong mga nasa labas at nasa ibang bahagi ng bansa. Nais nating batiin ang mga kaibigan sa umagang ito sa pamamagitan ng mga telephone hook-up, sa New York City;

Beumont, Texas; Prescott, Arizona; Tucson, Arizona; San Jose, California; Connecticut; Gainsville, Georgia; at New Albany, Indiana; sa buong bansa. Binabati namin kayo sa Pangalan ng Panginoong Jesus.

Mainam ang umagang ito ngayon sa Indiana. Umulan kagabi kaya lumamig ang panahon. At kami… Punong-puno ang Tabernakulo, at ang bawat isa ay naghihintay, nang may masidhing pananabik sa araling pangSunday school. At umaasa ako na ang kasaganaan ng pagpapala ng Diyos ay sasainyong lahat diyan.

At umaasa kami, sa lalong madaling panahon na makakagawa tayo ng—ng paraan upang aming—kung saa'y maaari tayong magsama-samang lahat, marahil ay sa lilim ng isang malaking tolda, kung saan ay nadarama ko na totoong pinangungunahan ako na ipangaral ang tungkol sa Pitong Huling Mangkok na nasa Biblia.

5 Kaya ngayon, para hindi tayo magtagal ng husto sa isang mahabang aralin ngayong umaga… Kinausap ko ang Panginoon, sa loob-loob ko, " Ano kaya ang sasabihin ko?'' Yamang batid kong maaring ito na ang huling gawain natin; napakalapit na ng pagdating ng Panginoon.

Nauunawaan ko, pagkatapos ng prediksyong ginawa ko sa California, may mga bahay doon at mga lugar na lumulubog sa bilis na tatlumpong pulgada bawat oras: ang mga haligi ay nagkakalamat at nangabibiyak. At hindi malaman kung ano ang sanhi niyon. Nasa dulo na tayo. Daan-daang libong dolyar ang halaga ng mga tahanan na lumulubog… Nakakakuha ako ng malalaking headline sa pahayagan, mga larawan, na sana ay madala ko mamayang gabi, dahil nais kong mangusap ng ilang bagay tungkol doon.

6 At pagkatapos, mananalangin tayo sa may sakit mamayamg gabi. Pumarito kayo mamayang hapon, alas-singko, alas-sais ng hapon o anumang oras n'yo naisin (Magsisimula tayo ng maaga, sa wari ko, para makauwi ng maaga ang mga tao), at nang matang n'yo ang inyong mga prayer card. At mananalangin tayo para sa maysakit mamayang gabi, kung loloobin ng Panginoon.

7 Ngayon, matapos akong mag-isip ng may pananalangin, "Ano kaya ang dapat kong gawin?" Gayong nalalaman ko na balang araw ay mananagot ako sa anumang sabihin ko rito… At ipinasiya ko, o nadama kong pinangungunahan ako ng Espiritu Santo na mangusap sa umagang ito tungkol sa propesiya, upang magkaroon tayo ng kaalaman. Kita n'yo? Isang bagay ito na ating… Kung hindi natin ito malalaman at bigla na lang may nangyari, kailangang malaman natin ang tungkol dito. Ipinagkaloob sa atin ng Espiritu Santo, na bigyang babala ang mga tao tungkol sa mga bagay na darating. Alam n'yo, sinabi ng Biblia na

walang gagawin ang Diyos malibang ipakita muna Niya ito sa Kaniyang mga lingkod na propeta; at- at kung paanong binalaan ni Jesus ang mga tao, tungkol sa kung ano ang magaganap, kung paanong binalaan ng mga propeta ang mga tao tungkol sa oras na kinabubuhayan natin, kung anong mga nagaganap—kung anong magaganap sa kapanahunang ito. Kaya isa sa mga kakatuwang paksang na marahil ay lagi nating nababasa ang nailagay sa aking puso—ang mangusap sa mga tao tungkol dito sa umagang ito.

8 Ngayon, buksan natin ang ating mga Biblia sa ika-24 na kabanata ng Mateo at basahin natin ang isang bahagi ng Salita. [Umehem si Brother Branham—Ed.]), Ipagmaumanhin ninyo. Bilang isang paraan ng—ng pagkuha natin nilalaman ng aking teksto at paksa. 13 Ngayon alalahanin n'yo, ituturo natin ito gaya ng isang pag-aaral tungkol sa Biblia, babagalan natin. Kunin n'yo, ang inyong mga lapis at papel (Maraming kasulatan ang itinala ko rito), na marahil ay nais n'yong isulat. Pagkatapos, sa inyong pag-uwi (dahilpara itong isang klase ng araling pangSunday school), nang sa gayon ay malaman natin, at tayo'y mabigyang babala, at magsipaghanda sa mga oras na kinabubuhayan natin.

9 Sa Aklat ni San Mateo [Bahagyang umubo si Brother Branham—Ed] (Ipagpaumanhin n'yo), ika-24 na talata—ika- 24 na kabanata, pala, simula sa ika-15 talata, nais kong basahin ang bahagi ng Kaniyang Salita. Kaya nga pagkakita ninyo ng kasuklam-suklam na paninira na sinalita sa pamamagitan ng propeta Daniel na natatayo sa dakong banal, (unawain ng bumabasa:) Kung magkagayo'y magsitakas sa mga bundok ang nangasa Judea. Ang nasa bubungan—bubungan ay huwag bumaba upang maglabas ng mga bagay sa loob ng kanyang bahay. At ang nasa bukid ay huwag magbalik upang kumuha ng kaniyang balabal Datapwa't sa aba ng nangagdadalang-tao at nangagpapasuso sa mga araw na yaon! At magsipanalangin kayo na huwag mangyari ang pagtakas ninyo sa panahong taginaw, o sa Sabbath man. Sapagkat kung magkagayo'y magkakaroon ng malaking kapighatian na ang gayo'y di pa nangyayari buhat sa pasimula ng sanlibutan hanggang ngayon, at ni hindi na mangyayari kailan man. At malibang paikliin ang mga araw na yaon, ay walang lamang makakaligtas: datapuwa't dahil sa mga hirang ay paikliin ang mga araw na yaon. Kung magkagayon, kung may magsabi sa inyong sinumang tao, Narito ang Kristo, O , Nariyan; Huwag ninyong paniwalaan. Sapagkat may magsisilitaw na mga bulaang Kristo, at mga bulaang propeta, at mangagpapakita ng mga dakilang tanda at mga kababalaghan; ano pa't iligaw, kung maari, pati ng mga hirang. Narito, ipinagpauna ko nang sinabi sa inyo.

Kaya nga kung sa inyo'y kanilang sasabihin, Narito, siya'y nasa ilang, huwag kayong magsilabas: Narito, siya'y nasa mga silid; huwag ninyong paniwalaan. Sapagkat gaya ng kidlat na kumikidlat sa silangan, at nakikita hanggang sa kanluran, gayon din naman ang pagparito ng Anak ng tao. Saan man naroon ang mga bangkay, ay doon mangagkakatipon ang mga agila…

10 Ngayon, bilang paksa, nais kong kunin ang ika- 24 na talata upang idiin ang talatang ito para sa ating araling pang-Sunday school ngayong umaga. At makinig kayong maigi habang binabasa ko itong muli ngayon. Sapagkat may magsisilataw na mga bulaang Kristo, at mga bulaang propeta, at mangagpapakita ng mga dakilang tanda at mga kababalaghan; ano pa't iligaw niya, kung maari, pati ang mga hirang. 16 Ngayon, bilangg paksa sa umagang ito, o bilang teksto pala, nais kong kunin ang, "Mga Pinahiran sa Huling Kapanahunan." Iyan ang paksang nais kong ipangusap, o ang tekstong ito: "Mga Pinahiran sa Huling Kapanahunan."

11 Naniniwalang akong nabubuhay tayo sa dulo ng panahon. Sa palagay ko, karamihan… Ang mambabasa ng Kasulatan o maging ang isang mananampalataya ay nakakaalam na tayo'y nasa huling bahagi na ng kasaysayan ng mundo. Wala ng silbi ang isulat pa ito, dahil wala ng babasa nito. Ito'y dulo na ng panahon. Kung kailan, ay hindi ko alam. Kung gaano pa katagal, ni ang mga Anghel sa langit ay hindi nakaaalam kung ano ang sandali o ang oras. Datapuwat nasabihan tayo ng Panginoong Jesus na kapag ang mga bagay na ito na nakikita natin ngayon ay nagpasimula nang maganap, na tumingala na tayo dahil nalalapit na ang araw ng ating katubusan. Ngayon, kung ano ang ibig sabihin ng "nalalapit na", ay hindi ko alam. Maaring mangahulugan ito…

12 Gaya ng sinabi ng mga siyentipiko nu'ng isang araw sa telebisyon, nangungusap sila tungkol sa napakalaki, libo-libong milya ang haba ng lamat sa lupa na lulubog daw… May nagtanong sa kaniya, "Doon ba iyon ulubog (Iyon ay sa Los Angeles, sa Kanlurang Baybayin)? " At marami ang sa inyo ang nakapanood kung paanong tinunton nila iyon sa pamamagitan ng radar, at umabot iyon sa ilalim ng - tumagos iyon sa ibaba ng San Jose, at tumawid hanggang Alaska, pati na sa Aleutian Island, mga dalawang daang milya patungo sa karagatan at umikot pabalik sa San Deigo, umikot sa gawing likuran ng Los Angeles at umabot doon, kahugis ng isang malaking bulsa. At ang lahat ng mga lindol na nararanasan natin ay sanhi ng pagsabog ng bulkan na tumatama sa malaking hugis-malukong-na-tabo, bahaging ito roon. Hindi ko maalala kung ano ang—ang tawag nila doon. Gayunpaman, kapag yumayanig iyon, iyon ang nagiging dadilan ng mga paglindol na nararamdaman natin sa loob ng maraming taon sa Kanlurang Baybayin. Ngayon, may lamat na ang buong palibot niyon. At ang sabi ng mga siyentipiko…. Isa

13 Ang sabi ng lalaki sa kausap niya, "Maaari ba iyong bumigay?" Ang sabi niya " Hindi lang maaari, kundi talagang bibigay." Aniya, " Ngunit marahil ay hindi sa ating henerasyon?" Ang sabi, " Maaring sa

susunod na limang minuto o susunod na limang taon. Hindi natin alam kung kailan. ” 20 Nitong linggong ito ay ipinadala sa akin ang mga ulo ng mga balita sa pahayagan, tungkol sa naglalakihang, daang libong dolyar na halaga ng mga bahay na nagsisipaglangitngitan at nangagkakalamat, ang mga tao'y nagsisilikas na. At hindi nila malaman kung paano nila iyon pipigilan; walang paraan para mapigil iyon. Kita nyo, magagawa na Diyos anumang naisin Niya, at walang sinumang makapagsasabi sa Kaniya kung paano Niya dapat gawin iyon.

Nagtatayo kayo ng mga bahay; nakakagawa kayo ng maka-agham na mga bagay; at ang Diyos ang Maylikha ng agham. Paano n'yo Siya mapipigilan? Magagawa Niyang wasakin ang mundo ngayong umaga sa pamamagitan ng mga pulgas kung nanaisin Niya. Napagtatanto ba ninyo na bigkasin lang Niya ay makapagpapalitaw Siya ng mga pulgas, at aabot ng apatnapung milya ang kapal nito sa loob lamang ng kalahating oras. Kita n'yo? Walang anumang… Magagawa nilang ubusin ang mga tao kaagad-agad. Siya ay Diyos. Magagawa Niya anumang naisin Niya. Siya sa Kaniyang Sarili, ang Kataas-taasan.

14 Ngayon, dahil nakikita natin ang lahat ng naipong katibayang ito, dito sa oras na ngayon ay kinabubuhayan natin, sa palagay ko ay makabubuting pagbalik-aralan natin ang mga bagay na ito at ilatag natin ang mga ito, dahil ang mga Tatak ay nabuksan na, at nang malaman natin ang katotohanan sa mga bagay na ito, dahil ang Diyos ay naging tapat sa atin, sa pamamagitan ng Kaniyang biyaya, upang ipakita sa atin ang mga bagay na ito.

Nais kong pansinin ninyo dito sa Mateo 24, ginamit ni Jesus ang katagang “mga cristo”: mga c-r-i-s-t-o, mga cristo, hindi Cristo kundi “mga cristo”, pang-maramihan, hindi pang-isahan: mga cristo, Kung gayon, ang salitang “Cristo” ay nangangahulugang “yaong isang pinahiran.” At bukod pa roon, kung ito'y “pinahiran”, hindi ito nag-iisa lamang, kundi maraming pinahiran: “ang mga pinahiran”. Kita n'yo? 24 Sa ibang pangungusap, kung gugustuhin Niyang himayin ito sa atin upang higit nating maunawaan, ay sasabihin Niya, “Sa huling mga araw ay magsisilitaw na mga bulaang pinahiran.” Ngayon, tila imposible iyon. Kita n'yo? Ang katagang pinahiran….. Ngunit pansinin ninyo ang kasunod na mga salita, “at mga bulaang propeta”: mga p-r-o-p-e-t-a, pangmaramihan.

15 Ngayon, yaong isang pinahiran ay “yaong isang may mensahe.” At ang tanging paraan upang maihatid sa atin ang mensahe ay sa pamamagitan niyaong isang pinahiran; at iyon ay isang propeta—pinahiran. “Magsisilitaw ang mga bulaang pinahirang guro.” Itinuturo ng propeta kung ano ang mensahe niya: mga pinahirang guro, ngunit mga pinahirang tao na may bulaang katuruan, mga pinahiran: mga cristo, pangmaramihan, mga propeta, pangmaramihan. At kung mayroong tinatawag na isang Cristo, pang-isahan, kung gayon, dapat ay mayroon ding “mg apinahiran,” upang ang kanilang hula, kung ano itinuturo nila, ang siyang maging kaibahan, dahil sila ay mga pinahiran, pinahiran.

16 Ngayon, ito'y isang araling pang-Sunday school; nais na—nating ilantad ito ng lubusan sa pamamagitan ng mga Kasulatan, hindi sa pamamagitan ng kung ano ang sinabi ng sinuman tungkol dito, kundi sa pagbasa lamang ng mga Kasulatan. Maaring sabihin mo, “ Paanong mangyayari ito? Ang mga pinahiran ba…

Ano nga ba sila?“ Mga cristo: mga c-r-i-s-t-o, mga pinahirang cristo at mga bulaang propeta: mga pinahiran, subalit mga bulaang propeta. Sinabi ni Jesus na, ”Ang ulan ay pumapatak kapuwa sa mabuti at sa masama.

Ngayon, maaring may magsabi sa akin, “Naniniwala ka ba na ang pahid sa mga taong iyon ay pahid ng Espiritu Santo?” Opo, ito'y tunay na Espiritu Santo ng Diyos sa isang tao, gayunpaman sila'y mga bulaan. Ngayon, makinig kayong maigi at tingnan kung ano ang Kaniyang sinabi: “At magpapakita sila ng mga dakilang tanda at mga kababalaghan; na anupa't dadayain nila kung maaari pati ang mga hirang.” At sila ay may pahid ng tunay na Espiritu Santo. Alam kong ito'y kamangmangan, ngunit dadahan-dahanin natin ang pagpapaliwanag nito, sa pamamagitan ng Salita na iyan ay walang pasubaling, ITO ANG SABI NG PANGINOON, ang Katotohanan.

17 Ngayon, buklatin natin ang ating mga Biblia sa ilang sandali sa Mateo ika5 kabanata at simulan natin sa ika-45 na talata at tingnan ninyo habang tayo'y bumabasa sa ilang sandali sa mga Kasulatang ito. Pagkatapos pagdatin natin dito, aba'y ibibigay namin kayo… Kaya kayo, kung sakaling hindi natin mabasang lahat ito, kunin ninyo ang inyong mga Biblia, at—at maari ninyong basahin iyon paglisan natin dito at sa pag-uwi n'yo at— at basahin ninyo kung ano ang sinasabi ng Biblia tungkol dito.

18 Ngayon, para makatipid sa oras upang makakuha ng isang—isang panimulang katotohanan, sapagkat ako'y nagbibigay ng kagulat-gulat na pananalita…. Paanong magagawa pahiran ng Espiritu Santo ang isang bulaang guro? Subalit iyon ang sinabi ni Jesus na mangyayari.

Ngayon, sa ika-5 kabanata ng Mateo, sa ika-45 na talata, basahin natin ngayon. Kunin natin, magsimula tayo sa—sa itaas nito, sa talatang 44: Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, Ibigin ninyo ang inyong mga kaaway, at idalangin ninyo ang sa inyo'y nagsisiusig; Upang kayo'y maging anak ng inyong Ama na nasa langit ; sapagkat pinasisikat niya ang kanyang araw sa masasama… at sa mabubuti, at

nagpapaulan sa mga ganap at… sa mga hindi ganap. (Ang ulan ay pumapatak sa masama gaya rin naman sa mabuti.)

19 Ngayon, para iugnay ito, sa isa pang hulang patungkol dito, bumuklat tayo ngayon sa ika-6 na kabanata ng Mga Taga-Hebreo, bilang kasunod na susog na talata tungkol dito, kung saan ay pinapaalala ni Pablo ang katulad ng sinabi ni Jesus…. Si Pablo naman ngayon ang nagsasalita… Habang hinahanap ninyo ito… At kayong nagsisipakinig sa brodcast, kunin ninyo ang mga Biblia sa inyong tabi at isang pirasong papel at tunghayan ninyo ito ngayon: Sa ika-6 na kabanata ng Mga Taga-Hebreo, sumulat si Pablo sa mga tagaHebreo, na ipinapakita sa kanila ang mga anino at ang mga tipo, dinadala sila mula sa Judaismo patungo sa Cristianismo, ipinapakita sa kanila kung paano ang lahat ng mga dating bagay ay umaanino lamang sa mga bagay na darating. Si Pablo ang nangungusap ngayon, Mga Taga-Hebreo 6… Kaya tayo'y tumigil na ng pagsasalita ng mga unang simulaing aral ni Cristo,…(C-r-i-s-t-o,pang-isahan) … at mangagpatuloy sa kasakdalan, na huwag nating ilagay na muli ang kinasasalagin ng pagsisisi…. sa mga patay na gawa, at ng pananampalataya sa Diyos. Nang… aral tungkol sa mga paglilinis, at ng pagpapatong ng mga kamay at ng mga pagkabuhay na maguli ng mga patay, at ng paghuhukom na walang hanggan. At ating gagawin ito, kung ipinahihintulot ng Dios. Sapagkat tungkol sa mga minsang naliwanagan at nakalasap ng kaloob ng kalangitan, at ng mga nakabahagi ng Espiritu Santo,.. (Nais kong tawagin ang inyong pansin sumandali. Napansin n'yo bang iyo'y kaloob, at hindi mga kaloob, nakabahagi sa makalangit na mga kaloob, kundi makalangit na "kaloob," pang-isahan. Cristo, pang-isa, kaloob, pang-isahan.)… kaloob ng kalangitan, at… mga nakabahagi ng Espiritu Santo, At nakalasap… ng mabuting salita ng Dios,… (Nakalasap ng ano? Nang salita ng Diyos.)… at ang kapangyarihan ng mundong darating, At saka nahiwalay sa Dios, ay di maaring baguhin silang muli sa pagsisisi, yamang kanilang ipinapakong muli sa ganang kanilang sarili ang Anak ng Dios, at inilagay na muli siya sa hayag na kahihiyan.

Sapagkat… (makinig kayo)… ang lupang… humitit ng ulang madalas na lumalagpak sa kaniya, at tinutubuan ng mga damong pakikinabangan ng mga yaon na dahil sa kanila'y binukid, ay tumatanggap na pagpapala mula sa Diyos: Datapuwa't kung mamumunga ng mga tinik at dawag… ay itatakwil, at malapit sa sumpa; at ang kaniyang kahihinatnan ay ang sunugin.

20 Ngayon, ihambing ninyong muli iyan sa Mateo 5:45. Pansining sinabi ni Jesus na ang ulan at araw ay dumarating sa lupa, na ipinadadala ito ng Dios upang ihanda ang pagkain at ang mga bagay-bagay para sa mga taong nananahan sa lupa. At ipinadadala ang ulan para sa pagkain, ang mga halaman. Datapuwat ang mga dawag, mga damo, dahil sila ay nasa bukid din, ay nakatatanggap din nito. Ang ulan na nagpapalago sa trigo ay siya ring ulang nagpapalago sa mga damo.

21 Nagkaroon ako ng isang aral tungkol diyan minsan, nang una kong makatagpo ang mga Pentecostal. At isang napakalaking aral iyon para sa akin. May nakita akong dalawang lalaki, ang isa'y… Hindi pa ako nakarinig ng pagsasalita ng iba't-ibang wika noon. Ang isa'y nagsalita ng ibang wika; ang isa pa'y nagpaliwanag nito, at nagpapalitan sila. At totoo rin ang sinasabi nila na;, "Marami sa mga naririto ang dapat magsisi ngayong gabi. Mga babae at mga lalaki. " At magtatayuan ang mga tao at lalapit sa altar. Sa loob-loob ko, "Napakaluwalhati!"

22 At sa pamamagitan ng munting kaloob na galing sa Espiritu Santo, kinausap ko ang mga lalaking iyon, gaya ng alam n'yo, ang pagkilala ng haka ng puso, isang munting paraan para ko malaman. At ang isa sa kanila'y isang tunay na Cristiano. At isa siyang tunay na lingkod ni Cristo. At ang isa nama'y mapagpaimbabaw. At ang isa sa kanila, yaong mapagpaimbabaw, ay may asawang babaeng itim ang buhok, at mayroon siyang kinakasamang babaeng kulay-mais ang buhok, at may mga anak siya rito. Buweno, kitang-kita ko iyon sa pangitain, hindi iyon maikakaila. At kinausap ko siya tungkol doon. Tumingin siya sa akin at lumibot siya sa gusali.

23 Ngayon, nalito talaga ako. Inakala kong mga anghel ang napuntahan ko, ngunit nang mangyari iyon, nag-isip ako, hindi kaya mga demonyo ang nasamahan ko. Paano nangyayari iyon? Hindi ko maunawaan. Sa loob ng maraming taon ay iniwasan ko iyon, hanggang isang araw kung kailan… Si George Smith, ang kasintahan ng anak kong babae, Nagpunta kami, kahapon sa lumang kiskisan kung saan ako nagtutungo para manalangin. At matapos namingsa manatili roon ng dalawang araw, ay ipinaalala sa akin ng Espiritu Santo ang kasulatang ito: " Sapagkat ang ulan ay madalas pumapatak sa lupa upang patubuin nito ang mga halaman, datapuwat ang mga tinik at dawag ay nabubuhay din naman sa ulang iyon, at ang kahihinatnan ng mga ito ay ang sunugin." "Nabubuhay sa pamamagitan ng nagbibigay-buhay na bukal na nagmumula sa Diyos. Noon ko iyon naunawaan ko na sa pamamagitan ng…. sinabi ni Jesus, "Sa kanilang mga bunga ay makikila sila."

24 Ngayon, kung gayon, ang pagpatak ng ulan sa natural na halaman ng lupa ay isang tipo ng Espirituwal na ulang nagbibigay ng Walang Hanggang Buhay, na pumapatak sa iglesia; sapagkat tinatawag natin itong unang ulan at huling ulan. At ito'y isang ulan, ang pagbuhos ng Espiritu ng Diyos sa Kaniyang iglesia.

25 Pansinin, narito ang isang di-pangkaraniwang bagay. Kita n'yo? Nang ang mga binhing iyon ay tumubo sa lupa, paano man sila naparoon, ito'y mga tinik sa umpisa pa lang. Subalit, doo'y may mga trigong umusbong… At ang mga halaman ay gayon na sa simula pa lamang. At ang bawat halaman ay muling namumunga ng kauri nito, nagpapakitang ito'y nasa orihinal na pasimula. 38 " Ano pa't ililigaw nila, kung maari, pati ang mga Hinirang, "sapagkat iisang ulan ang tinatanggap nila, iisang pagpapala, nagpapakita ng magkatulad na tanda, magkatulad na kababalaghan. Kita n'yo? Dadayain nila, o tatangkain nilang dayain ang Hinirang kung maaari lang." Ngayon, walang magagawa ang isang tinik kundi maging isang tinik, at gayundin ang trigo, kundi maging isang trigo; ang Manlilikha ang nagtakda ng bawat isa sa panimula. Iyon ang Hinirang. Iisang ulan!

26 Ang araw ay sumisikat sa umaga at lumiliwanag sa sangkalupaan, gaya ng ginawa nito sa lupa at sa araw na kinabubuhayan natin. At ang araw—ang araw na sumisikat sa silangan ay siya ring araw na lumulubog sa kanluran. At ang araw na ito ay pinasisikato upang hinugin ang mga butil sa ibabaw ng lupa, at ito ang bumubuo sa ating mga mga katawan.

27 Nabubuhay tayo dahil sa mga patay na bagay, iyan lang ang tanging paraan para ika'y mabuhay. At kung may kailangang mamatay araw-araw para mabuhay ka sa natural, hindi ba't totoo rin na kung ang iyong—iyong katawan ay nabubuhay sa pamamagitan ng mga patay na bagay sa natural na buhay, kung gayon kailangang may isang Bagay na mamatay sa ispirituwal upang maligtas ang iyong ispirituwal na buhay. At ang Diyos ay naging materyal, laman, at namatay upang tayo'y mabuhay. Walang anumang iglesia, o iba pang bagay sa mundo ang makapagliligtas sa'yo maliban sa Diyos. Iyon lang ang kanilang ikinabubuhay. "

Ngayon ay tunghayan natin ang mga Kasulatan. Si Jesus ang Salita. "Sa pasimula'y ay ang Salita… At ang Salita ay nagkatawang tao at nanahang kasama natin. Sa pasimula ay ang Salita… At ang Salita ay sumasa Diyos. At ang Salita ay nagkatawang tao at nanahang kasama natin." "At ang tao ay hindi nabubuhay sa tinapay lamang (para sa pisikal), kundi sa bawat Salitang namumutawi sa bibig ng Diyos." Kung gayo'y kita n'yo, nabubuhay tayo sa Salita, at iyon ay ang Diyos.

28 Ngayon ang araw ay sumisikat at pinahihinog ang mga butil. Ngunit, hindi niya ito mapapahinog kaagad-agad. Habang ito'y gumugulang, unti-unti itong nahihinog hanggang sa marating nito ang hustong gulang. Ganito rin ang nagaganap ngayon, sa Iglesia. Nagsimula ito sa paggiging sanggol, sa madilim na kapanahunan kung saan nasa ilalim ito ng lupa. Gumulang na ito ngayon. At ganap na natin itong nakikita, kung paanong ang Diyos sa pamamagitan ng kalikasan ay laging…

Hindi mo maaaaring baguhin ang takbo ng kalikasan. Iyon ang problema natin ngayon. Naghuhulog tayo ng mga bomba doon sa karagatan, sinisira ito at pinapasabugan ng mga bomba atomika. Lalo mo lang inuuka ang lupa sa tuwing maghuhulog ka ng bomba doon. Putulin mo ang mga puno, sasalantain ka ng mga bagyo, harangan mo ang mga ilog, at ito'y aapaw. Dapat mong hanapin ang paraan ng Diyos sa paggawa ng mga bagay at manatili ka roon. Atin nang nadinomina ang mga tao sa loob ng iglesia at sa mga organisasyon; tingnan n'yo ang napala natin. Manatili ka sa inilaang paraan ng Diyos para dito.

29 Ngunit kita n'yo, isinusugo Niya ang ulan (balik tayo sa ating paksa) sa ganap at sa di-ganap. Sinasabi sa inyo ni Jesus ngayon sa Mateo 24 na ito'y magsisilbing isang tanda sa huling kapanahunan. Ngayon kung ang tandang ito'y malalantad lamang sa huling panahon, kung gayo'y kailangang maganap ito pagkatapos mabuksan ang mga Tatak na iyon. Kita n'yo? Ito'y isang tanda ng katapusan. Kung gayon, kapag ito'y nagaganap na, ay panahon na ng wakas. At ito'y magiging isang tanda, ngayon, upang ang mga Hinirang ay hindi magulumihanan sa mga bagay na ito. Nakita nyo? Kung gayo'y dapat itong mabunyag, maisiwalat.

30 Pansinin. Ang trigo at panirang damo ay kapuwa nabubuhay sa iisang pagkapahid mula sa langit. Kapuwa sila nagbubunyi dahil Dito. Naalala ko ito, balikan natin ang pangyayari sa araw na iyon doon sa Green's Mill. Na—nakita ko ang pagdating ng isang pangitain, at may isang malaking bukirin, at ito'y ganap ng nabungkal. At unang dumating doon ang isang Manghahasik. Nais kong ipagdiinan ito sa inyo. Masdan ninyo kung ano ang unang lumabas at kung ano ang kasunod nito. Habang ang Lalaking ito na nakaputi ay lumilibot sa bukirin, na naghahasik ng binhi, sa Kaniyang likuran ay may dumating na isang lalaking naka-itim, napakatuso niyang tignan, lihim na sumusunod sa Kaniya at naghasik ng panirang damo. At habang nangyayari iyon, ay nakita kong kapuwa sila nagsitubo. At sa kanilang pag-usbong, ang isa'y trigo at ang isa'y panirang damo.

At dumating ang tagtuyot, na nang, sa pakiwari ko, kapwa sila nakayuko at humihingi ng ulan. Pagkatapos ay may dumating na isang malaking ulap sa bukid, at bumuhos ang ulan. At tumindig ang trigo at nagsabi, "Purihin ang Panginoon.Purihin ang Panginoon. " At tumindig din ang mga panirang damo at nagsisigaw, " Purihin ang Panginoon. Purihin ang Panginoon." Iisang resulta, kapwa sila naghihingalo, kapwa sila malapit nang pumanaw. Pagkatapos ay tumayo ang trigo at nauhaw. At dahil nasa iisang bukid sila, iisang halamanan, iisang lugar, sa ilalim ng isang daluyan, tumubo ang trigo at tumubo din ang mga panirang damo sa pamamagitan ng iisang ulan. 46 Pansinin. Ang iisang pinahirang tubig na

nagpatubo sa trigo, ay siya ring nagpatubo sa panirang damo.

31 Ang Espiritu Santo na nagpapahid sa iglesia, na nagbibigay sa kanila ng pagnanasa na magligtas ng mga kaluluwa, na nagbibigay sa kanila ng kapangyarihang magpamalas ng mga himala,ay pumapatak kapuwa sa mga hindi matuwid at sa matuwid: ang iisang Espiritu. Ngayon, hindi mo ito maaaring ibahin at pagkatapos ay maunawaan mo ang Mateo 24:24. Sinabi Niya, "May magsisilitaw na mga bulaang cristo," mga bulaang pinahiran, pinahiran ng tunay na Espiritu, gayon ma'y mga bulaang propeta Nito, mga bulaang guro Nito. Ano'ng magtutulak sa isang tao para magnasang maging isang bulaang guro ng isang bagay na Katotohanano? Ngayon, tutungo tayo sa tatak ng hayop sa ilang sandali, at makikita ninyo na iyon ay denominasyon. Kita n'yo, kita n'yo? Mga bulaang guro, bulaang pinahiran, pinahirang mga cristo, ngunit mga bulaang guro. Ito lang ang tanging paraan maunawan ninyo ito.

32 Katulad nang noong minsan. Sinabi ko ito… Uulitin ko itong muli dahil naka hooked-up tayo sa buong bansa. Isang araw ay kausap ko ang isang kaibigan (at nakikinig sila ngayong umaga sa Arizona). At mayroon siyang isang—isang taniman ng citrus. At mayroon siyang isang—puno ng orange doon na namumunga ng suha, kahel, tangerine, at mga tangelos, at nakalimutan ko na kung ilan pang iba't-ibang uri ng prutas ang nasa iisang punong iyon. At ang sabi ko sa—sa lalaking iyon; sabi ko, " Paano nangyari ito? Ano bang uri ng puno iyan?" Ang sabi niya, " Ang punong iyan ay puno ng orange." Ang sabi ko, " Bakit namumunga ito ng suha? Bakit namumunga ito ng mga kahel?" Aniya, "Hinugpong ang mga ito rito." Ang sabi ko, "Kaya pala. Buweno ngayon," sabi ko, "ngayon, sa susunod bang taon kapag muling namunga ang punong iyan,mamumunga ba iyan ng ibang uri ng prutas (at karaniwang sabay-sabay silang nahihinog),"

sabi ko, "Kung gayon ang ibubunga nito ay puro na lang mga orange, hindi po ba?" Ang sabi niya, "Hindi po. Ang bawat hinugpong na sanga ay namumunga ng kauri nito." Sabi ko, "Ang ibig mo bang sabihin, ang sanga ng kahel na iyan ay mamumunga ng kahel mula sa punong iyan ng orange?" Ang sabi niya, "Opo." " Mamumunga ba ang suha ng suha sa punong iyan ng orange?" Sabi niya, "Opo. Iyan ang kalikasan ng sangang iyan na inihugpong dito." Ang sabi ko, "Papuri sa Diyos!" Aniya, "Ano'ng ibig mong sabihin? " Ika ko, "Isa pang tanong. Ngayon, makapamunga pa kayang muli ang puno ng orange na iyan ng mga orange?" Ang sabi niya, "Kapag nag-usbong ito ng isa pang sanga." Kapag nag-usbong ito ng isa pang sanga, hindi kapag may inihugpong na sanga dito. Datapuwat, lahat ng mga iyon ay pawing mga bungang citrus, at nabubuhay sila sa buhay ng citrus na nasa puno ng citrus.

33 Ang sabi ko, "Iyon pala. Ang mga Methodist ay laging mamumunga ng mga Methodist sa tuwina. Ang mga Baptist ay laging mamumunga ng mga Baptists. Ang mga Catolico ay laging mamumunga ng mga Catolico. Subalit ang iglesia ng buhay na Diyos ay mamumunga ng Cristo mula sa ugat, ang Salita sa tuwina, kung ito ay mag-uusbong ng Sarili Nitong mga sanga."

34 Ngayon, maari mo itong ihugpong doon. Kita n'yo? Bawat suha, kahel, tangelo, o tangerine, anumang uri ng bungang citrus ang mga iyon, bawat isa sa kanila'y maaaring mabuhay sa punong iyon, datapuwat mali ang ibinubunga nilang patotoo ng punong iyon, datapuwat nabubuhay sila sa punong iyon. Nakikita ba ninyo ito? Sila'y nabubuhay at lumalago sa tunay na buhay na nasa punong iyon. Ngayon, hayan ang Mateo 24:24, Nabubuhay sa iisang buhay, datapuwat lihis na sila sa pasimula pa lang. Mali ang patotoo nila tungkol sa punong iyon. Puno iyan ng orange. Gayon man ay isang puno iyon ng citrus. At ang sabi nila, "Ang iglesiang ito, ang denominasyong ito ay nagdadala ng aral ni Cristo." At pagkatapos ay mali ang bautismo, bulaang saksi ng Salita, pinagpipilitang sabihing ang kapangyarihan ng Diyos ay para lamang sa mga alagad? Si Jesus mismo ang nagsabi, "Humayo kayo sa buong sanlibutan at ipangaral ang Ebanghelyo sa bawat sanga—puno na mamumunga, sa bawat sangang uusbong sa puno. At ang mga tandang ito ay lalakip sa mga tunay na sanga." Saan? Habang ang mga ito ay nananatiling isang Puno, habang ito ay patuloy na nag-uusbong ng mga sanga, hanggang sa wakas ng sanlibutan. "Magpapalayas sila ng mga demonyo sa Aking Pangalan, magsasalita ng bagong wika, mangagsisihawak ng mga ahas, mangagsisiinom ng lason, magpapatong ng mga kamay sa mga maysakit, at sila'y magsisigaling." Kita n'yo ang oras na kinabubuhayan natin? Nakikita ba ninyo kung ano ang sinabi ni Jesus?

35 Alalahanin ninyong ito'y magaganap sa huling panahon, hindi noong panahon ni Wesley, at sa iba pang nagdaang panahon. Ngayon, sa huling panahon ito magaganap. Ngayon, ay masdan ninyo ang mga Kasulatan; hayaan ninyong ang mga Iyon ang magpatunay. Ang sabi ni Jesus, "Saliksikin ninyo ang Kasulatan, sapagkat sa pamamagitan nito'y inyong iniisip (o pinaniniwalaan) na kayo'y may Buhay na Walang Hanggan, at Sila ang Siyang magpapatunay sa Akin." Sa ibang pangungusap, "kung ang punong ito ay mag-uusbong ng panibagong sanga.." "Ako ang—ang Baging, ang Puno; kayo ang mga sanga; ang sumasampalataya sa Akin , ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin din naman niya." San Juan 14:12.

36 Ngayon , "Ang nananahan sa Akin, siyang nasa Aking Ugat mula sa pasimula…" Iyan ang dahilan kung bakit si Jesus ay kapuwa ang Ugat at Supling ni David. Nauna Siya kay David, Siya ay na kay David at pagkatapos ni David, kapwa Ugat at Supling ni David, ang Tala sa Umaga, ang Rosa ng Sharon, at ang Lila ng mga Libis, Simula at Wakas, Ama, Anak, at Espiritu Santo. Sa Kaniya nananahan ang Kapuspusan

ng Pagka-Diyos, sa kahayagan ayon sa laman." Kapwa Ugat at Supling ni David. "Siya ang hinirang na Buhay, ang predistinadong Buhay na nasa Akin (at Siya ang Salita mula sa pasimula), kapag siya ay lumitaw, magtataglay siya ng Aking mga bunga." San Juan 14:12. Datapuwat ang iba'y mabubuhay din naman sa gayunding bagay, tatawagin ang kanilang mga sariling Cristiano at mga mananampalataya. Hindi lahat ng nagsasabi, "Panginoon, Panginoon," ay makapapasok. Ngayon, magaganap ito at maipamamalas sa mga huling araw kung kailan ang mga hiwaga ng Diyos ay magaganap. (gaya ng tatalakayin natin maya-maya).

37 Ang mga punong ito—ang tunay na baging at ang huwad na baging… Narinig na ninyong akong nangaral tungkol diyan noon pa man—ilang mga taon na ang nakaraan, kung paanong magkasama silang tumubo. Dinala natin iyan sa mga indibidwal at ipinakita natin iyon, mula kay Cain at Abel, ang dalawang baging na nagtagpo sa isang altar, kapuwa sila relihiyoso, kapuwa sila pinahiran, kapuwa sila naghahangad ng buhay at sumasamba sa iisang Diyos, at ang isa ay tinanggihan at ang isa ay tinanggap. At ang tanging kaibahan niyaong tinanggap kumpara sa kaniyang kapatid, ay dahil ipinahayag iyon sa kaniya, dahil sinabi ng Biblia, " Sa pamamagitan ng pananampalataya (Hebreo ika-11 kabanata) —sa pananampalataya si Abel ay naghandog sa Diyos ng lalong mabuting hain kaysa kay Cain, na sa pamamagitan nito'y sinaksihan ng Diyos na siya'y matuwid." Ang sabi ni Jesus (ang ispirituwal na kapahayagan kung Sino Siya), "Ano baga ang sabi ng mga tao kung sino ang Anak ng tao?" Ang sabi niya, sabi ni Pedro, "Ikaw ang Cristo, ang Anak ng Diyos na buhay." "Mapalad ka, Simon—Simon, anak ni Jonas; sapagkat hindi ito ipanahayag sa iyo ng laman at dugo. Ang Aking Ama na nasa langit ang nagpahayag nito. Sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesia." Ano? Ang tunay na kapahayagan ng Salita. Hayan na naman ang Tunay na Baging. "Si Abel, sa pananampalataya…

Sasabihin mo, "Hindi iyan isang kapahayagan."

38 Ano ba ang pananampalataya? Ang pananampalataya ay isang bagay na ipinahayag sa iyo, hindi pa ito nagaganap, ngunit naniniwala kang ito'y magaganap. Ang pananampalataya ay isang kapahayagan ng kalooban ng Diyos. Kaya sa pamamagitan ng kapahayagan…

At ang mga iglesia sa araw na ito ay ni hindi makapaniwala sa espirituwal na kapahayagan. Naniniwala sila sa isang makadogmang katuruan ng kung anong sistema. "Sa pamamagitan ng kapahayagan si Abel ay naghandog sa Diyos ng lalong mabuting hain kaysa kay Cain, at sinaksihan ng Diyos na siya ay matuwid. "Amen. Umaasa akong nakikita n'yo iyan. Kita n'yo kung saan tayo nabubuhay, nakikita ba ninyo ang oras? 54 Kausap ko ang isang—isang maginoong lalaki hindi pa katagalan, isang iskolar na Cristiano at maginoong lalaki . Aniya, "Ginoong Branham, tinatanggihan namin ang lahat ng mga kapahayagan."

39 Sabi ko, "Kung gayon ay kailangan mo ring tanggihan si Jesus Cristo, dahil Siya ang kapahayagan ng Diyos, ang Diyos na ipinahayag sa laman." Malibang makita mo ito, ay mapapahamak ka.

Ang sabi ni Jesus, "Malibang sumampalataya kayo na Ako nga Siya, mangamamatay kayo sa inyong mga kasalanan. " Siya ang kapahayagan ng Diyos, ang Espiritu ng Diyos na ipinahayag sa anyo ng tao. Kung hindi mo iyan magawang sampalatayanan, napahamak na kayo. Kapag ginawa ninyo Siyang ikatlong persona, ikalawang persona, o anumang persona maliban sa Diyos, napahamak na kayo. "Malibang sumampalataya kayo na Ako nga Siya, mangamamatay kayo sa inyong mga kasalanan." Isang kapahayagan.

40 Hindi nakapagtatakang hindi nila Siya makita, "Walang sinumang makakalapit sa Akin malibang palapitin siya ng Aking Ama. At ang lahat ng

ibinigay sa Akin ng Ama (na nasa mga ugat), ay lalapit sa Akin." Kita n'yo? Nakukuha ba ninyo? Oh, dapat lang natin Siyang ibigin, sambahin, purihin, na nakikita natin ang pagkahinog ng bunga ng Epiritu sa Punong Nobya sa pinakadulo ng panahon.

41 Ang tunay at huwad na baging, iisang pagkapahid ang nasa kanila. Ang tubig ay pumatak sa kanilang dalawa. Hindi kataka-takang binalaan Niya tayo, na dadayain nito ang pinaka hirang, kung maari lang. 58 Pansinin. Magkahawig sila; iisang pagkapahid ang nasa kanila. Ngunit pansinin, "Sa kanilang bunga…" Paano mong nalaman? Paano mo malalamang hindi ito isang orange? Sapagkat ang ibinubunga nito ay suha. Ang baging na iyan ay mabuti; nakakabit iyon sa puno; datapuwat ang ibinubunga niyan ay suha. Hindi iyon katulad ng una. At kung sasabihin ng isang iglesia na sila'y sumasampalataya na si Jesus Cristo, ay Siya ring kahapon, ngayon at magpakailanman, pagkatapos ay itinatanggi ang Kaniyang kapangyarihan, itinatanggi ang Kaniyang mga gawa, ang Kaniyang Salita… Kung—kung… Ang iglesIang naniniwala kay Jesus Cristo ay gagawin ang mga gawa ni Jesus Cristo, tataglayin niya ang Buhay na ni Jesus Cristo. At kung hindi… Kahit pa ang buhay ay bumubuhos sa kanya, kung hindi ito predistinado mula sa mga ugat, mamumunga ito ng kahel palagi o iba pa .Ngunit kung ito'y ang predistinadong Buhay mula sa Ugat, ibubunga nito si Jesus Cristo, na Siyang kahapon, ngayon at magpakailanman, kung iyo'y Salitang nagmula sa Ugat, kung saan Siya ang Ugat, ang pasimula ng panahon.

42 Pansinin. Ang kanilang mga ibinubunga ang siyang nagsasabi ng kaibahan. "Sa kanilang bunga," sabi ni Jesus, "makikilala ninyo sila." Hindi makapamimitas ng mga ubas ang tao sa dawagan kahit na ang mga dawagan ay naroon din sa puno ng ubas. Maaaring posible iyan, subalit ang bunga ang makapagsasabi nito. Ano ang bunga? Ang Salita para sa—bunga para sa panahon; ito nga iyon, ang kanilang mga katuruan. Ang katuruan ng ano? Ang mga katuruan ng mga panahon, anong panahon ito—makataong aral, makadenominasyong aral, sa halip na Salita ng Diyos sa kapanahunan. Ngayon… napakabilis ng oras, at maaari tayong gumugol ng mahabang oras diyan , ngunit natitiyak kong kayong mga naririto, at natitiyak kong kayong mga nakikinig sa buong bansa, ay nakakaunawa sa nais kong sabihin sa inyo, dahil wala tayong sapat na panahon para talakayin ito.

43 Datapuwat makikita ninyo na ang Pagkapahid ay dumarating din sa mga di-matuwid ,sa mga bulaang guro at nagbubunsod sa kanilang gawin ang mga bagay na hindi ipinagagawa sa kanila ng Diyos; ngunit ginawa pa rin nila ito, Bakit? Wala silang magagawa rito. Paanong ang dawag ay mag-iibang anyo kundi maging dawag? Kahit na gaano pa karaming ulan ang ibuhos mo rito, magiging dawag pa rin ito. Iyan ang dahilan kung bakit sinasabi ni Jesus na sila'y magiging magkahawig na magkahawig na anupa't ililigaw ang mga hinirang (na naroon sa mga ugat), kung maari. Ngunit hindi ito maaari. Walang magagawa ang trigo kundi mamunga ng trigo; iyon lamang ang ibubunga niya

44 Pansinin. Alalahanin ninyo, hindi ang Diyos ang may-akda ng organisasyon. Ang diablo ang may akda ng organisasyon. Pinatunayan ko na iyan sa pamamagitan ng Salita ng paulit-ulit, hindi na natin tatalakayin iyan ngayong umaga. Alam nating hindi kailanman binuklod ng Diyos ang mga tao sa isang organisasyon na tulad niyan. Daan-daang taon ang lumipas matapos mamatay ang huling alagad, bago sila nakapagtatag ng isang organisasyon. Sa bawat pagkakataon ay napatutunayang ito'y isang kabiguan. Kung hindi, bakit hindi natin magawang magsama-sama sa pag-ibig ngayon, ang Methodist, Baptist, Presbyterian, Catolico, at lahat na? Bakit hindi lumalakip sa atin ang mga gawa ng Diyos, kung gayon, bakit bawat iglesia ay sa isang bagay, ang Salita? Ang mga bagay na iyon na nagiging sanhi ng pagkakahiwalay ng mga tao, ng magkakapatiran…

45 Ngayon, ang sabi sa atin, "At ang mga pangyayari noon ay naganap bilang mga halimbawa, para sa ating ikatututo, sa pagsaway, sa pagsansala; na ang mga pangyayari sa Lumang Tipan ay naganap, umaanino para makita natin kung ano ang magaganap sa Bagong Tipan sa ating panahon. Gaya ng, kung hindi mo pa nakita ang iyong kamay at tumingala ka at nakakita ka ng isang anino sa dinding (gaya ng kamay ko kapag tinatamaan ng liwanag), kung mayroon itong limang daliri sa anino, sa negatibo—at ilalapit mo ang iyong kamay, na siyang positibo, palapit—palapit sa negatibo, kailangang maging lima rin ang daliri. Gaya ng sinasabi sa atin ng Biblia, na, " ang Lumang Tipan ay anino, at tipo, ng mga bagong bagay, o ng mga bagay na darating, hindi ang bagay na iyon mismo, kundi ito'y isang anino, isang tipo ng mga bagay na darating.

46 Balikan natin at tignan natin kung nangyari ang mga bagay na ito sa ibang kapanahunan (Gusto ba ninyo?) nang sa ganoon ay malaman natin at mapatunayan ito ng pabalik-balik, sa pamamagitan ng Salita, hindi sa pamamagitan ng mga ideya ng tao, o ng kung anong teoriya. Kahit sino pa siya, sinumang tao, maging ako man, o sino pa man, "kung mangungusap siya ng hindi ayon sa Kautusan at mga Propeta, ay walang Liwanag sa kaniya." Kita n'yo? Iyan ang sabi ng Biblia, "Ang salita ng tao ay kasinungalingan at ang sa Akin ay katotohanan," sino man siya.

47 Ngayon, magbalik tayo at nang malaman natin kung nangyari nga ba iyon, upang makapagpakita sa atin ng halimbawa.

Maaari nating balikan ang Aklat ng Exodo at pag-usapan natin ang isang tauhang nangangalang Moises, na isang pinahirang propeta , isinugo ng Diyos, taglay ang Salita ng Diyos at ang kalooban ng Diyos para sa kaniyang saling-lahi. Dahil ang Salita ng Diyos ay laging tumatakbo ng tuloy-tuloy, sinabi Niyang wala Siyang gagawin malibang ipahayag muna Niya ito sa Kaniyang mga lingkod na propeta. Saka pa lang Niya gagawin iyon. Ngayon, hindi Siya maaaring magsinungaling. Hindi Siya maaaring magsinungaling at manatiling Diyos. Hindi po. Kailangan Niyang manatiling tapat. Walang anumang kasinungalingan sa Kaniya. Siya'y… At hindi Niya ito maaaring baguhin Iyon. Kung gagawin Niya iyon, ay hindi Siya Diyos; Nagkamali Siya. Kailangan maging infinite Siya. At ang infinite ay hindi maaaring magkamali. Kita n'yo? Kaya't anumang sabihin ng Diyos, iyon ay mananatiling tama magpawalang-hanggan. Kita n'yo? At ipinangako Niya iyon. Kaya't masdan n'yo. Walang anumang bagay sa Biblia, ang hindi sumusunod sa pagkakatuloy-tuloy nito.

48 Ngayon, ang Diyos ay nangako kay Abraham na ang kanyang binhi ay magiging isang dayuhan sa—sa ibang lupain sa loob ng apat na raang taon; pagkatapos ay ilalabas Niya sila sa pamamagitan ng isang dakilang kamay ng lakas at kapangyarihan, ipamamalas ang Kaniyang mga tanda at kababalaghan sa mga taong kanilang nanahang kasama nila. Ang oras ng pangako ay nalalapit na. Nakaligtaan na ng mga tao ang tungkol doon. Sila'y may mga Fariseo, at Saduceo at iba pa, mga denominasyon; ngunit bigla na lang dumating ang Diyos, nag-iisa, hinugot mula roon, inilabas, inilayo sa kanilang lahat. Ang Diyos, kailanman, sa anumang pagkakataon, ay hindi tumawag ng propeta mula sa isang denominasyon (Hindi, po.);

masyado na siyang napilipit. Hindi niya kayang gawin iyon . Kailangan niyang manatili sa denominasyong.

49 Si Moises, isang lalaking isinugo mula sa Diyos, taglay ang Salita ng Diyos… At naglalakbay siya, dinadala ang bayan ng Israel sa lupang pangako, mahigpit na sumusunod sa utos ng Diyos, nakatagpo niya ang isa pang propeta, isa pang pinahiran na nagtataglay ng tunay na pagkapahid ng siya ring Espiritu Santo na nakay Moises. Tama iyan. Isa siyang propeta. Ang Espiritu Santo ay nasa lalaking iyon. Ang pangalan niya ay Balaam. Kilala natin siyang lahat. Buweno, ang lahat ng mga bagay—magkatulad—ang mga bagay—ang mga bagay na sinalita ng lalaking iyon ay patuloy pa ring nagaganap, mga dalawampu't walong daang taon na ang lumipas—" Tulad ka sa isang unicorn , oh Israel . Ang sinumang magpapala sa iyo ay pagpapalain; ang sinumang sumumpa sa iyo ay susumpain. Malakas ka at makapangyarihan. Matuwid ang iyong mga tahanan Oh Jacob!" Kita n'yo, hindi niya mapigilan ang sarili niya. Naparoon siyang ang layunin ay sumpain ang bayang iyon.

50 O, kayong mga bulaang guro, na nakikinig sa mga tapes na ito sa loob ng napakaraming taong nagdaan at nakikita ninyong pinatutunayan ng Diyos ng tamang-tama ang Kaniyang mga sinabi, at nauupo kayo sa inyong silid-aralan at nalalaman ninyong ito'y Katotohanan, at dahil lang sa inyong makadenominasyong pagkakaiba, ay pinamamalian ninyo ang mga iyon at sinasabi ninyo sa mga tao na hindi ganoon iyon. Sa aba ninyo! Nalalapit na ang oras ninyo.

51 Si Balaam, may pahid din ng Espiritung nakay Moises… Ano ang kaibahan? Ang katuruan ni Moises ay sakdal. Sinabi ng Biblia dito sa Ikalawang Pedro na ang katuruan daw ni Balaam ang tinanggap ng Israel at hindi sila panatawad ng Diyos: kasalanang walang kapatawaran! Wala ni isa man sa kanila ang naligtas, bagama't lahat sila ay lumabas sa ilalim ng mga pagpapala ng Diyos at nakita nila ang kamay ng Diyos na makapangyarihang kumikilos sa pamamagitan ng Kaniyang makapangyarihang propetan at nakita nilang talagang binibindika iyon ng Diyos , at dahil lang may isa pang propetang dumating na may dalang salungat na katuruan, at nakipaglaban kay Moises, at sinikap niyang patunayan sa mga tao na mali si Moises…

At sina Dathan , Kore, at marami sa kanila ang sumang-ayon sa kaniya at tinuruan nila ang bayan ng Israel na magkasala ng pangangalunya, at mahumaling sa organisasyon, na "Magkakatulad naman tayong lahat." "Kung tayo man ay Metodista, Baptist, Presbyterian, o Pentecostal, at anuman iyon, magkakapareho lang tayong lahat." Hindi tayo magkakatulad. Kayo ay bayang naibuklod, banal sa harapan ng Panginoon, nakalaan sa Salita at sa Espiritu ng Diyos upang magkamit ng Kaniyang pangako sa araw na ito. At hindi kayo kabilang sa kanila. Alam kong napakatigas niyan, ngunit iyan pa rin ang Katotohanan. Nakalaan kayo para sa paglilingkod sa Kaniya sa mga huling araw na ito… "Magsilabas kayo riyan."

52 Ngayon, ang katuruan ni Balaam… Hindi ang hula ni Balaam, walang masama roon; iyon ay sa Diyos. Ilan ba ang naniniwala roon? Ang hula ni Balaam ay tamang-tama sapagkat hindi Niya magagawang mangusap ng iba. Ang pahid ng Diyos ay di mangungusap ng iba. At binindika iyon ng Diyos sa pamamagitan ng pagpapatunay na iyon ay Katotohanan. Ngunit ang katuruan ni Balaam ang mali. Ngayon, ihambing ninyo iyan sa Mateo 24:24.

Mga pinahiran, ngunit mali ang kanilang katuruan, ang trinity at ang lahat ng bagay na gaya no'n. Mali, anti-cristo! Sana'y hindi nasasaktan ang inyong mga damdamin, at huwag ninyong papatayin ang mga telepono ninyo, at huwag kayong tatayo at lalabas. Umupo lang kayo riyan, at tignan natin kung hindi ipapahayag sa atin iyan at patutunayan sa atin ng Espiritu Santo. Sasabihin mo, "Ngunit iyan ay…" Kahit ano pa ang paniniwala mo, maupo ka lang diyan at makinig, at hilingin mo sa Diyos na buksan Niya ang puso mo, diyan mo malalaman kung ikaw ba ay isang dawag o isang tinik, o anuman ang iyong kinatatayuan. Kita n'yo?

53 Ngayon, maging si Judas, nakatalaga siya sa kahatulan, nakaupong kasama ni Jesus, at sinabi sa kanya ni Jesus, "Ikaw iyon. At anuman ang nais mong gawin anuman ang kailangan mong gawin, ay gawin mong madali. " Nalalaman niya kung ano ang ginagawa niya, ngunit dahil sa tatlumpong piraso ng pilak at katanyagan ay ipinagkanulo niya ang Panginoong Jesus Cristo: isa siya sa mga alagad Niya, ang ingat-yaman ng iglesia, tinawag siya ni Jesus na Kaniyang kaibigan. Kita n'yo? Ang sabi ng Biblia, "Isinilang siya upang ,maging anak ng pagsuway, gaya rin naman ni Jesus na isinilang na Anak ng Diyos. "Dadayain mahging ang mga hinirang kung maari lang."

54 Pansinin ninyong maigi sa pagpapatuloy natin ng ating pag-aaral. Kukuha tayo ng isa pang halimbawa dito sa Aklat ng mga Hari. May isang—isang propeta, at ang pangalan niya ay Micheas. Anak siya ni Imla, at siya'y isang propeta. Propeta siya. At mayroon ding isa pang propeta, ang pinuno ng samahan ng mga propeta: mga pinahiran. At ang sabi ng Biblia ay "mga propeta," gaya rin naman sinabi Niya na si Balaam ay isang propeta: mga pinahiran. At isa sa kanila ay nagngangalang Micheas na pinahiran ng Diyos at sinugo ng Diyos, taglay ang Salita ng Diyos . Naroroon din si Sedechias, na nag-aakalang isinugo siya ng Diyos. Pinahiran siya ng Diyos ngunit ang katuruan niya ay salungat sa Salita ng Diyos. "Magsisilitaw ang mga bulaang cristo, magpapamalas ng mga dakilang tanda, dadayain pati na ang

Hinirang kung maari."

55 Pansinin, kapuwa sila, kapuwa sila may pahid. Ngayon, paanoninyo malalaman kung sino ang tama at kung sino ang mali? Masdan ninyo kung ano ang ipinangako ng Salita kay Ahab. Ang propetang nauna sa sa kaniya, si Elias, isa sa pinakadakilang propeta ng kapanahunang iyon, isa siyang binindikang propeta, at sinabi ng bindikadong propetang iyon na "Dahil ginawa ni Ahab ang kasamaang ito, ay hihimurin ng mga aso ang kaniyang dugo(ang pagpatay kay Naboth), at lalapain ng mga aso si Jezebel at ang - ang katawan niya ay magiging dumi sa mga parang. Ngayon, papaano mo pagpapalain ang isinumpa ng Diyos? O paano mo susumpain, gaya ng sinabi ni Balaam, ang pinagpala ng Diyos? Kita n'yo? Ngunit ang mga propetang ito'y sinsero. Walang alinlangan na sila'y mabubuting tao, mga taong kagalang-galang, dahil para maging isang propeta sa Israel, kailangang kang maging kagalang-galang, o kahit pa nga karaniwang Israelita ka lamang. Babatuhin ka kung hindi. Sila'y mga kagalang-galang na tao. Matatalino sila. Mga edukadong tao sila. Pinili sila ni Ahab sa buong bansa (Nakikita mo ba iyon, Sister Wright?) - ang hinirang ng bansa, karapatdapat para sa…?...

56 At ngayon, nang makita ni Micheas ang kanyang pangitain, batid niya sa puso niya kung ano ang sinabi ng Salita, ngunit nais niyang makita kung ano ang sasabihin ng Espiritung nasa kaniya. Kaya't sinabi nila sa kaniya; anila, "Salitain mo ang kaparehong bagay na sinasabi ng mga propetang ito. At kung gagawin mo iyon, aba'y, tatanggapin ka naming muli sa aming samahan, walang duda." Kita mo? Gagawin ka naming kaisa. Ibabalik ka namin sa aming denominasyon. Ika'y… Alam naming ikaw ay isang propeta, ngunit lagi kang nagsasalita ng mga bagay na mapanumpa. Lagi mong sinusumpa si Ahab. Ngayon si Sedechias, ang hepe (ang papa o ang—kung sino man siya), Ngayon, binabasbasan niya si Ahab, at sinabing, 'Humayo ka't gawin mo.' Ngayon, iyon na rin ang sabihin mo Imla. Ab, eh, isang kang mahirap na tao; halos ay wala ka ngang kongregasyon, at ang kongregasyon ng mga lalaking ito ay milyun-milyon. Kakampi nila ang buong bansa. Ngayon, sabihin mo lang kung ano ang nasabi na nila. At makikita mo kung anong mangyayari sa iyo, ka—kakain ka ng yaman ng lupain." Nagkamali siya ng taong kakausapin.

57 Ano kaya't kung sinabi nila, " May nakikita ka bang pagkukulang kay Sedechias, Micheas?" "Wala." "Nahuli mo na ba siyang nagkakasala?" " Hindi." "Narinig mo ba siyang nakipagtalo kaninuman?" "Hindi." "Nahuli mo ba siyang naglalasing?' " Hindi." " Kaya mo bang pamalian ang kanyang pinag-aralan?" "Hindi." "Sa palagay mo ba ay huwad ang titulo niya bilang isang dalubhasa?" "Hindi." "Naniniwala ka bang angpagkakaroon niya ng titulong Ph.D ay mabuti?" "Oo, mula sa konseho ng Sanhedrin,sa awari ko'ymula lahat iyon sa konseho, sa palagay ko ay mabuti iyan."

"Buweno, kung gayon, bakit hindi ka makisama sa kaniya?" "Dahil lihis siya sa Salita." "Buweno, kailangang magkaroon sila ng harapan kung gayon." Gaya ng kay propetang Elias bago pa iyon. At kung ikaw ay anak ng Diyos, mananatili ka sa Propeta ng Biblia. Iyon ang Salita.

Pansinin ninyo ang oras, ang panahon.

58 Buweno, paano kaya kung sabihin ni Sedechias, "O, alam kong sinabi iyan ng propeta, ngunit iya'y para sa darating na salinglahi; matagal pa iyon." "Ang sabi niya, " Maghintay lang kayo hanggang sa magkaroon ako ng isang pangitain mula sa Diyos, at saka ko na sasabihin sa inyo." Anila, "Kung gayon ba ay ganoon na rin ang sasabihin mo?' Ang sabi niya, " Sasabihin ko lang kung ano ang sasabihin ng Diyos, wala ng iba pa, walang dagdag. Hindi ko maaaring dagdagan Iyon ng isa mang Salita." Kaya kinagabihan, ay dumating ang Panginoon sa kaniya sa isang pangitain. Lumabas siya kinaumagahan; aniya, "Mayroong…" 79 Hayan ang dalawang propeta…

59 Ang pinakadakilang lalaki sa buong bansa, sa hukbong sandatahan at sa paningin ng buong bansa, ay si Sedechias. Siya ang punong propetang pinili ng hari. Ginawa siyang pinuno ng lahat sa kanila ng kaniyang organisasyon; marahil ay siya ang pinaka-maraming nabasa, pinaka-mataas ang pinag-aralan sa lahat, pinakakarapat-dapat para sa posisyon. At may pahid siya ng Espiritu Santo, dahil siya'y tinawag na propeta. Siyanga. Hindi lang isang karaniwang propeta, siya'y isang propetang Hebreo. Ngayon, masdan ninyo siya.

60 Ang sabi ni Sedechias, " Nangusap sa akin ang Panginoon, ' Igawa Mo Ako ng dalawang sungay na na yari sa bakal,' isang sagisag, karaniwang nagbibigay ng mga sagisag ang isang propeta. "Ang sabi niya, ' Gumawa ka ng mga sungay na yari sa bakal.' Sinabi sa akin ng Espiritu Santo, "Dalhin mo ang mga ito… 'Ang pagkapahid na bumasbas sa akin (Huwag ninyong isiping ito'y isang—kalapastanganan, ngunit para lang linawin ang aking punto.)— ang Espiritu Santo na nangungusap sa ibang wika sa pamamagitan ko, Siya na nagbindika sa akin, sinabi Niya, "Kunin mo ang mga sungay na ito at sa pamamagitan nito, sabihin mo sa hari na kanyang itutulak ang Syria palabas ng bansa. At isasauli Ko sa kaniya ang lupaing dapat lang na maging pag-aari ng Israel, ang iglesia." Kapatid, napakapundamental niyan, gaya rin nang si Balaam ay naroroon sa itaas. Kasing pundamental ni Moises si Balaam, kung pagiging pundamental ang pag-uusapan. Si Moises… Ang tamang bilang ng Diyos ay pito. At ang sabi ni Balaam, "Igawa mo ako ng pitong altar,—pitong malilinis na hain, guyang baka, at pitong tupang lalaki." Iyo'y nangungusap sa

pagdating ng Anak ng Diyos. Kung sa pagiging pundamental, kasing tama siya ng sinuman sa kanila.

61 At heto si Sedechias na tama rin sa pundamental na kaparaanan. "Dahil ang lupang ito ay atin. Aba, ang mga Siriano at mga Pilisteong iyon ay nagpapakabundat sampu ng mga anak nila at iba pa, ang ating kaaway, sa mga pagkaing hindi natitikman ng ating mga anak, samantalang ibinigay ng Diyos sa atin ang lupaing ito." Kapatid, napakagandang pangangatuwiran niyan. Marahil ay maaari niyang ipagsigawan iyon sa Israel, at makasisigaw sila hanggang sa kaya nila. Ngayon, ang ipangungusap ko ay ang ngayon, ha sana ay nasusundan n'yo ako. Lahat ng sigawan at hiyawan…

62 Naaalala n'yo ba si David noong nakaraang Linggo? Kita n'yo? Kayong mga nakikinig sa radio, o diyan sa telephone hook-up, kung hindi ninyo nakuha ang mensahe nung nakaraang Linggo, tiyakin ninyong makuha iyon. "Ang Pagsisikap na Maglingkod sa Diyos Nang Labas sa Katalagahan ng Diyos." Kahit gaano pa katapat , o kabuti; walang pasubaling hindi iyon tinatanggap ng Diyos. Kita n'yo?

Ngayon, heto si Sedechias na nag-aakalang siya'y tama.

63 Sabi ni Micheas, "Hayaan n'yong tanungin ko ang Diyos." Kaya nanaog siya kinabukasan taglay ang ITO ANG SABI NG PANGINOON. Sinuri niya ang kanyang pangitain sa pamamagitan ng Salita. 84 Ngayon, kung sana ay sinabi niya kay Zedechias, "Alam mo ba kung ano ang sinabi ng propeta ng Biblia na magaganap sa lalaking ito?"… "Ngunit hindi sa pagkakataong ito, dahil ang lalaking ito'y isang kagalanggalang." Nagsisikap siya (Huwag na hindi ninyo ito makuha.)—sinisikap niyang ibalik sa iglesia ang mga bagay na pag-aari ng iglesia. Nagsisikap siyang maibalik ang mga pag-aari nito. Hindi ang mga ispirituwal na bagay; dahil kung gayon, baka nagawa niyang yanigin ang buong bansa na gaya ng ginawa ni Elias, subalit ang pinagsisikapan niyang ibigay sa kanila ay ang mga materyal na bagay: "Sa atin ang pag-aaring iyan. 85 Isa tayong malaking organisasyon. Kabilang tayo rito. Tayong lahat—ang lahat sa inyo, kayong mga Protestante, dapat ay umanib kayong lahat sa amin." Darating tayo riyan sa ilang sandali. "Tayo'y magkakapatid na lalaki at babae naman." Hindi. Hindi, noon pa man at hindi kailanman sa mga totoong iglesia ng Diyos. Hindi maari.

64 Pansinin ninyo, nakita niya ang pangitain. Kaya't sinabi niya, "Nangusap ang Diyos sa akin." Ngayon, tignan n'yo, tapat ang taong iyon. Aniya, "Sabi Niya, 'Gumawa kayo ng mga sungay, at umahon kayo roon sa harap ng hari at tumulak kayong pakanluran (o kung saan mang direksiyon naroroon ang lupain mula sa kinaroroonan nila.)… Tumulak kayomo at iyan ay ITO ANG SABI NG PANGINOON na magtatagumpay siya at makababalik, isang, tagumpay para sa iglesia, ' maitataboy niya sila." Napakalapit noon, hindi ba? Ano ang mali? Dumating si Micheas. Ang sabi, "Ngayon, ikaw naman ang magbigay ng hula." Ang sabi, "Sumampa kayo. Ngunit nakita ko ang bayan ng Israel na tulad sa mga tupa, na nagpangalat, walang pastol." Whew. Talagang salungat na salungat.

65 Ngayon, kayo ang kongregasyon. Ngayon, alin ba ang tama? Parehong silang propeta. Ang tanging paraan upang malaman ang kaibahan sa kanila ay suriin ito sa pamamagitan ng Salita. Aniya, "Paano mong nakuha ito?" Sabi niya, " Nakita ko ang Diyos na nakaupo sa isang luklukan." Aniya, Nakita ko ang kapisanan sa palibot Niya." 89 Ngayon, alalahanin, kakasabi lang ni Sedechias na nakita rin niya ang Diyos sa pamamagitan din naman ng iisang Espiritu. "Nakita ko ang Diyos. Inutusan Niya akong gumawa ng mga sungay na yari sa—yari sa bakal. Humayo ka roon at itulak mong palabas ang bayang iyon, dahil pag-aari natin ito. Walang karapatan ang iba rito." Magagawa sana nila iyon, kung nanatili lamang sila sa Diyos, dapat sana'y napasa kanila iyon, subalit lumayo sila sa Diyos. Ganiyan ang nangyari sa organisasyon, sa iglesia. May karapatan ito sa mga bagay na ito, ngunit nadaya kasi kayo, dahil lumayo na kayo sa Salita ng Diyos at sa Espiritu ng Diyos, sa pagkapahid, upang ibindika ang Salita para sa kapanahunang ito. Huwag nawa kayong mabigong kunin ang Mensaheng ito.

66 Pansinin kung ano ang nangyari ngayon,. Sabi niya, "Nakita ko ang Diyos," Nakita talaga ni Micheas, "nakaupo sa isang luklukan sa langit. Nakapalibot sa Kaniya ang Kaniyang konseho. Sabi Niya, "Sino'ng maaari nating isugo upang dumaya kay Ahab upang matupad ang mga sinalita ni Elias, ang Aking propeta na binindika. Nangusap Akong siya'y darating. At taglay ni Elias ang Aking Salita. At ang langit at lupa ay lilipas, subalit ang Aking Salita ay hindi lilipas. Hindi mahalaga kung maging gaano sila kamoderno, o kung gaano man sila maging mabuti, o kung gaano man kataas ang pinag-aralan nila, o kung gaano man sila kalaki, ang Salita Ko'y hindi kukupas.' At isang mandarayang espiritu ang umakyat mula sa impyerno , lumuhod, at nagsabi, Kung pahihintulutan Mo lamang ako, ibibigay ko sa kanila ang aking pahid, makagagawa sila ng anumang uri ng tanda o kababalaghan, basta't mailabas ko lamang sila sa Salita. Ni hindi niya malalamang iyon ay ang Iyong Salita. Babalewalain niya Ito para sa katanyagan. (Kapatid, ang panahon ay hindi nagbago. Brother Neville, tama iyan. Tandaan mo, iyo'y totoo.) Papasok ako sa kaniya, ipagagawa ko sa kaniya ang mga bagay na ginagawa ng iba sa kanila . Papapanghulain ko siya at pagsasalitain ng kasinungalingan." Paano ito magiging isang kasinungalingan? Dahil ito'y salungat sa Salita.

67 Tanggapin mo ang alinman sa mga maling bautismong ito, bulaang si ganito-si ganito at-si ganiyan, hindi mahalaga kung gaano ito katotoo sa pandinig, kung gaano nila sikaping manggaya, ito'y

kasinungalingan kung ito'y salungat sa Salita ng Diyos sa oras na ito. Tamang-taman iyan. Sasabihin mo, "Buweno ang aming… Buweno, ginawa namin ito, at ginawa namin iyan, at…" Hindi mahalaga kung anuman iyon; kung ito'y salungat sa nakasulat na Salita para sa oras na ito, iyo'y kasinungalingan. Walang kinalaman ang Diyos dito. Kahit gaano pa kasinsero, ka-edukado, katalino, gaano man katotoo sa pandinig, gaano man kapani-paniwala, kung ito'y salungat sa Salita sa oras na ito… Tayo'y pupunta riyan ng mas malalim-lalim sa ilang minuto, kung ipapahintulot ng panahon. Kung hindi, tatalakayin natin itong muli mamayang gabi.

68 Pansinin. Siya'y sinsero, mabuting lalaki, walang duda. At sinabi niya… At sa kabaligtaran, sinabi ni Micheas sa kaniya (hindi tahasan sa mukha nito kundi sa ibang salita), " Ika'y pinahiran ng isang ispiritung sinungaling." Hindi ba't isang bagay iyun na dapat sabihin sa isang obispo? Subalit ginawa niya ito.

Kaya't ang obispong ito'y tumindig at nagsabi, "Hindi ka na kailanman magkakaroon ng pakikisama sa amin," at sinampal siya sa mukha; aniya. "Alam mong ako'y isang bindikadong lalaki. Ginawa akong pinuno rito ng aking iglesia. Ang popular na boto ng mga tao ng Diyos ang naglagay sa akin dito. Ang organisasyon ko ang gumawa nito sa akin. At ibinigay sa amin ng Diyos ang lupaing ito, at inilaan Niya ito para angkinin namin. At ako'y may ITO ANG SABI NG PANGINOON." Sinampal siya at sinabi, " Saan pumunta ang Espiritu ng Diyos ng iwan ako Nito?"

Sinabi ni Micheas, "Malalaman mo isa sa mga araw na ito kapag ang California ay nakita mong nasa ilalim na ng dagat," at maraming ganitong mga bagay. Kita n'yo? " Makikita mo kung saang daan Ito tumungo kapag nakaupo ka na sa kaloob-looban ng kulungan."

69 Ngayon, Ahab, ano'ng sasabihin mo? " Naniniwala ako sa aking propeta," sabi niya. Ano kaya kung sinasaliksik lamang niya ang Salita? Kita n'yo, hindi niya nais makita ang sarili niya na isinumpa. Pakinggan n'yo ako. Hindi niya gustong makita ang sarili niya na isinumpa; walang taong may nais niyan. At mga kapatid ko sa organisasyon, iyan ang problema sa inyo. Gusto ninyong isiping tama kayo, gayong batid n'yo sa inyong puso na kapag nagbautismo kayo na gamit ang pangalan ng Ama, Anak, Espiritu Santo ikaw ay— nagsisinungaling. Alam mong kapag ikaw ay nanghula—sinasabi ang mga bagay na iyong ginagawa, at kumuha ng paunang mga katibayan, at lahat ng gayong bagay, ikaw ay mali. Paanong ang unang katibayan ay pagsasalita ng iba't-ibang wika at pagkatapos ay mangungusap ng taliwas sa pangako ng Diyos sa oras na ito? Paano ito mangyayari? Hindi mo nais ang sumpa, hindi ba? Ngunit dito'y nasusulat; kaya't ito'y magiging gayon. Iyan ang tanda ng hayop, napakalapit na ililigaw nito ang mga hinirang kung maaari.

70 Bawat tanda , bawat kababalaghan, mga lalaking pinahiran, hula, lahat ng uri ng mga bagay na nagaganap, lahat ng uri ng mga tanda, lahat ng uri ng mga kababalaghan, paano mo masasabi ang pagkakaiba? Masdan mo ang Salita para sa oras na ito. Ganiyan mo makukuha…

Masdan ninyo si Moises, kung paanong dapat sana'y sinabihan niya si Balaam, masdan n'yo si Micheas dito, paano natin nalamang tama siya? Ang Salita ay nasa harap niya at nagawa niyang ihula iyon kay Ahab

71 Ang sabi ng Biblia, "Sa bibig na dalawa o tatlong saksi ay pagtibayin ang bawat salita." Nangusap ako tungkol kay Balaam. Nangusap ako tungkol kay Balaam at Moises. At nangungusap na ako ngayon tungkol kay Micheas at Zedechias. Ngayon, ay magbibigay ako ng isa pa, at daan-daan ang mga iyon, ngunit isa pa para mabuo ang tatlong saksi. Mahaba ang listahan ko rito; ngunit magtitipid tayo sa oras…

Si Jeremias ay binindika, itinakwil ng lipunanm ngunit isa siyang bindikadong propeta ng Diyos, kinamumuhian nila ang taong iyon. Binabato nila siya ng hindi, hi-… bulok na prutas at lahat ng iba pa, at sinumpa niya sila. At ang mga bagay na ginawa niya, at nahiga siya roon ng patagilid, at mga bagay-bagay at nagbigay siya ng mga tanda na mali ang bayan ng Israel. Bawat propeta, tunay na propeta na lumitaw sa lupao ay sumumpa sa lahat ng mga maka-denominasyong organisasyon sa sanlibutan. Paanong babaguhin iyon ng Diyos na hindi nagbabago? 100 Ang Espiritu Santo ang Propeta ng oras na ito. Siya ang bumibindika ng Kaniyang Salita, pinatutunayan iyon. Ang Espiritu Santo ang Propeta noong panahon ni Moises. Ang Espiritu Santo ang Propeta sa panahon ni Micheas. Ang Espiritu Santo na Siyang sumulat ng Salita ay dumating at nagpapatunay sa Salita.

72 Ngayon, ano ang nangyari sa panahon ni Micheas? Napatay si Ahab at hinimod ng mga aso ang dugo niya ayon sa Salita ng Diyos. Sa inyong lahat na mga bulaang guro, ganito ang sabi ng Diyos, balang araw ay aanihin ninyo kung ano ang hinasik ninyo, kayong mga bulag na taga-akay ng kapuwa bulag! Hindi ako galit. Sinasabi ko lang sa inyo ang isang Katotohanan. At hindi ko sasabihin ito rito, kung hindi sinabi ng Espiritu Santo roon sa silid, " Sabihin mo ito sa ganiyang paraan." May sinabi na ba ako sa inyo na nagkamali, at maliban sa pinatunayan ng Diyos na tama? Gumising na kayo mga kapatid, bago pa maging huli ang lahat.

73 Ngunit hayaan ninyong sabihin ko ito. Paanong magagwa ng isang tinik ang magising at maging isang

dawag, samantalanag nakatalaga siyang magkagayon? Paanong hindi ito makikita ng Hirang? Samantalang hinirang sila upang makita iyon. "Lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay magsisilapit," ang sabi ni Jesus, "ngunit walang sinuman sa kanila ang makakalapit malibang ipinagkaloob ito sa Akin bago pa itatag ang sanlibutan, nang ang mga pangalan nila ay masulat sa Aklat ng Buhay ng Kordero,' hindi sa isang talaan ng iglesia, kundi sa Aklat, Aklat ng Buhay ng Kordero.

74 Pansinin ninyo, Si Jeremias ay tumayo, binindika sa harap ng mga tao, gayon ma'y kinamuhian nila siya. 104 Kaya't lumabas siya at gumawa ng isang pamatok,gumawa siya, at inilagay iyon sa kaniyang leeg, at humarap siya sa mga tao. Ang sabi nila, "Oh, kami ang dakilang bayan ng Diyos. Abat, kami ang bayan ng Israel. Napakatapat namin sa aming mga sinagoga; Linggo-linggo ay dumadalo kami; naghahandog kami ng mga hain, at nagbibigay kami ng salapi. Paanong magagawang hawakan ni Nabucodunosor ang mga banal na bagay na Diyos? Hah! Ang mga kasalananan ninyo ang naging sanhi nito. Ang sabi ng Diyos, "Kung tutuparin ninyo ang Aking mga Utos, ay hindi ko gagawin ito; ngunit kung hindi, ay mangyayari iyan sa inyo." Tamang-tama iyon. Gano'n pa rin. Tuparin ninyo ang Kaniyang mga Utos, ang Kanyang Salita para sa oras na ito, kung ano ang Kaniyang ipinangako.

75 Ngayon, pansinin. Ngayon, si Jeremias sa pamamagitan ng kalooban ng Dios, isang binindikang propeta, bagama't kinamumuhian… Bawat isa sa kanila ay kinamuhian sa kani-kanilang kapanahunan. Nagsigawa sila ng kakatwang bagay na taliwas sa denominasyon ng araw na iyon, kinamuhian sila ng lahat, maging mga hari at lahat ng iba pa. Kaya't naglagay siya ng isang—isang pamatok sa kaniyang leeg, at nagsabi, "ITO ANG SABI NG PANGINOON, aabutin kayo roon ng pitumpong taon." Sapagkat may kaunawaan siya mula sa Salita ng Diyos: pitumpong taon.

76 Pagkatapos ay si Hananias, Hananias yata ang bigkas ninyo dito, H-a-n-an-i-a-s. Hananias, isang propeta sa gitna ng mga tao, ay lumapit, inalis ang pamatok sa leeg ni Jeremias, at binali iyon, at ang sabi, nagpasikat siya sa harap ng mga tao (Kita n'yo?) samantalang nangungusap iyon ng salungat sa Salita ng Diyos… At ang sabi niya, "Pagkaraan ng dalawang taon ay makababalik sila, ITO ANG SABI NG PANGINOON." Dalawang pinahirang propeta. Ano ang kaibahan nila? Ang isa ay nangusap ng Salita at ang isa naman ay hindi. Ang sabi ni Jeremias, "Amen."

77 Sa harap na ng lahat ng matatanda, at ng kongregasyon, sa buong bayan ng Israel, kita n'yo, nais niyang ipakita na maari siyang maging kasing-dakila ni Jeremias. "Alam mo, ayaw naman talaga nila sa iyo eh, Kaya't ako man ay isa ring propeta. Higit pa nga akong propeta kaysa sa iyo, sapagkat ang inihuhula mo ay isang kasinungalingan. Sasabihin mo pa sa akin na ang bayan ng Diyos ay mapapasailalim sa mga ganoon-at-gianyang mga bagay." Iyan ang sinasabi nila ngayon, ngunit doon pa rin ang kahahantungan mo, bilang isang iglesia. Isinumpa ko ng isang sumpa. Sa inyong lahat na mga iglesia, mga denominasyon na nananangan sa tradisyon ng tao sa halip na Salita ng Diyos, isinumpa na kayo ng Diyos.

78 Ngayon, pansinin, heto na siya, hinablot ni Hanania ang pamatok sa leeg niya, isang sagisag ng Diyos, binali iyon, at nagsabi "ITO ANG SABI NG PANGINOON, pagkaraan ng dalawang taon ay makababalik na sila." Para lang magpasikat, Ako si ganito-at-ganoon." Sapagka't nakatayo siya sa loob, isa siyang maka-organisasyong propeta.

Si Jeremias ay isang taong-ilang na namumuhay mag-isa. Lagi siyang nanghuhula ng masama laban sa kanila, 'pagkat masasama sila. At sinasabi sa kanila ng lalaking ito, "O, mabuti ang lagay mo hangga't kasapi ka… Hangga't ika'y kabilang sa bayan ng Israel, iyon lang ang kailangan. (Kita n'yo?) Ikaw ay… Hindi gagawin ng Diyos ang gayon. Alam kong may kaunting nangyari roon, ngunit huwag kayong mangamba; huwag kayong matakot." O, kapatid, naririto pa rin sila hanggang ngayon." Huwag kayong mag-alala, mabuti ang lahat. Kontrolado natin ang lahat ng bagay. Tayo ang iglesia." Hindi ninyong isipin iyan. Siyanga.

79 Kaya ang sabi niya, " Lahat ay nasa mabuting kalagayan. Magbabalik sila pagkalipas ng dalawang taon. Maliit na bagay lang ang nangyaring iyon; nangyayari iyon. Naparito lang si Nabucodonosor, ngunit aayusin lahat ito ng ating Diyos." Ngunit sinabi na ng Salita na mananatili sila roon ng pitumpong taon, hanggang saang salinglahing iyon ay matapos na pati na ang isa pang salinglahi… Apatnapung taon ang haba ng isang salinglahi. "Halos dalawang salinglahi kayong mananatili roon," at sinabi iyon ni Jeremias ayon sa Salita ng Dios.

Binali iyon ni Hananias! Sabi ni Jeremias, " Mabuti. Amen. Ngunit Hananias, alalahanin natin ito; kapuwa tayo propeta. Mga ministro tayo. At sinasabi ko rito sa iyo, kapatid ko: Alalahanin natin na may mga propetang nauna sa atin, at nagsipanghula sila laban sa mga kaharian, at nagsipanghula sila tungkol sa mga bagay-bagay. Ngunit alalahanin n'yo, anumang salita ng propeta, dapat siyang manghula ayon sa Salita. Gaya ni Micheas, at ni Moises, at lahat ng iba pa sa kanila. Dapat ay ayon iyon sa Salita. Kung hindi, alalahanin mo kung ano ang nangyayari."

80 Pagkatapos, si Hananias, sa tindi ng galit ay tumayo, "Ako si Hananias, ang propeta ng Panginoon, at sinasabi ko dalawang taon." Sa ibang salita. "Hindi mahalaga sa akin kung ano ang sinasabi ng Salita," ang pagkapahid niya. " Sinasabi ko, dalawang taon lang, at magbabalik sila."

Lumayo si Jeremias sa kaniya, lumabas siya at nagsabi, "Panginoon, kahit ano pa ang sabihin niya; naniniwala pa rin ako at nalalaman ko na gayon ang sinabi ng Salita, mananatili akong tapat sa Iyo. Hindi ako padadaya sa kaniya.

Ang sabi ng Diyos, " Humayo ka't sabihin mo kay Hananias, "Gagawin kong yari sa bakal, ang kasunod na pamatok." Dahil sa ginawa niya yaon, inalis siya sa balat ng lupa, namatay si Hananias sa taong ding yon. Hayun ang mga halimbawa natin: pareho silang propeta. Naparami pang maaaring sabihin at pag-usapan sa oras na ito.

81 Ngunit masdan. Sinabi ni Jesus na sa huling kapanahunang ito, ang dalawang espiritung ito ay muling magiging magkahawig. Tama ba 'yon? Ngayon, pansinin. Mas magiging hawig iyun sa huli kaysa noong una; ito ang huling panahon. O, mga anak. Mahabag nawa ang Diyos sa Atin. Hanggang sa, magiging napakatotoo nito hanggang sa dadayain nito ang pinaka Hirang kung maaari. Ngayon, paano mo—paano ba natin nakilala iyon noong mga kaarawang iyon? Paano mo bang makikilala iyon ngayon? Ganoon pa rin, manatili kayo sa Salita: Si Jesus Cristo ay Siya rin kahapon, ngayon at magpakailanman." Ngayon, ingatan ninyo ang lahat ng Mensaheng ito. At kapag pinakikinggan ninyo ang tape, at marahil ay mawawala na ako pagdating ng araw kung tapos na ang Panginoon sa akin dito sa lupa, babalikan ninyo ito. Makinig kayo sa aking tinig, sa kung ano ang sinasabi ko sa inyo. Sakali mang kunin Niya ako bago maganap ang Kaniyang pagdating, alalahanin lang ninyo, nangusap ako sa inyo sa Pangalan ng Panginoon sa pamamagitan ng Salita ng Panginoon. Siyanga.

82 Pansinin. "Magiging magkahawig ito na dadayain nito ang Hinirang kung maaari, makagagawa ito ng gayon ding mga tanda, gayon ding mga himala sa pamamagitan ng iisang Espiritu. Tama ba iyan? Gaya ng mga propetang kakatapos lang nating pag-usapan, mga propeta. Ngayon, nasusulat din naman…

Tunghayan natin ito, para sa isang ito, kung nais ninyo, II Timoteo 3. Huwag nating iwan ang isang ito. At ayaw kong…

Tinitignan ko ang orasan iyon sa itaas, at na—nais kong laktawan ang marami rito, at sa palagay ko'y hindi natin dapat gawin ito ngayon. Kita n'yo? Pansinin. Kung nakatayo man ako rito't pinagpapawisan, kita n'yo, masaya naman ako. At alam kong itoy totoo. II Timothy 3:8.

83 Si Pablo, ang lalaking nagsabi, "Anghel mang mula sa langit ang dumating at mangusap ng anumang Salita sa inyo, na labas sa aking sinalita, masumpa siya." Ngayon, isang anghel man ang bumaba. Iyan ay sa II Tesalonica... O, ipagpaumanhin n'yo.

Pansinin n'yo sa Ikalawang Timoteo 3:8. Masdan n'yo ang pananalita ni Pablo ngayon. Magsimula tayo sa gawing… Magsimula tayo sa umpisa ng talata at makinig kayong maigi ngayon. Kayong may mga hawak na Biblia, sabayan n'yo ako sa pagbasa. Kayong mga walang Biblia, makinig kayong mabuti. Ang… Datapuwa't alamin mo ito, na sa huling araw… (Guhitan n'yo 'yan, mga "huling araw," diyan iyan magaganap.) … ay darating ang mga panahong mapanganib. Sapagkat ang mga tao'y magiging maibigin sa kanilang sarili, maibigin sa salapi, mayayabang, mga mapagmalaki, mapagtungayaw, masuwayin sa mga magulang, mga walang turing, mga walang kabanalan.

84 Tingnan n'yo ang mga lupong nasa atin ngayon. Bulok na, maging ang mga kalalakihan doon sa lansangan, mga kabataang lalaki, sinusuklay ng pababa ang buhok sa noo nila na parang naka- bangs na tulad sa kababaihan. Pangbabaluktot! Mga Sodomita.

Nabasa ba ninyo sa taong ito—ang labas ng "Reader's Digest" sa buwang ito? Sinabi roon na ang mga Amerikano sa edad na, at wari ko iyon ay sa pagitan ng dalawampu at dalawampu't limang taong gulang, ay nasa gitnang gulang na. Tapos na sila. Bulok na sila. Ang agham ang maysabi niyan, na ang lalaki'y na sa gitnang edad na, pati na ang mga babae, samantalang lampas lang ng kaunti sa gulang na dalawampu. Labis nang nabulok ang kanilang mga katawan at nilamon na ng karumihan.

85 Oh, America, gaano kadalas na nais kang kubkubin ng Diyos, ngunit ngayon ay dumating na ang oras mo. Pinamumunuan mo ang mundo sa karumihan. … mga mapagtungayaw, mga masuwayin sa mga magulang, mga walang turing, mga walang kabanalan, Walang katutubong pag-ibig,… (Walang tunay na pag-ibig maging parat sa isa't-isa, lalaki sa babae, babae sa lalaki, wala kahit katutubong pag-ibig: marurumi, seksuwal.) … mga walang paglulubag, mga palabintangin, mga walang pagpigil sa sarili, mga mababangis, hindi maibigin sa mabuti, Sa ibang salita, mga nagsisipagsabi, "Kayong mga lupon ng holy roller." May nagtanong noong isang araw kung paano raw ba siyang makararating dito sa iglesia, ang sabi, "Huwag kayong pupunta roon; wala nang ginawa ang mga iyon kundi mag-ingay at magwala." Kita n'yo? "Mga hindi maibigin sa mga bagay na iyon." Mga lilo, mga matitigas ang ulo, mga palalo, mga maibigin sa kalayawan kaysa sa mga maibigin sa Dios; (Baka sabihin mo, " Brother Branham, mga komunista ang mga iyan. Ano ang sabi sa kasunod na talata?)

Na may anyo ng kabanalan,… (ngunit ano?)… datapuwa't tinatanggihan ang kapangyarihan nito… (Ang Salita, si Jesus Cristo ay siya pa ring kahapon, ngayon at magpakailanman naipamamalas ang

pangako para sa araw na ito…) Katulad na katulad ni Hananias, katulad na katulad ni Sedechias, katulad na katulad ni Balaam, at ang lahat ng iba pang nauna, ang iba pang mga bulaang propeta. na may anyo ng kabanalan,… (Pinahiran. Kita n'yo? Na may anyo, pinahiran, inordinahang mga ministro)… na may anyo ng kabanalan, datapuwa't tinanggihan… (Na siya ay tulad noon, ngayon, at… tinatanggihan ang Kaniyang Salita.) Ngayon, paano ba nila tinanggihan si Jesus sa araw na iyon? Sino ba ang tinanggihan nila ng tanggihan nila si Jesus? Ang Salita. Mga relilhiyoso sila. Hinango nila ang turo nila mula sa Biblia ngunit tinatanggihan nila ang pangkasalukuyang panahong Salita. Ano ba sila ngayon? Ganoon pa rin, pinahiran, nangangaral ng Ebanghelyo ng Pentecostes, subalit tinatanggihan ang pangkasalukuyang araw na pangako ng Salita na kasalukuyang nabibindika: Si Jesus Kristo na Siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Nakikita ba ninyo ito? Sapagkat sa mga ito ang nanggagapang sa mga bahay, at binibihag… ang mga babaeng haling na lipos ng mga kasalanan, hinihila ng mga iba't-ibang pita, "Ang ating mga sewing party at ang ating mga ganito-at ganoon." May isang darating at pipiliting pilipitin ang Salita, at ang sabi, "Walang masama sister, kung maikli ang buhok mo. Huwag mong papansinin ang hangal na iyon."" Kita n'yo? " O kaya nama'y, kung—kung isusuot mo ito… Hindi naman mahalaga iyan, eh, ang lumalabas sa puso ng tao ang totoong nakapagpaparumi sa kanya" Kita n'yo? At napagtatanto ba ninyo na kayo ay napapinahiran ng masama, mahalay, at maruming espiritu? Kahit ka pa kumanta sa koro, ngunit maikli ang iyong buhok, ikaw ay may masamang ispiritu. Iyan ay salungat sa Salita. Tama. Iyan ang sabi ng Biblia. At sasabihin mo pa, "Buweno, nagsusuot ako ng shorts, hindi naman ako kinukunsensiya." "Ang sinoman… Kung magsusuot ang babae ng kasuotang panlalaki, karumal-dumal iyan sa paningin ng Diyos. Ang hindi nagbabagong Diyos ang nagsabi niyan.

86 O, napakaraming bagay, maaari nating isa-isahin ito. Ngunit alam na ninyo kung ano ang tama at mali. At paano ko silang pasusunurin? Paano kong gagawin iyon? Sasabihin mo, " Buweno, ano ba ang ipinagsisigawan mo riyan?" Saksi ako laban sa inyo. BaIang araw, sa Araw na Paghuhukom, wala kayong sulok na mapagkukublihan.

87 Paanong mapipigil iyon ni Micheas? Paanong magagawa iyon ni Moises, sumisigaw siya, sinisikap na pigilin iyon, at si Josue kasama ang iba pa ay kasalamuha ng mga tao, at hinugot pa nga ni Levi ang tabak niyaat pinaslang sila? Nagpatuloy pa rin sila.

Naihula na, na gagawin nila iyon, at gagawin nga nila iyon; dahil ITO ANG SABI NG PANGINOON gagawin nila iyon. Sa palagay ba ninyo ay magkakawatak-watak ang mga denominasyong iyon, at magbabalik ang kanilang mga denominasyon sa Salita? ITO ANG SABI NG PANGINOON, hindi nila gagawin iyon. Papanig ba sila sa Anti-cristo? Tamang-tama, ito'y ITO ANG SABI NG PANGINOON na gagawin nila. Kaya't ano ba ang sinasabi mo?" Kailangan kong sumaksi at gayundin naman kayo. Lahat ng mananampalataya. Masdan. … babaeng haling… na lipos ng mga iba't-ibang pita,

88 "Ginagawa ito ng mga ibang babae" Mga bulaang propeta. Ngayon, makinig. Tinutokoy ko ang mga bulaang propeta. Ngayon ano ang gagawin nila sa huling panahon? Pangunahan ang mga babaeng linlang, ibuyo sa mga ibat ibang kalaswaaan.

Buweno, alam kong ang lahat ng ibang kababaihan… Mga bulaang propeta. Ngayon makinig kayo. Mga bulaang propeta ang ipinapangusap ko. Ngayon, ano ang gagawin nila sa huling araw? Aakayin ang mga haling na babae, aakayin, palayo sa ibat-ibang tawag pita ng laman. " Buweno, batid kong ang iba pang mga babae…" Sige, humayo ka.

Ano ba ang sinabi ko bago maganap ang malaking kaganapang ito sa—sa California?" Kayong mga taga-rito sa Los Angeles, taun-taon sa tuwing magbabalik ako ay lalong dumarami ang mga babaeng maiikli ang buhok at mga lalaking mukhang bakla kaysa noong una, mas maraming mangangaral ang umaanib sa organisasyon. Wala kayong maidadahilan. Kung ang makapangyarihang gawa na ginawa sa inyo ay ginawa sa Sodoma at Gomorra, nakatayo pa rin marahil iyon hanggang ngayon. O, Capernaum, ikaw na tumatawag sa iyong sarili sa pangalan ng mga anghel, Los Angeles." Nakikita ba ninyo kung ano ang nangyayari? Lulubog siya sa kailaliman ng dagat. Kailan? Hindi ko alam kung kailan ito magaganap, ngunit lulubog ito. Kayong mga kabataan, kung hindi ko man makita iyon sa aking panahon, ay magbantay kayo; tapos na siya. Na siyang nagsisipag-aral,… at kailanpaman ay hindi nakarating sa pagkakaalam ng katotohanan. Ngayon, ito ang nakagigitla, ito ang bahaging nakagigitla. Pakinggan ninyo ito. At kung paanong si James at Jambres ay nagsisilaban kay Moises, ay gayon din naman ang mga ito'y nagsisilaban sa katotohanan: mga taong masasama ang pag-iisip, mga itinakuwil tungkol sa pananampalataya… (Na minsang nagligtas sa mga banal) … tungkol sa pananampalataya. ("At kaniyang isasauli ang pananampalataya ng mga magulang—o ng mga anak sa mga magulang.)

89 Mga itinakwil tungkol sa pananampalataya… Ah! Alam ba ninyo kung ano ang kahulugan ng itinakuwil? Kung Scofield ang Biblia ninyo, may "h"diyan. Ang sabi riyan ay, " Apostasy" isang pagtalikod. Iyon nga iyan.

90 Ngayon, sandali lang. Nais kong tunghayan ang isang bagay dito. Sa palagay ko'y tama ang apagkakasulat ko nito. Hindi ko nakatitiyak, ngunit nais kong sabihin iyon, at hahanapin ko muna iyon

bago ko—bago ko sabihin. Ngayon, sandali lang. [May patlang sa tape—Ed.] Mga itinakuwil tungkol sa katotohanan, tungkol sa pananampalataya, ang pananampalataya. Iisa lang pananampalataya. Tama iyan, tungkol sa pananampalataya, mga itinakuwil. Ngayon nais kong basahin ang Lucas 18. Sandali lang. Hindi ninyo kailangang isulat ito; hindi n'yo na kailangan basahin. At sinalita niya sa kanila ang isang talinghaga, na sila'y dapat magsipanalanging lagi, at huwag… mangalupaypay; Na sinasabi—na sinasabi, May isang hukom sa isang bayan, na hindi natatakot sa Dios, at walang taong pinagpipitagan: At sa bayang yaon ay may isang babaeng bao; at siya'y napaparoong madalas sa kaniya, na sinasabi, Iganti mo ako sa aking kaalit. At may ilang panahon na siya'y tumanggi—siya'y tumanggi; datapuwa't pagkatapos ay sinabi sa kanyang sarili, bagaman hindi ako natatakot sa Diyos, at walang taong pinagpipitaganan; Gayon man, sapagkat naliligalig ako ng balong ito, igaganyi ko siya, baka… baka niya ako bagabagin ng kapaparito. At sinabi ng Panginoon, Pakinggan ninyo ang sinabi ng likong hukom. At hindi baga igaganti ng Diyos ang kaniyang… mga hirang, na sumisigaw sa kaniya—sa araw at gabi, at siya'y may pagpapahinuhod sa kanila? Sinasabi ko sa inyo, na sila'y madaling igaganti niya. Gayon ma'y pagparito ng Anak ng Tao, makakasumpong kaya siya ng pananampalataya sa lupa?

91 Ngayon, iyan ang tanong. Ito ang nais kong talakayin sa Apokalipsis 10. Dadako tayo riyan sa loob ng ilang sandali, pati na rin sa ibang talata sa Kasulatan. Ang sabi niya, " Sa mga araw ng tinig ng ikapitong anghel, ang hiwaga ng Diyos ay tapos na dapat." Ito ang tanong, kung susundan mo ang linyang iyan sa oras na ito: natapos na nga kaya iyon. "Makasumpong kaya ako ng pananampalataya? "Matupad kaya ang Malakias 4 sa panahong ito: isasauli ang pananampalataya ng mga anak sa pananampalataya ng mga magulang, ang orihinal, ang Salita. Kita n'yo?

92 "Mga itinakuwil, sina Jambres at Janes, sa ginawa nilang paglaban…" Ngayon, pakinggan din ito. Ikalawang Timoteo 3:8" Kung paanong si Janes ay lumaban kay Moises, sa mga huling araw ay magsisilitaw din ang mga itinakuwil na ito. Ngayon, nakikita ba ninyo kung bakit sinabi rito na, "may anyo ng kabanalan", mga pinahiran… Ngayon, atin lang—balikan n'yo ito at—at basahin ninyo sa inyong pag-uwi, para matapos ko na ito, kung magagawa ko. "Mga itinakuwil tungkol sa…" Hindi mga itinakwil sa—sa—sa pamumuhay, mabubuti sila at mga aral na tao.

93 Ngayon, pansinin ninyo nang si Moises ay pumaroon sa Ehipto, taglay ang mensaheng ITO ANG SABI NG PANGINOON, at nabindika siya, tinawag niya ang Israel, isang bayan, hindi isang iglesyia, ang Israel ay isang bayan; hindi sila naging isang iglesia kailanman. Sapagkat ang salitang iglesia ay nangangahulugang "mga tinawag palabas." Sila ang bayan ng Diyos. Pagkatapos nang sila'y mapahiran sa ilalim ng Salita, at tinawag palabas, naging iglesia sila ng Diyos, at nakinig sila sa isang bulaang propeta. Sana naman ay bumaon iyan. Ang Israel, bilang bayan ng Diyos, lumabas sa ilalim ng kamay ng Diyos, pinahiran ng Salita… Taglay ang kapangyarihan ng Diyos, nakakita ng mga tanda kababalaghan ng Diyos. At pagkatapos, nang ang Diyos ay kasama nilang sumusulong, ay may pumasok na isang bulaang propeta, pinahiran at nagturo ng taliwas sa orihinal na Salita ng Diyos na narinig nila; at bawat isa sa kanila ay napahamak sa ilang, maliban sa tatlong tao. Ngayon, tumigil tayo riyan.

94 "Kung paano ang mga kaarawan ni Noe, kung saan ay walong kaluluwa ang naligtas sa tubig, ay magkakagayon din sa pagdating ng Anak ng Tao." "Kung paano ang mga kaarawan ni Lot, kung saan ay may tatlong nagsilabas sa Sodoma, ay magkakagayon din sa panahon ng paghahayag ng Anak ng tao." Sinisipi ko lang ang Kasulatan, ang Salita ng Panginoon, at, "Ang Langit at lupa ay lilipas…" Ito'y magiging isang minoriya!

95 Pansinin n'yo rito. Bumaba si Moises patungo kay Aaron. Si Moises ang magsisilbing Diyos. Inutusan siya ng Diyos na maging Diyos, ang sabi, "Maging isa kang Diyos, at hayan mong ang kapatid mong si Aaron ang maging propeta. Ilagay mo ang Salita sa bibig niya kung hindi mo magawang magsalita nang maayos." Ang sabi, "Ngunit sino ba ang gumawa sa tao upang siya'y mapipi? At sino ba ang gumawa sa tao upang makapagsalita siya?" Ang Panginoon. At lumusong siya roon. Ano ang ginawa niya? Gumawa siya ng tunay at makatarungang himala na inutos sa kaniya ng Diyos. Inutusan siya ng Diyos na, "Ihagis mo ang tungkod mo sa lupa." Nang damputin niya iyon ay naging ahas iyon. Nang damputin niyang muli ay naging tungkod iyong muli. Ang sabi, "Humayo ka at gawin mo iyan sa harap ni Faraon, at sabihin mo, 'ITO ANG SABI NG PANGINOON.'"

At nang makita iyon ni Faraon, sasabihin natin, "Aba, isa iyang walang kuwentang palabas ng salamangka." Ang sabi, "Wala iyan. Mental telepathy 'yan o kung ano lang iyan, alam n'yo na. May mga tauhan din kami sa aming organisasyon na makagagawa rin ng ganiyan. 'Halika nga rito, Obispo. At pumarito ka nga.' Mayroon din kaming mga kasamahang makagagawa ng ganiyan." Si Satanas iyon na nangungusap sa pamamagitan ni Faraon. Ang Diyos iyon na nangungusap sa pamamagitan ni Moises.

96 Ngunit masdan n'yo ang taong ito nang siya'y lumabas. Nagsilapit sina Jannes at jambres kay Moises, at lantaran sa harap ng madla, at ginawa nila ang bawat himalang nagawa ni Moises. "Dadayain nila pati ang hinirang kung maaari." Tama ba iyon? Nagawa rin nila ang nagawa ni Moises. Nakuha ba n'yo? Ngayon ay tandaan n'yo, ito'y ANG SABI NG KASULATAN, na mauulit itong muli sa huling mga araw. Ano ba ang kaibahan ni Moises at ni Jambres? Ang sabi ni Moises, "Maging dugo nawa ang tubig." At sabi ng

mga bulaang propeta na iyon, "Sige, gagawin din naming dugo ang tubig." At nangyari nga iyon.

Kaya't ang sabi ni Moises, "Magsilitaw ang mga kuto." Saan niya iyon kinuha? Direkta sa Diyos. Kita n'yo? Aat ano ang ginawa niya? Ang sabi niya, "Buweno, kaya rin naming magpalitaw ng mga kuto." At nagawa nga nila! Alalahanin ninyo, isaisip ninyo iyan, tutungo tayo riyan, pagkalipas ng ilang sandali. Kaya nilang gawin ang anumang kayang gawin ng iba, ngunit hini nila kayang manatili sa Salita. Hindi nila kayang manatili sa Salita.

97 Ngayon ay pansinin, nagawa nila iyon. Ngunit si Moises, ang tunay na isinugong propeta mula sa Diyos, inatasan ng Diyos, hindi siya nakipagtalo sa kanila, at nagsabi, "Hindi n'yo kayang gawin iyan! Hindi!" Hinayaan lang niya sila, hinayaan lang niya silang magpatuloy. Mga makaorganisasyong propeta sila, ngunit magpatuloy kayo. Nagpatuloy lang si Moises, nakinig siya sa Diyos. Anumang sabihin ng Diyos. "Ngayon ay ganito ang gawin mo" tumalima si Moises at ginawa iyon. Gumawa siya ng panibagong bagay. Nang gawin nila iyon, bawat isa sa kanila ay nagkaroon ng sensasyon o ng kung anuman, heto na sila. Nagawa rin nila iyon, katulad ng katulad ng ginawa ni Moises.

98 Ngayon ay pansinin. Ang taong iyon ay nagsilitaw . . . O, sa inyo bayan, huwag n'yong palalampasin ito! Ang mga impostor na ito, mga manggagaya, ay nagsilitaw matapos na dumating muna ang tunay. Kita n'yo? Nagsidating sila upang magsipanggaya. Kita n'yo, kailangan nilang gawin iyon. Hindi kayang lumikha ng diablo ang anumang bagay; taga liko lang siya ng orihinal. At ano ba ang kasalanan? Katuwirang niliko. Ano ba ang pakikiapid? Ang tamang gawa na niliko. Ano ba ang kasinulingan? Ang katotohanang lihis ang pagkakalahad. Isang pangliliko! Tingnan n'yo si Hananias, isang pagliliko ng orihinal na Salita. Tingnan n'yo si Sedechias, ang pangliliko ng orihinal na Salita. At sinabi ng Biblia na ang mga kalalakihang ito ay magsisilitaw, ang mga tagaliko ng orihinal na Salita, matapos na ito ay mabindika at mapatunayang Katotohanan.

99 "Gawin mo ang gawain ng isang Ebanghelista," saan mang sulok iyon, ganapin mo ang iyong ministeryo. Sapagkat darating ang panahon na hindi na nila titiisin ang magaling na aral, kundi ayon sa sarili nilang pita ay magsisipagbunton sila sa kanilang sarili ng mga tagapagturo , na makakati ang tainga, at magpapatuloy sila sa paggawa ng anumang naisin nila, at, "Walang masama rito, nasa amin ang mga katulad na tanda at kababalaghan." At mailayo sila sa Katotohanan, at madadala sa mga pabula, mga dogma."

100 Oh, ang kamalayan ng Espiritu Santo, ang pamamanghang tumatama sa kaluluwa ng isang tao, kung titigil siya at mag-iisip kung gaano katotoo at kalinaw itong nakatambad sa ating paningin! Hukayin n'yo ang panulukang batong iyon dito at basahin n'yo ang isang pirasong papel na inilagay doon, tatlumpu't tatlong taon na ang nakararaan. Tingnan n'yo kung ano ang sinabi Niya roon sa - sa Seventh Street, nang umagang iyon. Masdan n'yo dito sa may ilog, nang bumaba ang Anghel ng Panginoon sa anyo ng Haliging Apoy, daan-daang mga iglesia, o mga tao sa iglesia ang nangakatayo sa pangpang, kung ano ang sinabi Niya, kita n'yo, kung talaga bang naganap iyon. Tingnan n'yo kung ano ang naganap. Napakahirap. Alam kong tila mahirap, mga kapatid, diyan sa labas. Ngunit ito'y . . . Ang sabi ng Biblia, si Jesus mismo ang nagsabi, "Dadayain nito maging ang pinaka Hirang kung maaari. Hindi ito maaaring iwasan. Hinding-hindi nila Ito makikita. Kung maaari nga lang, pati ang pinaka Hirang ay madadaya nito.

101 Pansinin n'yo, ang taong ito ay naglitawan makaraang ang tunay na pinahiran ng Diyos ay maisugo, sa katauhan ng kaniyang tunay na propetang si Moises. At sa tuwing may gagawing anuman si Moises,ginagaya nila iyon.

102 Ngayon, kapatid na lalaki, kapatid na babae, ako'y . . . Ito ay sarili kong iglesia. May karapatan akong mangaral kung ano ang nais ko, habang ito'y mula sa Salita ng Diyos. At hindi ko kayo hinahatulan, ngunit saliksikin natin iyan para sa panahon at oras na kinabubuhayan natin. Pagbati kay Brother Rudell, kay Junior Jackson, at sa mga kasama nila riyan sa labas ang mga kapatid na iglesia . nakaligtaan ko sila kanina. Sa palagay ko'y nakakabit din sila (sa telepono) sa umagang ito; dahil wala - wala nang lugar sa simbahan.

103 Isipin lang ninyo ito ngayon, sa loob lamang ng isang sandali. Ginawa nila ang mga himalang ginawa ni Moises. Nagpalitaw ng kuto si Moises; ginaya nila iyon at nagpalitaw din sila ng mga kuto. Kita n'yo? Ang sabi ng Diyos, "Sa araw na kanin ninyo iyon , sa araw ding iyon ay mamamatay kayo."

Dumating si Satanas at nagsabi, "Tiyak na hindi kayo mamamatay. Mas magiging mas matalino lang kayo. Magkakaroon kayo ng mas mainam na organisasyon, isang mas mainam na..." Alam n'yo na. "Alam mo, lahat ay magiging hiogit nas mainam para sa iyo, magkakaroon kayo ng higit na Liwanag." Kita n'yo, isa lamang pangliliko. Dapat ay... At tandaan n'yo, ITO ANG SABI NG PANGINOON, ayon sa Ikalawang Timoteo 3:18, na, "Sa huling araw, ay mapaparito sa ibabaw ng lupa sina Janes at Jambres." Ngayon, nais kong pansinin n'yo na dalawa sila, kita n'yo, mga manggagaya. 146 Ngayon ay babalik tayo sa Sodoma, maya-maya lang, ang tatluhang iyon, makikita natin ang tatlong mga Anghel na nagsibaba, at makikita natin ang panggagaya, at iba pa, kita n'yo, nang sa gayon ay makita natin kung sino ang tama at mali. Kita n'yo? Kita n'yo?

104 Pansinin n'yo , magkatulad na mga himala ang ginawa nila. Ngunit pansinin, nangsipanggaya lang sila matapos na ang tunay na Salita ay mapahiran niyaong isang tunay na isinugo ng Diyos; nagsisunod lang sila, pumangalawa lang. Iniisip ko kung magagawa nating mag-isip sumandali. Hinahawakan ko noon ang kamay ng mga tao, hindi pa katagalan, mga dalawampung taon na ang nakalilipas, at isang tanda ang naipakita. Aba, naglitawan ang mas maraming tanda sa lahat ng mga bagay bagay, at lahat na lang... Ang isa ay taglay iyon sa kanang kamay; ang isa naman ay ay sa kaliwang kamay; ang isa naman ay nakaaamoy nito. Kita n'yo, lahat na lang ng uri ng... At iniisip ko tuloy... Hindi ako pinahihintulutan ng Panginoon na sabihin sa inyo kung ano talaga ang Katotohanan, ngunit isang araw ay matutuklasan din ninyo. Iyon ay para lang malantad ang kanilang kahangalan. Hindi iyon tama simula't sapul. Sasabihin ko rin sa inyo, minsan isang araw, kung ipahihintulot ng Panginoon.

105 Pansinin, nakagawa sila ng gayon ding mga himala, ngunit hindi nila... Pansining hindi nila nagawa ang gayon hangga't hindi muna lumalabas ang orihinal na Salita. Ganiyan din ang ginawa ni Satanas sa halamanan ng Eden. Si Moises, sino ba ang nauna sa tagpo, si Moises ba o si Balaam? Si Moises. Sino ba ang unang lumabas sa eksena, si Jeremias o si Hananias? Nakikita ba ninyo kung anong tinutukoy ko? [Nagsabi ang kongregasyon ng, "Amen."-Ed.]

Pansinin n'yo, nangopya sila. Mga karnal na manggagaya, tapat, nagaakalang "gumagawa ng isang paglilingkod sa Diyos," gaya ng ginawa ni David, noong nakaraang linggo, datapuwat iyon ay karnal na panggagaya. Naghihintay lang ako sandali. Nais kong mag-isip kayo sa pagitan ng mga dakong ito. Kung hindi ko man masabi ito, tiyak na ihahayag ito ng Espiritu Santo, lalung-lao na sa Hinirang. Kita n'yo?

106 Ang sabi ng denominasyon ni Faraon, "May mga tauhan kaming makagagawa rin ng ganiyan," at nagawa nga nila. kita n'yo? Bakit ginawa iyon ni Faraon? Bakit nagsugo ang Diyos doon ng isang tunay, pinahirang propeta upang magpakita ng tanda sa harap ni Faraon, at pagkatapos ay hahayaang dumating ang makadenominasyong kopya at kopyahin iyon sa harap ng mga tao? Bakit Niya pinayagang lumitaw ang manggagaya upang gawin iyon, at gayahin nang gayang-gayang kung ano ang ginawa ng tunay na Espiritu ng Diyos? Kita n'yo, ang Kasulatan ay dapat matupad.

107 Pansinin, ginawa Niya iyon upang patigasin ang puso ni Faraon at ng Egipcio, upang patunayan na hindi lamang si Moises ang kinaroroonan ng Salita. Kaya nilang gawin nang gayang-gaya anumang kayang gawin ni Moises. At bakit pinayagan ng Diyos na mangyari ito sa mga huling araw? Nang sa gayon , gaya rin ng sinabi ng sinungaling na espiritu kay Zedechias, "Paano nating mapapapunta roon si Achab, upang maisakatuparan ang mga bagay na ito?" Paano Niyang mahihimok ang mga taong ito, na nagtitiwala sa kanilang mga iglesia, upang maparito upang maisakatuparan ang bagay na ito na Kaniyang inihula? Sila, sa Kapanahunang ito ng Iglesiang Laodicea, "Sapagkat iyong sinasabi na ikaw ay 'mayaman, at hindi nangangailangan ng anuman. Nakaupo akong tulad sa isang reyna.' Wala kang anumang taglay! Hindi mo ba nalalaman na ikaw ay kahabag-habag, bulag? At Akin kang pinagpayuhan na bumili ka sa Akin," ang sabi Niya, ng "langis at tubig." Bakit Niya ginawa iyon?

Bakit Niya hinayaang lumitaw ang panggagayang ito sa mga huling araw, kung kailan ang mga bagay na ito ay nagaganap sa pamamagitan ng Salita ng Diyos; at hinayaang Niyang magsilitaw ang mga manggagaya upang gawin din ang gayon, at pagkatapos ay tatanggihan ang Salita ng Diyos? Ginawa Niya iyon para kay Moises. At ginawa iyon ni Faraon laban kay Moises; at ang mga iyon, sina Jannes at Jambres, ginawa nila iyon laban kay Moises. At sabi ng Biblia ay mauulit iyon muli sa mga huling araw. Naririto na tayo. Ngayon, kung hindi iyan ang katuparan ng Salita, nasaan iyon?

108 Nakipagtalo ba si Moises sa kanila at nagsabi,"Makinig kayo rito! Hindi ninyo kayang gawin iyan. Ako lang ang nag-iisang itinalaga upang makagawa niyan. Makinig kayo rito! Itigil ninyo iyan, ngayon?" Hinayaan lang niya sila. Hayaan n'yo lang sila. Alalahanin ninyo, ang sabi ng Biblia, "Kung paanong ang kanilang mga kahirapan ay nalantad, gayon din naman ang mga ito sa huling araw ay malalantad," kapag ang Nobya ay naagaw na at nadala na sa himpapawid. Pansinin.

109 Si Moises, ang tunay na naipamalas na Salita, ay hindi nagsalita ng anuman, hinayaan lang niya iyon. Ngunit ginawa Niya iyon upang patigasin ang puso ni Faraon, dayain si Faraon. Gayung-gayong din ang ginawa Niya upang dayain si Achab. At ang isang maliit na taong iyon na nakatayo roong mga-isa, ang abang si Micheas na nagsabi sa kanila, "ITO ANG SABI NG PANGINOON." Siya namang tayo ng isa pa, pinahiran din, " ITO ANG SABI NG PANGINOON." At magkasalungat sila.

110 Nakatayo ngayon taglay ang ITO ANG SABI NG PANGINOON, na ang bautismo sa tubig sa mga huling araw ay dapat gawin sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo. At pagkatapos ay biglang may isa pang tatayo at gagawa ng himala, at isa siyang trinitarian. Ipakita ninyo sa akin ang salitang trinidad sa Biblia. Ipakita n'yo sa akin kung nasaan ang tatlong Diyos. Ipakita n'yo sa akin kung mayroon niyan. Wala iyan sa Salita ng Diyos. Wala kayong mababasang sinuman na nabautismuhan sa pangalan ng Ama, Anak, Espiritu Santo, na ang ginamit ay ang mga titulong iyan. Lahat ng mga bagay na ito, "O, walang masama mga kapatid na babae. Mabuti iyan, basta't mahaba . . . magpaikli lang kayo ng buhok. Mabuti iyan, hindi na n'yo kailangan gawin ito, iyon, o ang iba pa. o, walang kabuluhan iyan, isa siyang matandang laos."

Ngunit sinabi ng Biblia! At ipinangako Niya, "Sa huling mga araw, susuguin Niya ang espiritu ni Elias, at tatawagin ang bayan, ang mga anak ng Diyos, pabalik sa orihinal na pananampalataya na tulad ng pasimula, ng Salita." Ang Salitang iyon ang magpapatunay sa Anak ng tao sa huling mga araw, gaya ng naganap sa Sodoma; kahapon, ngayon, at magpakailan man. Ipinangako Niyang gawin iyon. Pangako ito ng Diyos. Ito'y ITO ANG SABI NG PANGINOON.

111 Pansinin, nagawa rin nila kung ano ang nagawa ni Moises, hanggang sa mapuno na ang Diyos. Ngayon, alalahanin, ito'y ITO ANG SABI NG PANGINOON, mangyayari ito sa araw na ito. Ngayon, magsaliksik kayo sa buong mundo, kunin n'yo ang bawat kulto, kunin n'yo ang bawat angkan, kunin n'yo ang bawat tao, kunin n'yo ang bawat iglesia, inuutusan ko kayo sa Ngalan ni Cristo, na gawin n'yo ito, kayong mga mangangaral, inuutusan ko kayo na magbasa ng mga pahayagan o ibilang ninyo ang alin mang lugar na nais ninyong puntahan, at tingnan ninyo kung wala na nga ba ito sa ibabaw ng lupa ngayon. Kita n'yo? Kita n'yo? Kung gayon ang mateo 24:24 ay tamang-tamang. "Mga bulaang pinahiran na magsisilitaw sa mga huling araw, at magiging mga bulaang propeta, at dadayain nila ang marami." "Mga propeta," pang-maramihan, "mga Gristo," mga pinahiran, pang-maramihan, marami pang iba, ang metodista, alam n'yo, at ang Baptist, at ang Pentecostal, at iba pa. Kita n'yo? Ngunit may iisang tunay Cristo, ang Espiritu, at iyon ay ang Salitang nagkatawang tao gaya ng ipinangako Niyang gawin. Ngayon ay susulong pa tayo, nang kaunti, ilan pang mga Kasulatan.

Hanggang sa napuno na ang Diyos, at nang magkagayon ay natapos na iyon. Ang kahibangan nila ay nalantad.

112 Pansinin. Alalahanin, kahawig na kahawig ng ipa ang butil ng trigo. Kita n'yo? Ngayon, hindi mo maaaring sabihin, noong kapanahunan ng Lutheran, "ang tangkay ang trigo," bagamat mayroon iyong Buhay. Ang tangkay ay mabuti, ang Buhay na nasa tangkay ay mabuti, ngunit alalahanin, ang Buhay ay sumulong na; sumulong na mula kay Eliseotungo kay Elias. Ang Buhay ay patuloy sa pagsulong. Ngunit, alalahanin, nasa panibagong yugto na ito ngayon. Hindi iyon maaaring manatili sa yugtong iyon. Hindi natin maaaring kunin ang bangkay ng ibang panahon. Hindi tayo maaaring kumain ng bangkay ng mga Pentecostal, ng Metodista o ng Baptist. Kita n'yo, naging isa na iyong bulok na bangkay. Mayroon tayong sariwang Pagkain, ang Salita para sa araw na ito, at iba pa.

113 Alalahanin, ang ipa ay katulad na katulad ng butil ng trigo. Hindi mo maaaring . . . Hindi ganoon ang anyo ng dahon, hindi ganoon ang anyo ng bulaklak, ngunit tiyak ngang kahawig na iyon pagdating sa ipa. Hindi iyon kahawig sa . . . si Jesus Cristo ay hindi nagbago kahapon, kay Luther, hindi iyon nakahawig kay Wesley; ngunit naging kahawig iyon pagdating sa pentecostes, "dadayain ang pinaka Hirang kung maaari." Kita n'yo? Hayan ang inyong kapanahunan.

114 Ngunit alalahanin, ang iglesiang Pentecostal, sa huling mga araw ay ang laodicea, at pinalabas si Cristo, ang Kernel ang pinaka butil. Nang tangkain Niyang . . . Alalahanin, nang sikapin Niyang ipamalas ang Sarili Niya sa iglesia ay pinalabas Siya. Iglesia pa rin iyon, inaangkin pa rin niyang gayon siya; pinahiran. Ngunit narito ang Salita, si Cristo Mismo, iyan ang pinahiran na Salita na darating para ssa iba pang bahagi ng kaniyang Katawan, ang Nobya. Ang pinahiran, ng tubig na siya ring dumilig sa trigo, gaya ng napag-usapan natin, ay siya ring dumidilig sa mga pagsirang damo, mga pinahiran. Tanging ang Hinirang o ang naitalaga, ang makatutukoy ng kaibahan sa kanilang dalawa. Ngayon, iyan ang nakasaad sa Efeso 5:1, at kung paano iyong naganap.

115 Sila ay mga pinahiran. Lahat ay nagsasabi, "Luwalhati sa Diyos! May kalayaan kami dito. Aleluia! Kami . . . O, aleluia! Nagsasalita kami ng ibang wika, at lumulundag. Mayroon kaming kalayaan para sa kababaihan; pinipilit ninyo silang ipailalim sa lahat ng mga bagay na ito." Kita n'yo? Magpatuloy kayo. Wala na kayong magagawa pa. sasabihin n'yo, "Buweno, nagsasalita kami sa ibang wika. Sumisigaw kami. Sumasayaw kami sa Espiritu. Nangangaral kami ng Salita." Walang pasubali. Wala akong masasabing masama tungkol diyan. Gayon din naman ang mga lalaking ito rito sa Biblia. Ang sabi ni Jesus, "Dadayain nito pati na ang pinaka Hirang kung maaari, ang pinaka Hirang."

116 Ngayon ay pansinin ninyo ang ipa. Mula sa Orihinal na Butil, Butil na nahulog sa lupa, hindi iyon isang organisasyon. Isang Butil iyon sa Kaniyang Sarili. Ngunit nang tumubo iyon, hindi iyon isang Butil; isa iyong organisasyon, kita n'yo, mga dahon at butil. Pagkatapos ay nagtungo iyon sa isa pang yugto, at iyon ay ang bulaklak. Hindi pa rin iyon katulad ng pasimula. Isa iyong organisasyon. Nagtungo iyon sa ipa, maraming dahon, Pentecostes, halos kahugis na ngayon. Tingnan n'yo ito. Unti-unti itong nagkakahugis, halos ay katulad na katulad na, sa tingin ay kahawig na kahawig na ng Butil ng trigo kapag nakita mo ang maliit na bukong iyon. Ngunit sa kahulihan ay naipamamalas ito, at wala nang organisasyon. Wala nang tagadala. Ang organisasyon ay isa lamang tagadala. Wala nang tagadala, ang tangkay ay kailangan mamatay, ang ipa ay kailangan mamatay, lahat ng iba pa ay kailangan mamatay; ngunit ang trigo ay patuloy na nabubuhay. Iyon ay ang katawan ng pagkabuhay na muli, bumababa at dinadampot sila. "Ang huli ay mauuna." Kita n'yo, dadamputin sila sa pagkabuhay na muli. Nasusundan ba n'yo ako? [Kongregasyon, "Amen"— Ed.] Mabuti. Pansinin, ang butil ay . . .

117 Ang talukap mukhang eksakto tulad ng butil. At isang lalake pagpapalaki ng isang trigong sakahan, o ng isang bagay o sa iba pang, ang magiging hitsura at sabihin, " Purihin ang Diyos , Nakatanggap ako ng tanim na trigo, " kapag ikaw ay hindi nakuha ng isa maliit na butil ng trigo. Mukhang katulad na katulad ng trigo, ngunit ito ay isang talukap .

118 Ngayon, mga kaibigan, samahan n'yo ako sa pagbabalik. Saan ba dumating ang unang revival, pagkatapos ng (kamatayan) mga kaarawan kung kailan ang butil ng trigo ay kinakailangan mahulog sa lupa, ang Katawan, ang Nobya ni Cristo? Itinatag ni Cristo ang Kaniyang Nobya, tama ba 'yan, ang kaniyang iglesia? Hindi Niya inorganisa iyon kailan man, upang panatilihin Itong malinis. Ngunit sa Nicaea, Roma, pagkalipas ng tatlong daan at anim na taon, inorganisa nila iyon at ginawa nila iyong isang organisasyon. Tama ba 'yon, at namatay iyon. Lahat ng hindi sumang-ayon sa iglesiang iyon ay pinatay. At tahimik iyong humimlay, sa loob ng daan-daang taon, sa ilalim ng lupa. Ngunit, pagkaraan ng ilang panahon, umusbong siya kay Luther. Ang unang usbong ng dahon ay tumubo. Ang ikalawa ay umusbong mula roon. Nagpatuloy sila, lumitaw sa kanila si Zwingli at ang iba pa, pati na ang ibang organisasyon at iba pa. Nang magkagayon, pagkaraan ng ilang panahon, ay nagsidating ang mga Anglican. At pagkatapos ay ano ang nangyari? Dumating si Wesley dala ang panibagong revival, ang bulaklak, na bahagya nang kahawig ng Trigo. Pagkatapos ano ang nangyari doon? Nag-organisa iyon, at natuyo, at namatay. Ang buhay ay nagtungo sa ipa, at umusbong ang ipa na halos ay kahawig na kahawig ng Trigo. Ngunit sa huli, ay naipamalas ang kahangalan nitong nakaraang walo o sampung taon, lalung-lalo na nitong nakaraang tatlong taon. Ngayon ano ang ginawa nito? Humihiwalay sa Trigo.

119 Ngayon bakit wala pa ring nabubuong organisasyon sa loob nitong nakaraang dalawampung taon ng dakilang revival na ito; may mga pinahirang propeta, mga pinahirang guro, at iba pa, ngunit bakit wala niyaon? Wala nang anuman pagkatapos ng Butil. [Kumatok ng apat na beses si Brother Branham sa pulpito -Ed.] Kita n'yo, nagbalik na Iyon nang walang organisasyon. Ay, naku, makikita iyan kahit ng taong bulag. Hindi Ito maaaring maging organisasyon; laban na laban Ito rito. Ito na ang pinaka butil ng Trigo. Ang Anak ng tao ay maipapahayag. Ang butil ng trigo ay magbabalik sa Sarili Nitong muli, ang Anak ng Tao sa mga huling araw. "At magsisilitaw ang mga bulaang manggagaya Nito, sa mga huling araw na halos ay dadayain ang Hinirang kung maaari lang." Tingnan n'yo ang kanilang makadenominasyon ipa na ngayo'y humihiwalay na.

120 Ipinapakita lang nito ang Trigo sa mga Hinirang, na bahagi Nito. Pansinin n'yo kung gaano kaganda itong naipasok dito ngayon. Tanging ang . . . Pansinin, ang mga pinahiran lang ang may kakayahan; ang tunay na Hinirang, predestinado, sa Efeso 5:1, pala, ang nakatalaga, hinirang. Sila lang ang hindi nadaya. Pansinin, ang mga pinahirang propeta ay magiging bulaan, at sa gitna ng mga ito ay naroroon ang tunay na pinahiran. Paano mo iyon matutukoy? Sa pamamagitan ng Salita. Gaya ng nasa atin sa anyo ng anino. Nakikita ba ninyo ito? Sabihin ninyo "Amen." [Nagsabi ang kongregasyon ng, "Amen." - Ed] Kita n'yo?

121 Pansinin n'yo, ang mga pinahiran, tanging ang Salita ang maghihiwalay sa kanila, hindi ang mga tanda. O, hindi. Gagawa sila ng magkatulad na mga tanda, datapuwat ang Salita ang siyang maghihiwalay sa kanila. Siyanga. Lahat sila'y nagsipanghula. Lahat sila'y nakagawa ng ganito, ganoon at ng iba pa, siya nga, parehong-pareho. Sinabi ni Jesus na magkatulad ang magagawa nila. ngunit ang Salita ang siyang naghiwalay sa kanila, pansinin ninyo, hindi mga tanda.

Napansin ba ninyo? Sinabi ni Jesus dito sa Mateo 24. Hindi Niya sinabi, "Magsisilitaw ang mga bulaang Jesus sa mga huling araw." O, hindi, hindi nila mapapalampas iyon. Kumuha ka ng isang Pentecostal na totoong Pentecostal, na magsasabi, tungkol sa kaniyang sarili, na siya si "Jesus"? kita n'yo? Kumuha ka ng isang Metodista, o ng isang Baptist, o sinumang tulad niyan, o ng isang taga-organisasyon, na magsasabing, "Kami si Jesus"? higit diyan ang nalalaman nila. hindi nila gagawin iyon. Datapuwat ang sinabi ng Biblia na sila ay magiging bulaang Cristo," hindi mga Jesus, kundi,"mga bulaang Cristo." Hindi nila kikilalanin kung may magsasabing, "Ako si Jesus." Ay, hindi.

122 Ngunit sila'y 'mga bulaang Cristo,' at hindi nila nalalaman ang gayon nga sila sapagkat salingat sila sa Salita. At binindika ng Diyos na gayon nga iyon. Ngayon, pinagtatapat ko lang ito ngayon'pagkat nakita ninyo na nagagawa rin ng mga taong ito kung ano ang nagagawa ng mga totoo. At sinabi ito ni Jesus. 170 Ngayon, gaya ng nasabi ko, ngayon sa mga taong nasa labas, yaong mga nakikinig sa telepono, hi - hindi ko kayo hinahatulan, ngunit ito'y sa iglesia ko at - at sa kapisanan ko na ipinagkatiwala sa akin ng Espiritu Santo, at kailangan kong sabihin sa kanila ang Katotohanan. Paubos na ang oras.

123 Ngayon hindi nila iyon matitiis, datapuwat, "mga bulaang Cristo," bulaan, mga pinahiran, halos ay taglay ang bawat tanda at bawat titik ng Salita. Naniniwala rin ba sila sa bautismo ng Espiritu Santo?" Walang pasubali. "Naniniwala ba sila sa lahat ng Ito? Oo. "Naniniwala ba sila sa pagsasalita ng ibang wika?" Oo. Naniniwala ba sila na lalakip ang ang mga tanda at kababaglahan, na may mga tandang lalakip sa kanila?" Oo. Hindi iyan Metodista, hindi iyan Baptist. Hindi, hindi. Iyan ay mga Pentecostal. Kita n'yo, sa mga huling araw na ito. Ngayon, hindi mapapansin iyon ng unang kapanahunan ng iglesia. Hindi iyon napansin ng kapanahunan ng iglesiang Metodista, maging ang kapanahunan ng iglesiang Baptist ay hindi

iyon napansin; maging ang iglesia ng panahong Presbytarian, hindi nila napansin iyon. Ngunit ang Pentecostal, napakahawig sa tunay na Bagay! Doon na, kung kailan, ang Trigo, ang ipa halos katulad na ng Trigo. Hindi nila iyon mapapansin. Kita n'yo. Hindi. Ngunit ito na ang mga huling araw, ang araw na ito. Opo.

124 Pansinin ninyo, kung paano ang pasimula, ay magkakagayon din ang wakas. At kung paanong si Eva ay namali sa pakahulugan sa isang Salita, minali ni Satanas iyon kay Eva, at pinaniwalaan naman niya. Ang babae hindi ang lalaki; ang iglesia, hindi Siya. Kita n'yo? Ang iglesia ang tumanggap ng bulaang salita. Kita n'yo? Hindi si Adan; si Eva. Hindi si Cristo; ang iglesia, ang nobya, ang pinahiran, ang dapat sana'y pinahiran, tinatawag ang sarili niyang Nobya, kita n'yo, siya ang tumanggap ng bulaang salita. Hindi ba ninyo nakikita iyon? Aba, naitali iyon tulad sa tali ng sapatos, tulad ng inyong mga pilik-mata. Aba, lahat ng balingan n'yo sa Biblia magkakadugtong ang mga iyon. Si Eva, hindi si Adan; si Eva ang naniwala roon, hindi si Adan. Ang Nobya ngayon, na naturingan, ang naniwala roon; hindi ang Cristo. Ang Nobya ay nagtataglay ng lahat ng uri, ang naturingang nobya; ng katulad na mga tanda, katulad na mga kababaglahan, pareho lahat; ngunit hindi iyon ang tunay. Kita n'yo? "Dadayain ang Hinirang kung maaari." Ngayon, madaliin natin kung magagawa nating tapusin ito sa loob ng labindalawang nimuto, ay tatama tayo sa oras. Pansinin maigi ngayon, nang sa gayon ay hindi kayo - huwag na hindi ninyo maintindihan.

125 Ngayon, hindi, hindi nila mapapayagan ang tawagin silang "Mga bulaang Jesus." Hindi sila papayag, na tawagin "Jesus." Tiyak na hindi. Masyadong tahasan iyon. Kahit sino ay makaaalam noon. Kahit sino ay makaaalam na hindi sila si Jesus. Hindi malaga sa akin kung may lumalabas na langis sa kanilang likod, at dugo sa kanilang mga kamay at sa itaas at sa ibaba sa kanilang mga mata, alam pa rin nila na iyon ay . . . Ang sinumang may matinong pag-iisip ay makaaalam na hindi iyon si Jesus. Kita n'yo? Hindi nila mapapayagan iyon. Datapuwat tinatawag nila ang sarili nilang "mga pinahiran." At gumagawa sila ng mga tanda at mga kababaglahan, halos ay dayain ang mga Hinirang." "Ngunit ang mga bulaang Cristo, mga pinahiran, ay magsisilitaw, at dadayain ang Hinirang kung maaari lang."

126 Ngayon, masdan maigi. Huwag ninyong palalampasin ang pangungusap na ito, sapagkat karapat-dapat itong pakinggan. Nilalagyan lang niya ng teyp ang mikroponong ito, para huwag itong kumalas. Pinagpapawisan ako; tumulo iyon sa teyp, kita n'yo.

Kaya't ganung-ganong din ang mangyayari, sinabi iyon ng Biblia. Kita n'yo?

127 Pansinin, hindi mga bulaang Jesus. "Mga bulaang Cristo!" Naniniwala silang sila'y mga pinahiran, ngunit alam nilang hindi sila si Jesus. Kita n'yo, masyadong tahasan iyon. Kung may taong darating at magsasabi, sa araw na ito, "Tingnan n'yo ang mga pilat sa aking kamay. Tingnan n'yo ang aking kilay. Ako si Jesus." Buweno , ngayon alam nating mali iyon. At alalahanin, hindi kailan man sinabi ni Jesus na magsisilitaw ang gayong mga tao. Ang sabi Niya ay magsisilitaw ang mga "mga bulaang Cristo." "Mga Cristo," pangmaramihan, mga denominasyon, at iba pa, mga pinahiran; napahiran ng maka-denominasyong espiritu at hindi ng Salita. Nasusundan ba ninyo? Hindi mga bulaang Jesus. "Mga bulaang Cristo," bulaan, pinahiran. Kita n'yo? O, napakalinaw nito! Dapat tayong . . . tiyak na hindi ito lalampas sa inyo!

128 Ngayon, alalahanin, lagi kong sinasabi sa inyo na mayroong tatlong uri ng tao. May talong lahi ng tao; si Ham, si Shem, at si Japheth, tatlong lahi. Tatlong uri, ang sabi ko, iyon ay ang mananampalataya, at ang hindi mananampalataya. Laging gano'n, at laging magkakagano'n. kita n'yo? Naroon si Moises, ang manampalataya; naroon si Janes at Jambres; ang mga hindi mananampalataya. Kita n'yo? Naroon si Balaam; si Moises . . . Laging naroon ang tatlong uri ng tao, tatlong klase; ang mananampalataya, ang kunwa'y mananampalataya, at ang di mananampalataya. 178 Ngayon alalahanin, ang hindi mananampalataya, ang makadenominasyong iglesia, ay hindi naniniwala sa anumang tanda; malamig, pormal, mala-almirol, ang iglesia sa sanlibutan, ang denominasyon. Ngunit ang kunwa'y mananampalataya. At mayroon ding tunay na mananampalataya na talagang totoo. Ngayon, pagmasdan n'yo sila, sa kanilang pagkilos ngayon, sa loob lamang ng isang sandali.

129 At pansinin n'yo, kung gaano kapusok ang mga hindi mananampalatayang ito; o ang mga kunwa'y mananampalataya at ang mga hindi mananampalataya. Naku! Napakatapang nila, tingnan n'yo, maging si Satanas ay tumayo sa Presensiya ng tunay na Salita, at nagsabi, "Nasusulat." Tama ba iyon? Bakit ginawa iyon ni Satanas? Dahil hindi niya nakilala ang Salita para sa. . . Alam Niya ang Salita para sa oras na iyon, ngunit pinagdududahan niya na ang hamak at maliit na Lalaking iyon ang Salitang iyon. "Kung ikaw ang Anak ng Diyos. Alam kong ang Anak ng Diyos ay darating, sapagkat sinabi Nito na mangyayari iyon. At nasusulat, "Iingatan ka ng Kaniyang mga Angel." Kita n'yo? Patunayan Mo iyan sa akin! Gumawa Ka ng himala! Ipakita Mo sa akin na magagawa Mo iyan." Kita n'yo? Kita n'yo? Kita n'yo, ang di manampalataya, ang kunwa'y mananampalataya, ang manggagaya. Tingnan n'yo si Judas kabilang sa kanila, sa iisang pagkakataon, kunwa'y mananampalataya! Kita n'yo? Pansinin, at naroon ang tunay na Salita.

130 Napakatapang nila! "Ngayon,huwag ninyong papansinin ang walang kabuluhang bagay na iyon.

WalaIyon. Huwag kayong pupunta roon. Puro ingay lang iyon. Wala iyon. Puro lang iyon kathang isip. Nasa isip n'yo lang iyon." Kita n'yo, nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Tatayo tayo sa pinaka Presensiya ng Salita at sasabihin ang gayon. 181 Biglang pumasok si Satanas. Gaya ng sinabi ng biblia rito sa Judas "Maging ang Arkanghel, nang Siya'y nakipaglaban kay Satanas, ay nagsabi, "Sawayin ka nawa ng Panginoon."." Laban Mismo sa Salita!

At narito ang anticristo, ang pinahiran, nakatayo mismo rito laban sa tunay na Salita ng araw na iyon, si Jesus Cristo, at nagsabi, "Nasusulat."

131 Tingnan n'yo ang mga huling araw. "Magiging kahawig na kahawig ito na dadayain maging ang pinaka Hirang kung maaari." Ay, naku! Ang dahilan kung bakit ang Hinirang ay hindi madadaya, alam n'yo kung bakit? Dahil sila ang Salita. Kita n'yo? Katulad na katulad ng Buhay na nasa ugat, gaya ng sinabi ko kanina, hindi ito magagawang itanggi ang Sarili Nito. Kita n'yo, Iyon ay ang Salita at ang tamang panahon ng Salita. Tama 'yon.

Gaya ni Jeremias, alam niya. Kahit ano pa ang sabihin ni Hananias, alam niya kung nasaan siya. At ganung-gano'n ang ginawa ni Moises, at - at ang iba pa sa kanila. Iyon ay, alam Niya, kahit ano pa ang sabihin ng bulaang propeta, naroroon ang Salita ng Diyos. Nasusulat. Iyon ang dahilan na nagawang sabihin ni Micheas, "Sige, maghintay lang kayo at nang makita n'yo." Ang sabi ni Achab, "Naniniwala ako sa aking mga propeta. Tama ang organisasyon ko. Sa aking pagbabalik nang may kapayaan . . . Ibalik ninyo ang taong iyan sa loob ng bilangguan. Ako ang bahala sa kaniya!Pakainin n'yo siya ng tinapay ng kapighatian. Ipuwera n'yo siya, huwag kayong magkakaroon ng anumang pakikisama sa kaniya. Kapag nakabalik ako nang payapa, kami na ang bahala sa taong iyan."

Ang sabi ni Micheas, "Kung makakabalik ka pa, ay hindi nangusap ang Panginoon sa akin." Alam niya na taglay niya ang ITO ANG SABI NG PANGINOON, at ang pangitain niya ay ayon na ayon sa ITO ANG SABI NG PANGINOON; hindi para sa ibang panahon, kundi para sa panahong iyon. Amen! Aleluia! Ang panahon! 185 Matapang, tumayo at nakipaglaban sa Arkanghel! May kasabihan na, "Ang mga hangal ay lumalakd na nakasuot ng makakapal na pangyapak kung saan ang mga Anghel ay natakot lumakad." Tama 'yan.

132 Ang dahilan na ang Hinirang, wika ni Jesus, ay hindi madadaya, ay dahil sila ang Salita. Hindi sila maaaring maging anupaman. Hindi sila makikinig sa iba pa. wala na silang iba pang nalalaman. Tama 'yan. Alalahanin, hindi nagpapatangay si Moises sa lahat ng kanilang mga panggagaya. Natangay ba siya? Ang sabi ni Moises, "Ngayon, teka muna, Faraon. Alam mo ba? Inutos ito sa akin ng panginoon, ngunit, luwalhati sa Diyos, nakikita ko na kaya ring gawin ito ng mga bata mo. Kaya, sasabihin ko sa iyo kung ano ang gagawin ko, sasanib na lang ako sa iyo"? ha! Hindi ata gano'n ang propeta ng Diyos. Hindi, hindi nga! Nanindigan siyang matibay sa abot ng kaniyang kakayahan. Alam na alam niya, na pamahalaan iyon ng Diyos sa anu't ano man, 'pagkat ipinangako Niya "Ako ay sasainyo. Hindi ko kayo iiwan."

133 Alam niya, kaya't hindi siya sumanib sa kanila. Ay, hindi. Nanatili siya sa panig nila. ayaw niya sa kanilang mga denominasyon. Nananatili siya sa panig ng Diyos. Hindi siya natangay ng lahat ng mga bagay na kaya nilang gawin. Nang gumawa sila ng isang bagay . . . Nagpalitaw siya ng mga kuto; nagpalitaw din sila ng mga kuto. Nagpalitaw sila ng dugo; nagpalitaw di sila ng dugo; nagpalitaw siya ng lahat ng bagay; ginaya nila siya sa lahat ng paraan, nagawa rin nila iyon. Tumayo lang siyang tahimik. Alam na alam niya, ang Diyos ay kumikilos. Nauunawaan na ba ninyo ngayon? [Ang kongregasyon ay nagsabi ng "Amen." -Ed.] Na kapag ang dalawa ay dinagdagan mo ng dalawa, ay makabubuo ka ng apat? ["Amen."] Ayaw ninyong madarang nang husto. Para, para n'yo - maunawaan, kita n'yo.

Bakit? Hindi sila madadaya niyon. Ang tunay na mananmpalataya, sila ya mga predistinadong Binhi na maninindigan sa araw na iyon.

134 Gayon din, ay sinabi ni Jesus ang ganito, "Marami ang magsisilapit sa araw na iyon, sa Aking Pangalan, at magsasabi, "Panginoon, hindi ba't nagpalayas ako ng diablo sa Iyong Pangalan?" Ang sabi ni Jesus, "Sa huling mga araw kapag natapos na ang panahon at sumapit na ang dakilang pagkabuhay na mag-uli, na marami ang magsisilapit at magsisiupo sa Kaharian." Ang kaharian ng Diyos ay nasa inyo. Marami, ang mga damo ay magsisilapit at magsisiupong kasama ng mga Trigo, magsasabi, "Ngayon, sandali lang, Panginoon! Nagsalita ako ng ibang wika. Nagsisigaw ako sa Espiritu. Nagpalayas ako ng mga diablo. Nagsalita ako ng mga wika. Ginawa ko ang lahat ng ito." Ano ang sabi Niya? Pansinin. "Kayong mga manggagawa ng katampalasan, ni hindi ko nakikilala."

135 Ano ba ang katampalasan? Magtanong kayo kahit kanino. Ito ay "Isang bagay na alam mong dapat mong gawin, pagkatapos ay hindi mo ginawa." Alam nila ang Salitang iyon. Naririnig nila iyon. Nakikinig kayo sa teyp na ito. Nakikinig kayo sa mensaheng ito. Nakikita ninyo na gayon ang sinasabi ng Panginoong Diyos, nakikita n'yo na pinagtitibay Niya ito, pinatotohanan Niya ito. At nalalaman n'yo Ito ang singliwanag ng sikat ng araw sa labas, ngunit nanghahawakan pa rin kayo sa inyong mga denominasyon, nanghahawakan pa rin sa mga bulaang bagay na iyon; kayong mapaggawa ng katampalasan! "Ay, siyanga, nagdaos ako ng malaking kampaniya. Ginawa ko Ito. Ginawa ko iyon."

Ang"Lumayo kayo sa Akin, kayong mapaggawa ng katampalasanan, hindi Ko kayo nakikilala."

"Buweno, lumulukob sa akin ang Espiritu Santo." Hindi ko pinagdududahan iyan kaunti man. "Nagsalita ako ng ibang wika. Umawit ako sa Espiritu. Gumawa ako . . ." Hindi ko iyan pinagdududahan kaunti man. Wala akong tanong diyan. O, kapatid na lalaki, kapatid na babae, ano'ng uri ng kalagayan iyan! Ito'y isang nakatatakot na panahon. Nasaan na ba tayo? Ang Salitang ito ay nagkaka-Buhay na ngayon. Pansinin.

136 Siyanga, sinabi Niyang gagawin nila iyon. Pansinin, "Kayong mga manggagawa ng kalikuan." May isinulat akong Kasalutan dito. Hindi ko lang alam kung nasaan iyon. Ang naririto ay - naririto ang Mateo 7:21. Hi - hindi ko lang matukoy kung saan. Ako kasi, minsan ay hindi ko isinusulat iyong kasama nito, buweno, ako - 'pag nangangaral na akong gaya nito, na - nalilimutan ko kung ano ang tinutukoy kong Kasulatan , Mateo 7:21. Hindi ang bawat sinasabi sa akin, Panginoon, Panginoon, ay papasok sa kaharian ng langit; kundi ang gumaganap ng kalooban ng aking ama na nasa langit. Marami ang nagsasabi sa akin sa araw na yaon, Panginoon, Panginoon, hindi baga nagsipanghula kami . . . Mga propeta, mga pinahiran. Tama ba iyon? Hindi ba't mga propeta kami? Hindi ba't may pahid kami, pinahiran? Hindi ba't nanghula ako sa Iyong pangalan? At sa Iyong Pangalan ay nagpalayas ako ng mga demonyo? Paano mong magagawa iyan at pagkatapos ay tumangging magpabautismo sa Pangalan ni Jesus? Kita n'yo? Ay, naku! Nakikita ba ninyo kung gaano kadaya? Umabot hanggang sa puntong iyon, pagtapos ay biglang malalaglag. Umaabot sila hanggang sa Salita, pagtapos ay malalaglag. Ngayon ay masdan n'yo ito. Ilalabas natin ito, sa loob lamang ng isang sandali. Marami ang magsasabi sa akin . . . Panginoon, Panginoon hindi ba nagsipanghula kami, naging mga propeta kami? . . . . . at sa pangalan mo'y . . . nangagpalayas kami ng mga demonyo? At sa pangalan mo'y nagsigawa kami ng maraming magaga-. . . maraming mga gawa? At kung magkagayo'y ipahahayag ko sa kanila, Kailan ma'y hindi ko kayo nangakilala: magsilayo kayo sa akin, kayong manggagawa ng katampalasanan. "Samantalang Iyo'y nailagay mismo sa inyong harapan, at nakita n'yo Iyon, nakita ninyo Iyong gumagalaw, nakita ninyong Iyon ang Salita; at alangalang sa kapakanan ng inyong denominasyon, ay nanangan kayo roon. Ni hindi nga kita kilala. Kahit pa nga gaano karaming demonyo ang napalayas mo, kahit ilan pa ang nagawa mong ganito, at ganoon; hindi kita kilala."

Ang sabi ni Balam, "Nanghula ako ng tama, sa Pangalan Mo. Nangyari iyon." 193 "Tama talaga 'yan, ngunit, pagdating sa Salita, tinanggihan mo Iyon." O, kapatid, nakikita mo ba ang nakadadayang bahagi? Hindi naman talaga siya "propeta", ngunit taglay ang Salita, ang tunay na Salita, ang bindikadong Salita na naipamalas. "Kayong mga manggawa ng katampalasanan."

137 Sinubok niya, sinubok ni Satanas na gayahin sa lahat ng kapanahunan ang tunay na Salita. Alam natin iyan, hindi ba?

138 Pansinin n'yo, umabot na sa guhit-hangganan at saka titigil. Tingnana n'yo, ang sabi Niya, sa Hebreo 6, ngayon, binabasa natin ito kanina. Sinabi ko sa inyong babalikan natin iyon, at babalikan nga natin sa kasunod na dalawang minuto. Ang sabi Niya; . . . datapuwa't ang mga tinik at dawag . . . ay malapit sa sumpa; at ang kaniyang kahihinatnan ay ang sunugin(Guhit-hangganan!) . . . sa mga nakalasap na. . . ng kaloob ng kalangitan, . . . "Nakalasap na," sa ibang pananalita, nakita na ninyo Iyon! Hindo mo lang [Pumalatak si Brother Branham -Ed.] natikman sa iyong bibig. Bagkus ay nakita mo Iyon, at alam mong Iyon ay katotohanan. Alam mong Iyon ay Katotohanan. "Nakalasap ng kaloob ng Kalangitan." . . . at mga nakabahagi ng Espiritu Santo, dahil Ito'y lumukob sa iyo, . . . nakalasap ng mabuting salita ng Diyos. . . "Nakalasap," nakita mong tama Iyon. "At ang Espiritu Santo ay lumulukob sa Iyo," ang dawag sa bukid. . . . at saka nahiwalay. . . "Itinatanggi ang pinaka Cristong luminis sa iyo, at tumawag sa iyo, at siyang nagpahid sa iyo." . . . wala nang haing natitira pa sa mga kasalanan, para roon. Wala na iyong kapatawaran! "Imposible nang malaman pa nila ang Katotohanan." Sapagkat di na maaaring baguhin pa silang muli sa pagsisis . . . na mga nakalasap na ng Espiritu Santo. Bumuhos Iyon sa mga dawag, kita n'yo, "Nagpasimula ako kay Jesus, at panginoon, magpapatuloy ako," ngunit kapag natumbok mo ang Salita ay bigla kang uurong. "Nakabahagi ng Espiritu Santo, o nakalasap pa nga, o nakita sa Salita na naipamamalas." Pagkatapos ay hihiwalay Dito, "hindi na talaga nila maaaring makita at matutunan Iyon." Iyan ay ITO ANG SABI NG KASULATAN. Ngayon, iyong . . . "Ang Langit at lupa ay lilipas, ngunit hindi Iyon." Nakikita ba ninyo? "Hindi ba talaga maaari." Sinabi iyan ng Biblia, at pinatotohanan iyan ng Espiritu.

139 Pansinin ninyo, bibigyan ko kayo ng isang halimbawa. Tingnan ninyo ang mga taong iyon na nagsilabas sa ilalim ng hula ni Moises, nagsilabas sa organisasyong iyon, at nagsilabas sa lahat ng bagay, sa ilalim ng hula, nakita nila ang mga dakilang gawa at mga kababalaghan, at ang iba pang mga bagay na gaya no'n, at nakarating sa pinaka guhit-hangganan ng pagpasok. Ngayon, Lee, doon na dumating ang iyong "pangalan sa Aklat." Kita naayos mo na iyon. At sa inyo na wala rito ngayon, at naririyan kayo sa - sa hook-up, si doctor Lee Vayle iyon na nakaupo rito. Isinasaayos niya ang balarila ng aklat na Ang Pitong Kapanahunan ng Iglesia. At napag-usapan ang problema, o ang katanungan, tungkol sa iyong "pangalan na nabubura sa Aklat ng Buhay ng Kordero." Kita n'yo, naguguluhan ang maraming ministro tungkol dito. Ngunit hintayin n'yong makuha ninyo ang aklat, mauunawaan ninyo kung mayroon kayong anumang Liwanag sa inyo. Kita n'yo.

Pansinin n'yo ngayon, itatalikod ninyo ang inyong mga ulo at ni ayaw ninyong tingnana Iyon dahil ayaw ninyong makita Iyon. Gaya ng laging sinasabi ng nanay ko noon, "Hindi ka makakukuha ng dugo sa singkamas 'pagkat wala iyong dugo."

140 Pansinin n'yo, ang liwanang ay kailangan dumating; wala iyon sa kadiliman, at hindi Iyon maunawaan ng kadiliman. Pansinin n'yo ngayon ang mga pinahiran sa araw na ito. Kung paanong inilabas ni Moises ang mga anak ni Israel; at nakinig sila at nalito sa dakilang bansang iyon doon. Ngayon ang israel noon ay interdenominational pa. wala silang sariling lupa at sariling tahanan. Patungo siya sa isang tahanan. Wala tayong iglesia. Hindi tayo . . . Pa-patungo tayo sa isang iglesia, ang iglesia ng mga Panganay, ang iglesiang nasa Langit; hindi ang Iglesia sa ibabaw ng lupa, na itinatag ng tao. Ang iglesiang nasa Langit, ang mga tinawag na palabas, nakatalaga sa Buhay na Walang hanggan, kita n'yo, patungo sa kanilang Tahanan. At nang humantong na sila sa dako kung saan ay kailangan nang tumawid. Nag-alinlangan sila sa Salita at nagsiurong sila. Matapos sina Josue at Caleb at ang kanilang mga kasama ay pumaroon at nagdala ng isang bungkos na ubas, bilang patunay sa kanila na naroroon nga ang lupain, ang Salitang pangako ng Diyos, "Isa iyong mabuting lupain, ng gatas at pulot." At itinawid nilang pabalik iyon sa kinaroroonan nila bilang patunay. At natikman nila iyon, at ang sabi, "O, o, gayon ma'y hindi natin kaya iyon." Anong nangyari? Nangamatay sila sa ilang. Nanatili sila roon at nagsipagtatag sila ng organisasyon, at nangamatay ang bawat isa sa kanila. Ngunit yaong nakatawid at nagsibalik na may dala, sina Josue at Caleb; si Moises ay nailipat. Isang tipo ng paghihintay para sa Iglesia; at ng pagkabuhay na maguli sa Lumang Tipan, sa Bagong Tipan; at ng naagaw na Katawan. Nakikita ba ninyo ang tatlo roon? Kailangan ihanay ang tatlong iyan, kita n'yo, gayon din, sa mananampalataya at sa hindi mananampalataya. Kita n'yo?

141 Pansinin ninyo, kung gaano iyon naging "Lubusan." Alalahanin ninyo, hindi kailan man pinatawad ng Diyos ang kasalanang iyon. [Kumatok ng apat na beses si Brother Branham sa pulpito -Ed.] Ngayon, paano silang makapapasok? Kung mga tinik iyon sa pasimula, mga tinik pa rin iyon hanggang sa wakas. Tanging ang nakatalaga ang makakikita Nito.

142 Pansinin ninyong maigi ngayon, katulad din naman ng mga kaarawan ni San Martin, bago sumapit ang mga Kapanahunang Madilim; isa siyang makadiyos na lalaki. Ilan ba inyo ang nakabasa ng mga sulatin ni Martin? Marami sa inyo. Pumaroon kami para kunin ang mga sulatin ni San Martin; ang sabi ng pari, "Ngunit hindi naman siya kinilala bilang santo." Siyanga , hindi nga, hindi ng simbahang iyon, ngunit kinilala siya ng Diyos. Sinabi sa atin ng Espiritu Santo na inilagay siya roon sa ikatlong kapanahunan ng iglesia. Kita n'yo?

143 Tingnan n'yo kung gaano siya makadiyos; tinawag siya, itinalaga. Ang mga magulang niya ay mga hiteno, ang ama niya ay isang sundalo. At nang gawin niya iyon, noon pa man ay naniniwala siya na may Diyos kung saan; isa siyang taong mahilig sa kagubatan, at nakikita niya ang Diyos. Isang araw ay napadaan siya sa isang siyudad, at may isang pulubing nakahiga roon, naghihingalo, nakikiusap sa sinumang . . . Giniginaw siya ng gabing iyon. "O," ang sabi, "bigyan ninyo ako ng kahit anong maaari kong ipangkumot; mamamatay na ako ngayong gabi."

144 Walang gustong tumulong sa kaniya. At tumayo lang si Martin sa isang tabi at pinagmasdan siya sandali. Walang gustong tumulong sa kaniya. Iisa lang ang jacket niya. Baka pati siya ay manigas sa ginaw. Naka-duti siya, kung i - ibibigay niya ang jacket niya. Kaya't naisip niya, kapuwa kami may tsansang mabuhay kung ibibigay ko ang kalahati nito sa kaniya." Kaya't kinuha niya ang jacket niya at hinati iyon sa dalawa sa pamamagitan ng sable niya, at ibinalabal niya iyon sa matandang pulubi. Ibinalabal niya ang kalahati sa sarili niya. Bawa't makakita sa kaniya ay nagsabi, "Nakakatawa ang hitsura ng sundalo. Nakakatawa naman ang kawal na iyan, kakalahati ang suot niyang jacket.

145 Kinagabihan, pagkatapos niyang magbantay at nakahiga na siya sa kama niya, ay bigla siyang nagising. Nang tumingin siya, ay naroo't nakatayo sa loob ng silid, ang Panginoong Jesus Cristo na nakabalabal ng damit na ibinalabal niya sa pulubi. Noon niya naunawaan na "Kung ano ang gawin mo sa Aking mga anak, ay sa Akin mo ginawa, sa Aking pinahiran," habang nakahiga siya roon. Isa siyang dakilang lingkod ng Diyos. Pinagtawanan siya at inusig siya ng iglesia, sinipa siya nitong palabas at lahat na, ngunit isa siyang propeta ng Diyos. Bawat sabihin niya ay nangyayari. Marami rin ang naniwala sa kaniya sa panahong iyon.

146 Nais kong ipakita sa inyo kung gaano kadaya ang diablo. Isang araw nakaupo siya sa kaniyang silid-aralan. Biglang may dumating na isang malakas na anghel, may putong sa kaniyang ulo, ginintuan ang suot na sapatos, puno ng laso ang ginituan niyang damit, at ang sabi, "Martin, kilala mo ba ako?" Ang sabi niya, "Ako ang iyong Panginoon at Tagapagligtas. Ako ang nagligtas sa iyo. Sambahin mo ako, Martin." Ngunit ang propetang iyon, dahil alam niyang may kung anong bagay na kakatwa roon, tiningnan niya siya ng mabuti. Ang sabi niya, "Martin, ako ang Iyong Tagapagligtas, na si Jesus Cristo. Sambahin mo ako. Hindi mo ba ako kilala Martin?

Matama siyang pinagmasdan ni Martin, nagbalik ang Kasulatan sa isipan niya. Ang sabi niya,

"Satanas, layuan mo ako." Ang sabi niya, "May putong ka na nasa ulo mo. At ang sabi ng Salita ng Diyos ay ang kaniyang 'mga banal ang magpuputong sa Kaniya' sa katapusan ng kapanahunan." Hindi ba't napakagandang pain iyan para sa mga Pentecostal? Masdan mo ang mga Salitang iyan, kapatid. Diyan n'yo malalaman ang kahalagahan.

147 Isang araw, muli, sa loob ng monasteryo, may isang matandang santo roon, isang lupon ng mga kabataang mongha. Isa sa kanila ang may pagkamainisin. Masdan n'yo ito, heto ang isang - isang magandang talinghaga ngayon. Nais niyang maging mataas sa kanilang lahat. Nais niyang magpasikat, magkaroon ng kapamahalaan, maging mas dakila, mas mahusay, mataas ang klase, alam na n'yo, at magmalaki. Kailangan niyang maging klasikal. Ang gusto niya, ang ibang mga kapatid na kalalakihan ay hindi. . . Alam n'yo na, kailangan niyang maging iba. Kita n'yo? Siya, sa lahat ng bagay, masyado siyang mayabang. Siya ang nag-iisang bato sa dalampasigan. Walang maaaring sumaling sa kaniya. Ngayon ay masdan n'yo kung ano ang nangyari. Kailangan niyang magkaroon ng isang bagay na malaki. Kailangan niyang pumantay sa malaking kalipunan. Nasusundan ba ninyo ako? Kita n'yo? Kaya ang sabi niya, nanghula siya. Ang sabi niya, "Ginawa rin akong propeta ng Diyos. Isa akong propeta."

148 Ngunit sabi ng batang ito, ang binata ay nagsabi, ang batang monha, beinte singko anyos. Ang sabi niya,"Ginawa akong propeta ng Diyos, at patutunayan ko ito sa inyo." Ang sabi, "Sa gabing ito ay bibigyan ay bibigyan ako ng isang malaki, magandang balabal; isusuot niya iyon sa akin, isang puting balabal, at mauupo ako sa kalagitnaan ninyo. Pagkatapos ay magsisilapit kayo sa akin, kita n'yo, at magsisisunod kayong lahat sa inuutos ko." 208 Ngayon ay ihambing n'yo iyan sa araw na ito, kita n'yo, "Ako ang magiging pinuno ng organisasyon. Ako ang mangangalaga sa inyo, sa inyong lahat na mga mongha." At totoo nga,, "Noong gabing iyon, may mga nagsinding ilaw sa gusali," ayon sa isinulat ni San Martin. Basahin n'yo iyon. At iyon ay tunay. Iyon ay kasaysayan. At sumindi ang mga ilaw, at nanood ang lahat, at narito at dumating. . . Nakasuot siya ng puting balabal, tumayo siya sa kalagitnaan nila. ang sabi niya, "Nakita n'yo na ang sinabi ko sa inyo?" Ngunit iyon ay salungat sa Salita.

149 At nang pumaroon siya sa matandang punong- guro ng kolehiyo, naglakad-lakad siya ng kaunti, at ang sabi, "Anak, parang hindi tama iyan sa aking pandinig." Ang sabi niya, "Iisa lang ang paraan." Heto na!"Iisa lang ang paraan para malaman natin. Sa tingin ay para ngang sobrenatural." Aba eh, susunggaban agad iyan ng mga Pentecostal, ang ugat, ang pabigat, ang tansi, pati na ang sima, at lahat na! ang sabi niya, "Maaaring tama ang himala, ngunit parang hindi iyon tugma sa Salita. Ngayon, mayroon tayong kasamang ganiyan, isang pinahirang propeta, na nagngangalang Martin. Halika, pumaroon ka sa kaniya." Ang sabi ng lalaki, "Hindi, hindi! Walang kinalaman si Martin dito."

At ang sabi, "Pumaroon ka pa rin." At hinawakan nila siya sa bisig, upang iharap siya kay Martin, at naglaho ang balabal niya.

150 Kita n'yo, "Dadayain ang Hinirang kung maaari." Kita n'yo, kilala nila sila. Ang sabi ni Jesus, "Nakikilala ng Aking tupa ang Aking Salita." "Oh," sasabihin mo, "pakinggan n'yo ang Aking Tinig." Iyan ang Salita Niya. "Hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao, kundi sa bawa't Salita." Kita n'yo? Alam ito ng predistinado. "Ang ibang salita, o ang ibang tinig, ay hindi nila susundan." Gayon ang nangyari sa mga taong iyon; ayaw nilang sumunod. Alam nilang naroroon si Martin, isang propeta sa kapanahunang iyon, pinakilala ng Diyos sa pamamagitan ng Salita; nakakikilala sa Salita. At hindi makatayo ang lalaking iyon sa harap Niyon.

151 Sinabi rin Niya, "Kung nasaan ang bagong katay na hayop," o ang Salita, "doon sa tamang panahon, nagkakatipon ang mga agila." Ngayon, iyan ay Mateo 24:28. Sa unahan lang ng kaunti, sa Mateo24:24; apat na talata sa ibaba nito. "Kung nasaan ang bangkay," kung nasaan ang Mana, ang Salita, "doon nagkakati[pon ang mga agila."

152 Ngayon, kailangan kong magmadali. Tumingin ako roon sa itaas at nakita ko kung anong oras na . . . Ang - ang oras ay pitung minuto o walong minuto makalipas ang ikalabingdalawa. Magmamadali ako nang husto, o tatapusin ba natin itong ngayong gabi, alin mang ang nais n'yong gawin. Ngayong gabi pagkatapos ng gawain, tingnan nga natin ang mga kamay n'yo, kita n'yo. Ay, naku makabubuting ituloy ko na lang. Ikinalulungkot kong napatagal ko ang mga nakikinig sa telepono, ngunit nagmamadali ako. Higit ang halaga nito kaysa sa inyong salapi. Naniniwala ako gayong nga ito, para sa akin, kita n'yo. Ang salapi ninyo ay lilipas. Ito ay hindi; Ito ang Salita. Kita n'yo?

153 "Kung nasaan ang bangkay, doon nagkakatipon ang mga agila." Kung nasaan ang Bangkay, kung nasaan ang - ang - ang bagong katay, doon nagkakatipon ang mga agila. Kung nasaan ang sariwang karne, ang Salita ng panahon, doon nagkakatipon ang mga agila. Ngunit kapag nabulok na iyon, doon naman nagsusuguran ang mga buwitre. Siyanga. Nakikita ba ninyo, kung ano ang nais kong sabihin? Kapag may bagong paslang, nagdaratingan ang mga agila; ngunit matapos iyong maiwang nakatiwangwang doon, at nabulok, nagdaratingan naman ang mga buwitre. Ayaw na iyon ng mga agila. Kita n'yo? Ang sabi ni Jesus, "Kung nasaan ang Bagong Katay na hayop," kung saan sariwang nahuhulog ang Mana, "doon magkakatipon ang mga agila upang kanin Iyon." Iyon ang mana para sa araw na iyon,

kita n'yo? Pansinin.

154 Ngunit pagkatapos nitong mabulok, nagdadatingan ang mga uod, pagkatapos ay nagdadatingan ang mga buwitre. Hindi nila maamoy iyon hangga't hindi bulok. Hindi kataka-takang tumayo roon si Jesus at nagsabi, "Jerusalem, kayo na bumato sa bawat propeta!" pansinin ninyo ang pantaong panghalip, kita n'yo, "Jerusalem, Jerusalem, gaano kadalas na ninasa Ko . . . Sino Siya? "Gaano kadalas na nais Ko kayong tipunin gaya nang pagtitipon ng inahing manok sa kaniyang mga sisiw, ikaw na nagpabato sa bawat propetang isinugo Ko sa inyo," ang dakilang iglesiang iyon, ang Jerusalem.

155 Hindi ang Jerusalem dito sa ibabaw ng lupa, "kundi tayo sa Jerusalem na nasa Itaas, "kung saan nagmula ang Salita, mula sa predestinasyon, kita n'yo. Hindi ang dating Jerusalem na pumapanaw; kundi ang bagong Jerusalem na hindi maaaring pumanaw. Hindi ang dating Jerusalem na itinatag ng tao; kundi ang bagong Jerusalem na itinatag ng Diyos, kita n'yo, ang Salitang naroroon sa itaas na ngayon ay naipamamalas na. "Sa tahanan ng Aking Ama ay maraming mansiyon. Paroroon Ako upang ihanda ang mga iyon para ssa inyo," ang Lumikha na gumagawa ng mga lansangang yari sa ginto, at iba pa. Iyon ang hindi nasisira.

156 "Jerusalem, Jerusalem, gaano kadalas kong inibig," mula pa sa simula ng panahon; hindi ang ikatlong persona, o sinuman, kundi, "Ibig Ko sana kayong tipunin sa ilalim ng Aking mga pakpak, gaya ng inahing manok sa kaniyang

mga sisiw, subalit ayaw ninyo. Ngunit ngayon ay sumapit na ang oras mo." Kita n'yo? "Kung nasaan ang bagong katay na katawan ng hayop, doon magkakatipon ang mga agila. Kita n'yo

157 Pansinin. Si Moises, hindi niya kailan man binigyan ang mga anak Diyos . . . Si Moises ay isang agila, at hindi niya kailan man niya binigyan ang mga anak Diyos ng mga tira-tira ni Noe. Taglay niya ang sariwang Salita. "Kinatagpo ako ng Panginoong Diyos sa ilang at pinatunayan Niya ang Kaniyang Salita, at isinugo Niya ako rito upang palabasin kayo." Pagkatapos ay nagsidating ang mga manggagawa na nagsipanggaya nito. Kita n'yo? Ngunit nasa kaniya ang Salita ng oras na iyon. Pagkat sinabi ng Diyos kat Abraham, yaong isang may taglay ng pangako, "Ang iyong binhi ay maglalakbay sa isang banyagang lupain, sa loob ng apat na raang taon, ngunit dadalawin Ko sila at ilalabas Ko sila sa pamamagitan ng isang makapangyarihang kamay."

158 Ang sabi ni Moises, "Ngayon, ang Diyos ay mangungusap sa akin at ipapakita Niya sa akin, at sinabi Niya sa akin kung ano ang dapat gawin, at sasabihin ko rin sa inyo." Ang sabi, "Si 'AKO NGA' ang sugo sa akin." Si "AKO NGA!" Hindi ang "Ako noon, o ang magiging Ako." "AKO NGA," pangkasalukuyan, ang Salita ngayon. Hindi ang Salita noon, o ang Salitang darating; ang Salitang naririto ngayon. Kita n'yo? Nakukuha ba n'yo? "AKO NGA!" Si "AKO NGA" ang Salita. Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos." Tama ba 'yon? "AKO NGA." Isinugo ako ng Diyos bilang Kaniyang propeta, upang patunayan Ito ay totoo. Ako ang kasagutan sa Salitang ito, kaya, pumarito Siya at isinagawa ito."

At nang gawin niya iyon, ang sabi ni Faraon, "Buweno, marami sa mga tauhan namim ang makakagawa rin ng ganiyan," mga manggagaya. Ang sabi ni Jesus, "Ngayon, muling mauulit iyan sa mga huling araw," kita n'yo, magsisipag-angkin din ng gayon. Masdan n'yo kung ano ang naunang dumating. Masdan n'yo kung ano ang nanatili sa Salita. Iyon na iyon. Doon na nagkakaalaman, kita n'yo.

159 Mapapansin natin, hindi kailan man ibinigay ni Moises sa kanila ang para sa panahon ni Noe, "Gumawa na tayo ngayon ng daong, 'pagkat iyon ang Salita, alam n'yo. Gumawa si Noe ng daong isang araw." Hindi, kinakain na iyon ng mga buwitre. Hindi, hindi. Hindi, hindi.

Ito ay pangakong Salita. Pansinin, dahil ang mensahe niya ay galing sa Diyos, nasa kaniya ang tunay na predestinadong Salita ng Diyos para sa oras na iyon. [Kumatok si Brother Branham ng tatlong ulit sa pulpito - Ed.] Hindi rin naman hinain ni Jesus sa kanila ang tira ni Moises. Nakay Moises ang Salita para sa oras na iyon, ngunit si Moises ay issang propeta. Heto ang Diyos Mismo, kita n'yo, hindi Niya sila hinainan ng - ng tira ni Moises. Ngunit tingnan lang ninyo ang mga buwitre sa loob ng organisasyon, nagpapakabundat sila roon. "Alam namin! Mayroon lamang Moises! Hindi Ka namin kailangan." 223 Ang sabi Niya, "Kung kilala ninyo si Moises, dapat sana'y nakilala ninyo Ako, sapagkat nangusap si Moises tungkol sa Akin." Ay, naku! Kita n'yo? "Kung saan naroroon ang katawan ng Bagong Katay na Hayop, doon magkakatipon ang mga agila." Mga agila! Ang bagong katay na Salita, ang Salitang pinalaki at pinataba at naipamalas at naipamahagi upang maging Pagkain ng mga anak. Ngayon, ang dating bangkay na nakaratay roon sa loob ng apat na raang taon, mananatili iyon doon. Ganito rin ngayon! Dinala ni Luther ang mensahe ng pagsisisi; ngunit kayong bungkos ng mga buwitreng Lutheran! Ang Baptist ay may mensaheng dala ngunit, kayong mga buwitreng Baptist! Kita n'yo? Ang Pentecostes ay may mensahe; pauwi na tayo ngayon, mga buwitreng Pentecostes! "Ngunit kung nasaan ang Katawan ng Bagong Katay na Hayop, doon nagkakatipon ang mga agila."

160 Alalahanin n'yo, hindi maaaring pakainin ang isang Lutheran, noong mga panahon na iyon(maaari na ngayon), ng bangkay ng Catolico. Hindi po. Sariwang karne ang nasa kaniya. Iyon ang kapanahunan iyon

ng iglesia. Hindi mo maaaring pakainin ang mga Metodista ng mensaheng Lutheran. Ay, hindi, ayaw niya ng bangkay na iyon. Bulok na iyon. Kita n'yo; lumisan na ang Buhay mula roon at nagtungo na sa iba. Iyon ang dating tangkay na patay na, noon pa. ang Buhay ay patuloy sa pagsulong. Hindi rin ninyo, maaaring pakainin ang Nobya ni Jesus Cristo ng mensaheng Pentecostalismo. Hindi, talagang hindi! Mga organisasyon ginapangan na ng uod; hindi,hindi! Hindi, hindi! Dahil ang pangako ay, "At bago dumating ang dakila at kakila-kilabot na araw, susuguin Ko sa inyo si Elias na propeta. Muli niyang panunumbalikin ang puso ng mga anak sa pananampalataya ng mga Ama." "Lahat ng mga pangakong ito na naipangako sa Biblia, ay tutuparin Ko, at doon magkakatipon ang mga agila." "Lahat ng ipinagkaloob sa Akin ng Ama ay magsisilapit sa Akin." Kita n'yo?

161 Hindi iyon sinubukan gawin ni Jesus. Ngunit nang dumating si Jesus, nasumpungan niya ang laksa-laksang mga buwitre, "Nasa amin si Moises at pati na ang kautusan." Kita n'yo? Buweno, mabuting kanin iyon noong araw na katayin iyon at ipagkaloob sa kanila, kita n'yo, mabuti iyon noon. Ngunit ito yaong naihula kay Moises, mismo,, na pumatay ng hain, ang sabi, "Ang Panginoon ninyong Diyos ay magpapalitaw sa kalagitnaan ninyo, mula sa inyong mga kapatiran, ng isang Propeta. At mangyayari; na ang sinumang hindi sumusunod sa propetang iyon at sa Kaniyang sinasalita, ay mahihiwalay sa kapisanan." At nagkagayon nga.

Tingnan n'yo kung paanong anim na raang iba't-ibang hula ang natupad doon, mula sa Lumang Tipan, kay Jesus Cristo. "Tinusok nila ang aking mga kamay at paa." Mga, nalimutan ko na kung ilan ang natupad sa huling pito o walong oras ng kaniyang buhay, lahat ng sinabi ng mga propetang iyon, tamang-tama

162 Kung manghuhula ako ngayon na ang isang bagay ay magaganap isang taon mula ngayon, marahil ay mayroon akong - mayroon akong dalawampung porsiyento tsansa na magaganap iyon, tama man iyon o mali. At kung hinula ko na mangyayari ang bagay na iyon, at pagkatapos ay hindi ko sinabi kung kailan, mas liliit ang porsiyento ko. Kung hinulaan ko kung kailan iyon, mas liliit pa ang tsansa ko. Kung huhulaan ko naman kung saang lugar iyon mangyayari, lalo nang liliit ang tsansa ko. Kung huhulaan ko ang . . . kung sino ang tutupad niyon, kung gayon ay marahil isa sa isandaang libo ang magiging tsansa ko na mangyari iyon, kung hindi iyon totoo. Ang bawat Salita, aleluia, na nasulat tungkol sa Mesiyas na iyon, ay natupad maging sa pinakatitik nito. Hanggang sa isang araw, sa isang araw habang binabasa Niya ang kasulatan, bigla Siyang tumigil sa gitna ng pangungusap, at nagsabi, "Ang Espiritu ng Diyos ay nasa Akin upang ipangaral ang Ebanghelyo, at iligtas ang . . ." At bigla Siyang tumigil sa kalagitnaan ng pangungusap na iyon, dahil ang naiwang pangungusap ay tumutukoy sa Kaniyang Pagdating. Amen! "Langit at lupa'y lilipas; ngunit hindi ang Aking Salita." Kita n'yo?

163 Siya ang Salita noon, iyon ang kinakain nila noon. Sinabi ni Moises sa kanila ang Katotohanan; ngunit, kita n'yo, lagi nila iyong ginagawang isang denominasyon, upang ang mga buwitre ay mag . . . Mayroon pang natira roon matapos manginain at magsiuwi ang mga agila. Pagkatapos ay naghihintay sila ng iba pa. "Ang Salita," ang sabi nila, "dapat ay dumating ito. Kumain kami ng caribou kaninang umaga, bukas naman ay tupa ang kakainin namin." Nakikita ba n'yo ang gusto kong sabihin? "May bangkay ng caribou doon, nabubulok na, ngunit may darating na tupa ngayon. Nasaan na kaya iyon? Nakikita ba ninyo kung ano ang gusto kong sabihin? Pagkain ng Anghel! Ang mga taong kumain ng mana noon, kung magtitira sila hanggang kinabukasan, mapapanis iyon. Hindi ba ninyo nakikita ang lahat ng mga tipo, kung gaano kasakdal ang mga iyon? Ganito rin ngayon!

164 Pansinin ninyo, ang mga buwitre ng kaarawan ni Jesus ay nagpapalayas din ng mga demonyo; mga pinahiran sa lumang bangkay. Tama ba iyon? Nagpapalayas sila ng mga demonyo. Sinabi iyon ni Jesus. At alalahanin ninyo, may mga propeta sila noong mga araw na iyon. Si Caifas, ang punong saserdote, ay nanghula. Ilan ba ang nakaaalam niyan? Nang hula si Caifas. Pansinin ninyo ang kalagayan ng damo sa bukid; dinidilig iyon ng iisang pagkapahid. Bakit sinabi sa Biblia na nanghula siya? "Sapagkat siya ang saserdote sa taong iyon." Isang bulok na tagapulot ng basura, isang damo at tinik, na nakahalo sa mga Trigo;datapuwat ang Espiritu ay nasa kaniya, ang tunay na Espiritu Santo ng Diyos. Ang Espiritu Santo ay nasa kaniya, upang mangaral, manghula, at itayang magaganap ang pangyayaring iyon; at tinanggihan at ipinako sa krus ang pinaka bindikadong Salita ng oras na iyon. O, habag, kapatid! Gaano pa katagal natin dapat sabihin ang mga bagay na ito, kita n'yo, gaano pa dapat isa-isahin ang mga kasulatan? Magmamadali ako. Mayroon pa akong mga sampung pahina rito, ng mga Kasulatan, kung paanong mapatutunayan ang lahat ng bagay. "Ang araw ay sumisikat sa matuwid at sa hindi matuwid, kapuwa."

165 Sinabi ni Jesus na subukin iyon. "Kung nagpapalabas Ako ng demonyo sa pamamagitan ng daliri ng Diyos, sa pamamagitan ba ninyo sila pinalalabasng inyong mga anak?" Ngayon, nagpapalabas sila ng mga demonyo. Nagsisipanghula sila. Tama ba 'yon? Ngunit hindi Siya kinilala bilang Salita ng oras na iyon, (bakit?) sapagkat hindi nila Siya kasama. Ngayon ay kunin n'yo ang Mateo 24:24, "Ang mga bulaang Cristo," mga pinahiran," ay magsisilitaw, at magkakaroon ng mga bulaang propetang magsisipanghula nito," kita n'yo, "at dadayain ang mga pinaka Hirang kung maaari." Nakukuha na ba ninyo ngayon?

166 Pansinin ninyo ang mga anak. "Sa pamamagitan ninyo sila pinalalabas ng mga anak . . . Kung nagpapalabas Ako ng mga demonyo sa pamamagitan ng Salita ng Diyos," at Siya ang Salita ng Diyos, "sa pamamagitan ninyo sila pinalalabas ng inyong mga makadenominasyong anak?" Ngayon, at ang Diyos lang ang nakapagpapalabas ng demonyo, alam natin iyan, tanging ang Diyos lamang. Dahil ang malakas na lalaki ay kinakailangang maging mas malakas kaysa sa puno ng sambahayan. May kapangyarihan sila upang gawin ang mga iyon. Alam n'yo. Sa Apocalipsis, ay sinabing kaniyang . . . ang anticristong iyon na lilitaw sa huling mga araw, "ay nakagawa ng mga tanda at kababalaghan, na nakapandaya sa mga nananahan sa ibabaw ng lupa, at dinaya silang lahat, mga Cristiano at lahat na, na ang mga pangalan ay hindi nakasulat sa Aklat ng Buhay ng Kordero," bilang tugon sa Mateo 24:24, "na ang mga pangalan ay hindi nasulat sa Aklat ng Buhay ng Kordero mula pa nang itatag ang sanlibutan." Ang Buhay na iyon nasa ugat ng - ng tunay na puno ng orange na iyon, na nagdaan sa lahat ng citrus at sa lahat ng bagay, at nagdaan at naglagay ng bunga sa tuktok ng puno, sa itaas ng lahat ng mga makadenominasyong hugpong at sanga. Nakuba ba ninyo? Magmamadali ako. Ang malakas na lalaki . . .

167 Alalahanin ninyo si David, tapat din siya at sinsero rin naman, nagsikap siyang gumawa ng isang paglilingkod sa Diyos nang hindi naman siya nakatalaga upang gawin iyon. "Sila," ang mga pinahiran; ngunit sinabi ni Jesus, "Nagtuturo sila bilang pinaka-aral ng pagpapaliwanag(ng mga Kasulatan) ng tao," kita n'yo, hindi ng Salita ng Diyos, hindi ang Kaniyang bindikadong Salita, nagtuturo ng isang pangkasaysayang Cristo, kita n'yo, isang bagay na naganap na. Ang sabi ng Biblia, "Siya nga." "AKO NGA," hindi, "Ako noon at Ako ang magiging." "Ako nga ngayon din." Siya ang Salitang iyon na nabubuhay dito. Naroon Siya sa pasimula, Siya sa . . . naroon Siya sa - naroon Siya sa mga dahon; naroon Siya sa bulaklak; naroon Siya sa Ipa; ngunit ngayon ay nasa Butil na Siya.

168 Ngayon, babalik ka ba upang muling mabuhay? Ano kaya't bumaba ang Buhay na iyon, sa palagay n'yo ba kung makapagsasalita ang Buhay na iyon(na umalis), magbalik pa kaya iyon, matapos matuyo ang ipang iyon; magbalik pa kaya iyon upang muling mabuhay doon? Hinding-hindi, "Sapagkat hindi na maaari na ang mga minsan nang naliwanagan," at hindi sumulong kasama ng Salita habang nagdaraan Iyon, "patay na sila, wala na; at ang mga tinik at dawag na malapit nang itakwilna ang magiging wakas ay ang sunugin." Tama ba 'yon? Ngayon nagmamadali ako sa abot ng makakaya ko.

169 Pansinin ninyo ang kasulatan ngayon. Nagtuturo ng isang pangkasaysayang Diyos, kita n'yo na parang nagpipilit silang mabuhay sa nakaraan, gaya ng, "Buweno, ang sabi ni Wesley ay ganito-at-ganoon. O, ganito-at-ganoon ang sabi ni ganito-at-ganoon." Tinatanggihan ninyo ang pangakong Salita para sa araw na ito, ang mana na malinaw na naipakilalang siyang sa araw na ito. Pinagpipilitan nilang ilagay ang dati nilang Lutheran, Baptist, Pentecostal na alak sa mga bago nating sisidlan. Hindi iyon maaari. At ang bago nating Alak sa mga lumang sisidlan nila, ay hindi rin naman maaari. Kung pipilitin nilang ilagay ang bagong Alak na ito sa kanilang denominasyon, malalantad ang kanilang kahangalan. Hindi nila maaaring gawin iyon. Pasasabugin siya Nito.

Ngayon, kapatid, nakikita ko ang Salita ng Diyos, sakdal na sakdal, sa pamamagitan ng Salita!" "Ngayon , tumingin ka rito, Doctor, kung . . . Hi - hindi natin maaaring tanggapin Iyan." Ned , sa palagay ko'y naranasan iyan nito lang. "Talagang, talagang hindi namin maaaring tanggapin iyan ngayon. Mas - mas makabubuti siguro umalis na lang kayo." Alam n'yo na. kita n'yo, hindi maaari iyon. Sasabog iyon. "Hindi ka maaaring magtagpi ng bagong tela sa lumang damit, 'pagkat lalo lamang mapupunit iyon." Kita n'yo? Hindi ba't sinabi ni Jesus iyon? Hindi mo maaaring isalin ang bagong Alak sa mga lumang sisidlan. Pasasabugin sila niyon. Ang bagong Alak ay may Buhay. Mabuti.

170 Pansinin ninyo ang isang bagay dito, madaliin natin ngayon, habang winawakasan natin ang . . . ang ating usapan. Pansinin ninyo ang Apocalipsis 16:13 hanggang 14, kung nais ninyo iyang isulat. Baka hindi ako magkaroon ng oras para talakayin iyan. Nais kong makatiyak na makikita ninyo ito.. ngayon ay pansinin ninyo, ito ang pag-ihip sa pagitan ng Ika-anim at ikapitong Mangkok.

Ngayon ay mag - magwawakas na tayo sa loob lamang ng isang minuto, kung makapagtitiis pa kayo ng ilan pang minuto. Magwawakas na ako ngayon.

Pansinin ninyo ang Apocalipsis 16:13 hanggang 14, sa pagitan ng Ikaanim at Ikapitong Mangkok, "May tatlong masasamang espiritu na gaya ng palaka" (napansin ba ninyo iyon?) "na lumabas sa bibig ng kung sino." Ngayon ay pansinin ninyo nang madalian. Handa na ba kayo? Sabihin ninyo "Amen." [Ang sabi ng kongregasyon, "Amen." -Ed.] Isang trinidad ng mga espiritu!

171 Ngayon, mga makadenominasyonal kong kapatid, maupo ka lang diyan. Huwag kang tatayo at lalabas sa silid na ito, maging sa mga nakikinig sa radyo, sa telepono hookup. Huwag ninyong papatayin ang mga tape recorder ninyo. Maupo lang kayo sandali at makinig. Kung isinilang kayo ng Diyos ay makikinig kayo.

172 Isang trinidad ng mga palaka! Ang palaka ay isang hayop na laging nakatingin sa likuran. Hindi siya tumitingin kung saan siya patungo; tumitingin siya sa pinanggalingan niya. Kita n'yo? Hindi ba ninyo nakikita? Saan ba isinilang ang trinitarianismo? Alalahanin ninyo, "tatlong maruruming espiritu," magkakaibang espiritu. Nakukuha ba ninyo? [Sumagot ang kongregasyon ng, "Amen." -Ed] 241 Pansinin

ninyo, tumitingin sila pabalik sa Konseho ng Nicaea kung saan ay isinilang ang aral tungkol sa trinidad, hindi sa Biblia. Walang ganiyan dito. Tumitingin silang pabalik sa Konseho sa Nicaea, sa Nicaea, Roma, kung saan isinilang ang trinidad. Pansinin ninyo kung saan sila nanggaling. Pansinin ninyo. At ang trinidad ng mga palaka ay galing sa matandang trinidad, na nagluwal sa bagong trinidad, ang kanilang ina. Saan ba iyon lumabas? Sa isang trinidad, "ang dragon," kita n'yo, "ang hayop," at ang "bulaang propeta." Isang trinidad, bago. Dahil kailan ba nagsilabas ang mga palakang ito? Kailan nga ba? Pansinin, noon pa man ay tatlo na sila, ngunit hindi naipamalas ang mga iyon hanggang sa sumapit ang pagitan ng Ika-anim at Ikapitong Mangkok, bago mabuksan ang Mga Tatak upang ihayag iyon. "Sapagkat sa Mensahe ng ikapitong anghel, ang mga hiwaga ng Diyos ay mahahayag," lahat ng mga bagay na ito na maka-trinidad, at ang mga bulaang bautismo at lahat ng mga bagay na ito ay nakatakdang maipamalas. Tulungan nawa tayo ng Diyos na makita kung ano ang Katotohanan! At huwag nawa nating isipin na kung sino lang ito na nagpupumilit na magsabi ng kung ano para . . .

173 Nararamdaman ko ang espiritung iyon na tumatanggi Riyan, kita n'yo. Hindi ako nangungusap tungkol sa sarili ko, kapatid. Ang tinitukoy ko ay ang Anghel ng Panginoon na nasa loob ng kampamento. Iyan nga talaga. 243 Pansinin ninyo, isang trinidad! "Ang dragon." Ilan ba sa inyo ang nakaaalam kung ano ang dragon? Iyon ang Roma. "At tumayo ang dragon sa harap ng babae upang kainin niya ang kaniyang anak sa sandaling isilang siya." Tama ba 'yon? Ano ba ang ibig sabihin ng "hayop" sa Biblia? Kapangyarihan. Mabuti. "Bulaang propeta, isang bulaang propeta," isang bulaan, pinahiran. Kita n'yo?

174 Saan iyon nagmula? Ito ay "bulaang propeta," pang-isahan. "Bulaang propeta," ang unang papa; at mula roon ay lumabas "ang - ang patotot, at ang ina ng patotot," ang kabuuan nito. Isang bulaang trinidad ang lumitaw; hindi sa mga unang araw, hindi iyon naipamalas sa mga unang araw, dumaan iyon doon. Ngunit nang dumating ang pitong tatak at nabuksan ang mga hiwagang iyon, at naipahayag ang mga iyon, doon na lumabas "ang mga palaka, ang tatlong maruruming espiritu gaya ng palaka, ay nagsilabas upang ipamalas ang kanilang sarili", isang doktrinang trinidad laban sa Katotohanan. Kita n'yo? Hah! Nakikita ba ninyo kung saan iyon nagmula? Nakikita ba ninyo kung saan iyon magbabalik? Sa Konsehong Ekumenikal. Magkakapatid naman kasi sila; magkakatulad ng espiritu, iyon din. At masdan. Napakadaya, nakagagawa ng mga himala! At ito ay mga diablong pumaparoon sa lahat ng mga diyos sa lupa, gumagawa ng mga himala, upang dayain sila sa huling araw, at magtatagumpay sila sa paggawa nito. Ano nga ba ang sinabi ng Diyos tungkol sa masamang espiritung iyon? Ang sabi, "Mananaog ako at paroroon ako sa bibig ng mga bulaang propetang iyon at uudyakan ko silang manghula ng kasiningalingan, uudyukan si Ahab upang maparoon siya at mapahamak."

175 Ang sabi ng Diyos, "Humayo ka. Magtagumpay ka. Mapapaniwala mo sila. Wala sila sa Salitang iyon simula't sapul." Kita n'yo? "Humayo ka sapagkat mapaniniwala mo siya. Ikaw ang gagawa niyon kapag nalukubang mo ang mga propetang iyon, 'pagkat nagtitiwala siya sa kanila. At wala siyang kamuangan sa Salita, at hindi rin siya magsisikap na matutunan Iyon. Hindi niya iyon magagawa dahil siya ay isang dawag, sa pasimula pa lang," kita n'yo? Kita n'yo? "Magtatagumpay ka."

176 Tingnan n'yo ang mga bulaang palakang ito, nakatingin sa likuran, "Aba, alam n'yo ba kung ano ang sinabi nila noon sa Nicaea?" Hindi mahalaga sa akin kung ano ang sinabi nila, doon sa Nicaea. Ang sinasabi ko ay kung ano ang sinabi nila rito sa luklukan ng Diyos, kung ano ang magaganap, hindi kung ano ang naganap na; kundi kung ano ang nakatakdang maganap, dahil siya ang "AKO NGA." Kita n'yo? "Bulaan." Tingnan n'yo 'yan. Hah! Pansinin n'yo kung saan sila nagmula.

177 Ngayon ay makinig ng mabuti. Malinaw nating makikita, matapos mabuksan ang Pitong Tatak, na iyon ang maghahayag ng hiwagang iyon. Ano ba ang trinidad na iyon? Kita n'yo? Saan ba iyon unang tinawag na trinidad? Kita n'yo? Saan ba sa Biblia nabanggit ang salitang trinidad? Saan ba mayroong tatlong Diyos, na sasamba tayo sa tatlong Diyos, nang hindi tayo nagiging mga hiteno? Paano ba silang magiging hiwalay, samantalang ang sabi Niya,"Ako at ang Aking Ama ay iisa?" "Maliban sumampalataya kayo na Ako nga Siya, mamamatay kayo sa inyong mga kasalanan, kita n'yo, sa inyong kawalan ng pananampalataya." Ang kasalanan ay di pananampalataya. Mamamatay kayo sa inyong di pananampalataya." Oh, sino nga ba Ako, saan ba sa palagay mo Ako galing? Oh, kilala mo ba ang Ama, o ang Ngalan Niya? Maaari mo bang sabihin sa akin kung sino Siya? Ako yaong nangusap kay Moises sa apoy na palumpong, Ako ang Diyos ni Abraham, ang Tala sa umaga, Ako ang Rosa ng Saron, oh, saan ba Ako nagmula? Oh, kilala mo ba ang Ama, ano ang Ngalan Niya?(Amen) Ako ang Alpha, ang Omega, ang Pasimula't Wakas Ako ang sangsinukob, Jesus ang Ngalan Niya.

178 Tama 'yan, walang trinidad! Wala po, Bulaan iyon. Ang Pitong Tatak, nagbubukas ng mga hiwagang iyon na "dapat nang maganap," ay nagpakita. Ang Tatak ay nabuksan; naglantad iyon, nagpakita, nililinaw ang nakatagong Katotohanan na itinago ng mga Tatak sa loob ng mga taong ito, sa loob sa lahat ng mga iglesia at mga denominasyon. "Ang dakilang patotot," ng Apocalipsis ikalabing - . . . Sino siya? Ngunit Siya "ANG INA NG MGA PATOTOT," Kita n'yo?

179 "Ngayon, tinawag mo silang 'mga buwitre'" sasabihin mo, Brother Branham." Tama 'yon. Ngunit alalahanin, ang buwitre ay isang ibon. Pinahiran din siya upang lumipad. "Ang dalawang espiritung ito ay

magiging hawig na hawig na dadayain nito ang Hinirang. Ang buwitre ang singlaki ng - ng agila. Nakalilipad siya tulad ng agilang iyon; at pinahiran siya upang lumipad, o mangaral o manghula, pansinin, katulad din ng isang agila. Ngunit hindi niya masusundan ang agila sa taas ng lipad. Hindi, hindi. Kung susubukan niyang sabayan ang agila, ang kahangalan niya ay maipamamalas. Opo. Hindi niya aabutan ang agila. Oh, maaaring sabihin niya, "Naniniwala akong si Jesus Cristo ay Anak ng Diyos. Naniniwala ako sa Diyos Ama, Makapangyarihan sa lahat, Lumalang ng langit at lupa; kay Jesus Cristo na Kaniyang Anak; at iba pa." Oh, siyanga, magagawa nila iyon. Ngunit kumusta naman ang tungkol sa hindi Siya nagbabago kahapon, ngayon, at magpakailanman? Kita n'yo?

180 Ang agila ay isang bukod tanging ibon sa kaniyang pagkalikha. Walang tulad niya sa ibabaw ng lupa. Kita n'yo? Siya - siya . . . Kung susundan siya ng buwitre, o ng alin mang ibon, ay magkakalasug-lasog siya. Mailalantad ang kaniyang mga kahangalan, tiyak na tiyak. Sasabog siya kung pipilitin niyang maglagay ng bagong Alak sa lumang sisidlan. Kita n'yo, sasabog siya. Magkakalasug-lasog siya. Hindi siya nilikha, hindi siya . . . Ang pagkakayari ng katawan niya ay hindi makatatagal doon sa itaas. Kapag umabot siya roon sa mga kaitaasan doon sa gawi roon, kung hindi siya nilikha, itinalaga, predestinado, isinilang na isang agila ay sasabog siya at magkakapira-piraso ang katawan niya. Kita n'yo? Ang mga balahibo niya ay magkakalagas sa kaniyang mga bagwis, at mahuhulog siya sa lupa. Siyanga. Hindi niya maaaring sundan ang agila, sa taas ng lipad. Kung tatangkain niyang gawin ito, mailalantad ang kaniyang kahangalan. Tama 'yan. Hindi mo ito magagawa.

181 Bakit? Hindi niya kayang tumingin na tulad ng isang agila. Ano'ng mapapala mo kung magsisikap kang tumalon nang napakataas, at hindi mo naman makita kung nasaan ka 'pag naroroon ka na? at kung susubok siyang gumaya sa agila, sa taas ng lipad, lubos siyang nabubulag na hindi niya alam kung ano'ng ginawa niya. Tama 'yan. Sumisigaw siya at nagtititili, at nagwawala; ngunit bigkasin mo lang ang Salita sa kaniya, aba, doon mo makikita ang kahangalan niya. Kausapin mo siya tungkol sa bautismo sa Ngalan ni Jesus Cristo, o, tungkol sa hindi Niya pagbabago kahapon, ngayon, at kailanman, lahat - lahat ng iyon, at sabihin mo sa kaniya. "Aba, o, ngayon, teka muna!" Kita n'yo? O, siyanga, hayun at nagkakalagas ang kaniyang mga balahibo. Kita n'yo, naglulundag siya, at nagsasalita ng ibang wika, at nagsisisigaw, at nagwawala, nagtatakbong pabalik-balik sa sahig. Ngunit huwag kayong magtatangkang sumunod doon sa Itaas, aba, tiyak na makikilala siya. Gayon man ay nakatalaga siya. Pinahiran siya. Nakalilipad siya. Nagagawa niyang ibalanse ang sarili niya, pumaroon sa itaas, ngunit hindi . . . may hangganan ang taas ng lipad niya. Kita n'yo, magagawa niyang kumain ng isang bangkay, ngunit hindi niya magagawang kumain ng sariwang Karneng nagmumula sa Luklukan. Bulag siya. Dalang-dala ang damdamin niya ngunit hindi niya alam kung bakit. Kita n'yo ang espiritu ring iyon na lumukob sa kaniya, gaya ng ulan, upang gawin siyang isang trigo; hindi naman talaga siya trigo mula't sapul. Sasabog siya. "O, hindi ko kayang sang-ayunan, o kung anong . . . O, hindi po! Alam kong sinabi ni Doctor Jones na . . ." Mabuti, sumulong ka. Kita n'yo? Sumulong ka kung gusto mo.

182 Hindi, pansinin, hindi siya isinilang, o ginawa, o itinalaga upang maging gayong uri ng ibon. Magagawa niyang . . . Isa siyang . . . maaaring isa siyang kahel na tumutubo sa issang puno ng orange, ngunit hindi siya nagmula sa mga ugat. Siya ay isang bagay na dinagdag. At kapag tumaas na sila nang husto sa kanilang denominasyon na hindi na nila makita ang predestinadong Salita ng Diyos na nabibindika, kung gayon ay mailalantad ang kahangalan nila. "o, ang bagay na iyon, ang Sinag ng liwanag sa kaniyang ulo, at lahat na, oh, wala Iyong saysay." Kita n'yo? Nalalantad.

183 Hindi siya nilikha upang makakita nang gayon kalayo. Ang abot lang ng pananaw niya ay ang ipinahihintulot ng kaniyang maka-denominasyong antipara. Ngunit, paglampas no'n, kasing bulag na siya ng isang paniki. Doon na siya mahahayag ang kahangalan niya. Kita n'yo? Doon naman ginaganahan ang isang agila sa pagkain. Opo. Doon na nalalaman ng tunay, hinirang na mga agila kung sino siya. Kung hindi niya kayang tanggapin ang Salitang iyon, alam kaagad nila na isa siyang maka-denominasyong buwitre. 254 Bakit, bakit hindi siya makalipad? Dahil, tingnan n'yo kung ano ang kinakain niya. Ang kinakain niya ay bulok na maka-denominasyong bangkay. Hindi iyon . . . Hindi niyan magagawang espirituwal ang kaniyang katawan, hindi siya mapalulusong nito sa espirituwal na kalagayan, sa ibang pananalita, hindi siya madadala nito pataas lampas sa mga makadenominasyong pagkakaiba-iba, kita n'yo? Kita n'yo, busog siya ng mga pagkaing bulok; iyon ang bumuo ng kaniyang katawan. Hindi siya makapanhik doon sa itaas kung saan dinadala ng sariwang Karne ang agilang iyon. Sadyang hindi niya magagawa iyon. Kita n'yo?

184 Iyon ay tutupad sa Mateo 24:24, lumilipad siya, pumapailanlang sa himpapawid, ikinakampay ang kaniyang mga bagwis, ngunit hindi talaga siya makaabot sa tamang taas. Kita n'yo? Tama 'yan. Kita n;yo, hindi siya makaparoroon. Hindi siya makalipad sa sapat na taas upang makuha ang sariwang manang iyon. Magagawa niyang kunin ang lumang mana doon sa lupa, ang luma at patay na kuneho na nasagasaan mahigit nang isang linggo ang nakaraan, o apat na pung taon na ang nakalipas, bulok na. magagawa niyang kunin iyon, at magpapakabundat siya roon, at makahuhuni siya at makasisigaw, at makapagwawala siya at makalilipad gaya ng isang agila. Pinahiran din siya tulad ng ibang ibon. At siya ay tipo ng isang agila, itong buwitre. Alam natin iyan. Tunay ngang siya ay gayon, ngunit hindi niya

magagawang sundan ang isang tunay na agila. Kita n'yo? Hindi talaga niya kaya. Hindi po. Hindi nilikha ang katawan niya upang makatagal doon; ang kinakain niya ay ibang bangkay, kita n'yo, hindi iyon maaaring . . . hindi iyon maaaring - hindi iyon sariwang Karne; ang sariwang Mana. Iyon ay isang bagay na sinabi ni Luther, sinabi ni Wesley, o sinabi ni Doctor ganito-at-ganoon. Hindi iyon nakabatay sa kung ano ang sinabi ni Jesus para sa oras na ito.

185 Humayo na tayo at magwakas. Mga pinahiran, "Mga Cristo," sa huling mga araw, ngunit "mga bulaang guro at bulaang propeta." Pansinin n'yo kung gaano ito kahawig! Ngayon ay nais kong ihambing ninyo ito; wala tayong oras upang basahin ito nang malakas, ang mateo 24:24, sa Ikalawang Timoteo 3:8. Ang sabi ng mateo 24:24, sa huling mga araw, kita n'yo, "Magsisilitaw ang mga bulaang Cristo, "bulaan, mga pinahiran,"mga bulaang propeta, at magpapakita ng mga tanda at kababalaghan," katulad na katulad Niyaong tunay - Yaong tunay, "at - at halos ay madadaya ang pinaka Hirang!" Ngayon ay pansinin, si Jesus ay nagsasalita.

186 Heto naman si Pablo sa likuran Niya, at ang sabi niya, "Ngayon sa mga huling araw ay magsisilitaw ang mga relihiyoso, kita n'yo, may anyo ng kabanalan. At binibihag ang mga babaeng haling, sa lahat ng uri ng makasanlibutang pita." At nagtataka sila, at ang sabi, "Bakit ba pinag-iinittan mo ang kababaihan?" Oh, alang-alang sa kabutihan . . . Talagang hindi nila makita Ito.

"Binibihag ang mga babaeng haling, na lipos ng mga kasalanan, nahihila ng iba't ibang pita," palayo sa mga bagay na gaya . . . ng . . . kita n'yo, "At gaya nina Jannes at Jambres. . ." Mateo 24:24, "mga bulaang Cristo," bulaan, pinahiran, gumagawa ng mga tanda at kababalaghan upang dayain ang Hinirang. "Ngayon, tulad nina Jannes at Jambres na nagsilaban kay Moises, gayon din naman may mga itinakwil na ito; masasama ang isip tungkol sa Pananampalataya." Hindi sa "isang" pananampalataya. "Sa Pananampalataya!" "Isang Pananampalataya, isang Panginoon, isang bau- . . ." Hindi kayo maaaring magkaroon ng "isang Pananampalataya." Hindi kayo maaaring magkaroon ng dalawang bautismo, at hindi maaaring magkaroon ng isa para sa Ama, Anak, at Espiritu Santo. "Isang bautismo," Jesus Cristo. Tama 'yan. Kita n'yo, bulaang bautismo!

187 Pansinin, paghambingin n'yo ang mga ito sa inyong pag-uwi. Pansinin n'yo ang Mateo 24:24, si Jesus ang nangungusap; si Pablo sa Ikalawang Timoteo 3:8; marami pang iba. At ngayon ay paghambingin ninyo iyan.

At pagkatapos ay ilagay pa ninyo ang isa pang Kasulatan, Lucas 17:30, Malakias 4. "Gaya nina Jannes at Jambres na nagsilaban kay Moises," ang pinahirang Salita ng oras na iyon, "gayon din naman na ang mga kalalakihang ito," hindi isang lalaki lamang, "mga kalalakihan," mga pinahiran, ay "magsisilaban sa Katotohanan."

"Sa pinaka-araw na ang Anak ng Tao ay maihahayag." Apocalipsis 10:1 hanggang 7, basahin n'yo ito pagdating n'yo sa bahay, "ang Mensahe ng ikapitong anghel, bubuksan ang mga Tatak." Ano iyon? Ang anghel ay hindi ang Anak ng tao, kundi ang mensahero ang naghahayag sa Anak ng Tao. Mapaghihiwalay na ba ninyo ito ngayon? Diyan kayo tila labis na nahihirapan, kita n'yo. Hindi ang Anak ng Tao, Mismo; kundi ang ikapitong anghel, ang ikapitong mensahero, ay naghahayag sa Anak ng tao, sapagkat nilisan na Nito ang ipa. Hindi niya magagawang i-organisa Iyon. Ito nang muli ang pinaka-Butil. "At sa araw na iyon, sina Jannes at Jambres ay magsisilaban, "mga pinahiran (mga pakunwaring mananampalataya at mga hindi mananampalataya, ang iglesiang pormal at ang mga Pentecostal) ay magsisilaban sa tunay na Butil, "Ngunit hayaan lang ninyo sila; mailalantad ang kanilang kahangalan, gaya rin naman nila." kita n'yo? Nauunawaan na ba n'yo ngayon? [Ang kongregasyon, "Amen." -Ed]

188 Ang sabi, ng Apocalipsis 10, "Sa mga araw ng pag-ihip ng ikapitong anghel. Ngayon ay alalahanin, ang ikapito, ang kapanahunan ng iglesiang Laodicea. Ang pag-ihip ng anghel na iyon," kung kailan ang kapanahunan ng iglesiang iyon ay naging isa nang denominasyon at naging isa nang kapanahunan ng iglesia, kapag ito'y natapos na sa loob ng Pentecostal na organisasyon; kapag ang mensahero sa kapa . . . Ano ba ang bawat mensahero? Isang saway sa Catolico. Ano ba si Wesley? Isang saway sa mga Lutheran. Ano ba ang pentecostes? Isang saway sa iba pa. saan na napunta ang Buhay ngayon? Palayo na sa organisasyon. Wala nang ipa; Butil na ito. Ano ito? Isang saway sa Pentecostal, kita n'yo, upang isakatuparan ang Kasulatan sa oras na ito. Kita n'yo?

189 Pansinin, sa araw ding iyon kung kailan ang mensaherong iyon . . . Hindi sa kaniyang pagsisimula, kundi kapag sinimulan na niyang ipahayag ang kaniyang mensahe. Kita n'yo? Ang Unang Hatak, pagpapagaling; Ikalawang Hatak, panghuhula; Ikatlong Hatak, ang pagbubukas ng Salita, ang pagpapahayag ng mga hiwaga. Wala na, wala nang mas tataas pa kaysa sa opisina ng propeta, pagdating sa paghahayag ng Salita. Ngunit ang tanging paraan upang ang propeta ay mabindika ay sa pamamagitan ng Salita. At, alalahanin, ang ikatlong Hatak ay ang pagbubukas ng mga Pitong Tatak na iyon, upang mahayag ang natagong Katotohanan na natatakan sa Salita. Nakikita na ba ninyo ito? [Kongregasyon, "Amen." -Ed] Doon kung gayon, sa araw na iyon, magaganap ang araw na ito, na sina Jannes at Jambres, ang mga manggaya ay muling magsisilitaw. Gaya ng naging paglitaw nila nang

lumitaw si Moises taglay ang orihinal na Salita, upang ipangusap Iyon; naglitawan sila, upang manggaya Nito. Tamangtamang talaga. Ngayon ba'y nakikita na ninyo kung ano ang Mateo 24:24? Kita n'yo, mga pinahiran!

190 Ngayon ay may tatlong bagay tayong sasabihin bago tayo magwakas. Ito na iyon. Nais kong makinig kayong mabuti sa ating pagwawakas. Tatlong bagay, tandaan ninyo, tatlong bagay na ang natupad. Tatlong bagay ang nakatambad sa inyong harapan ngayon.

Una. Ang sanlibutan ay nasa kalagayang Sodoma na. Sinabi ni Jesus na ito'y magaganap. Tingnan n'yo ang kabuktutan; ang kababaihan natin ay nagpipilit kumilos ng tulad sa lalaki; ang kalalakihan natin ay nagpipilit kumilos ng tulad sa mga babae, mga binabae; bulok na, marumi, napakababa, nalulukuban ng diablo, at hindi nalalamang gayon sila. Sinabi ng Biblia na magaganap iyon, at naririto na nga tayo.

Ikalawa. Sa oras na iyon, ayon sa Kasulatang ito, sina Janes at Jambres ay magsisilitaw… Ikalawa.

Ikatlo. Sa oras ding iyon mahahayaga ang Anak ng tao.

191 Hayan na ang inyong mananampalataya, ang inyong pakunwaring mananampalataya, at ang inyong hindi mananampalataya. Hayan ang tunay na Salita na kitang-kita, bindikado. Hayan din ang pakunwaring mananampalataya na nanggagaya Nito; at hayan din ang hindi mananampalataya na nagtakwil sa kabuuan nito. But it shall be Light about the evening time; The way to glory you will surely find. (Tama ba 'yon?) Nations are breaking; Israel's awakening; The signs that our Bible foretold, And the Gentile days numbered, (Sodoma.) With horrors encumbered; Return, O dispersed, to your own. The day of redemption is near, Man's hearts are failing in this fear. Be filled with God's Spirit, Have your lamps trimmed and clear. (Nang sa gayo'y makita ninyo ang Salita sa oras na ito.) Look up, your redemption is near. False prophets are lying, (Sinabi na nilang magsisilitaw sila:mga pinahiran.) God's Truth they're denying. That Jesus the Christ is our God. (Iyon ay... Hindi nila iyon pinaniniwalaan. Sinabi ng Biblia na mangyayari iyon. Naririto na nga.) But we'll walk where the apostles have trod. (Ang Siya ring Ilaw... At isasauli ang pananampalataya ng mga ama sa mga anak.) The day of redemption is near, (Napakalapit na.) Man's hearts are failing for fear. (Pabagsak na ang mundo.) Oh, be filled with God's Spirit, Have your lamps trimmed and clear. Look up, your redemption is near. Naniniwala ba kayo riyan? [Nagsabi ang kongregasyon, "Amen"—Ed.] Yumuko tayo kung gayon.

192 Doon sa lupaing nararating ng Mensaheng ito, mula sa Silangang Baybayin hanggang sa Kanlurang Baybayin, mula sa California hanggang New York pababa, hanggang sa Timog, pataas sa Hilaga, hanggang doon sa mga misyon, at saan man Ito nakararating, at maging sa loob ng Tabernakulong ito. Mahirap lang tayo. Wala tayong naglalakihan, mga dakila, at naggagandahang mga bagay, at mga palabas sa telebisyon. Sinisikap lang nating gawin ang abot sa ating kakayanan. "Ngunit lahat ng ipinagkaloob sa Aking ng Ama ay magsisilapit."

193 Ngayon, nais kong malaman ninyo na ito ay tiyak , at sa inyo na nakikinig sa tape na ito. Marahil ay may palagay kayo sa araw na ito na sinasabi ko ito tungkol sa aking sarili, dahil ako ang may dala ng Mensaheng ito. Wala akong kinalaman dito kaunti man, ako ay isa lamang tinig. At ang tinig ko, laban nga ito sa mas tamang pansarili kong panghusga; nais kong maging isang mangbibitag. Ngunit ang kalooban ng Ama ang ipinahahayag kong aking isasakatuparan, at napagpasiyahang gawin. Hindi ako Yaong nagpakita roon sa ilog; nagkataon lang na nakatayo ako roon nang magpakita Siya. Hindi ako ang nagsasagawa ng mga bagay na ito at nanghuhula ng mga bagay na ito na nagaganapa ng sakdal na sakdal; nagkakataon lang na ako ang nasa malapit kapag ginagawa Niya ito. Isa lang akong tinig na kinakasangkpana Niya upang sabihin ito. Hindi iyon kung ano ang alam ko; kundi kung ano ang pinagsukuan ko sa aking sarili, na siyang ginamit Niya upang mangusap. Hindi ako Iyon, hindi Iyon ang ikapitong anghel, ay hindi; iyon ay ang manipestasyon ng Anak ng tao. Hindi iyon ang anghel, ang mensahe niya; iyon ay ang hiwaga na iniladlad ng Diyos. Hindi iyon tao; iyon ay Diyos. Ang anghel ay hindi ang Anak ng tao; siya ay mensaherong nagmula sa Anak ng tao. Ang Anak ng tao ay si Cristo; Siya Yaong kinakain ninyo. Hindi tao ang kinakain ninyo; ang tao, mabibigo ang mga salita niya. Ngunit ang kinakain ninyo ay ang hindi nabibigong Katawang-Salita ng Anak ng tao.

Kung hindi pa kayo lubusang nakapanginginain sa bawat Salita, upang mabigyana ang sarili mo ng kalakasan upang magawa mong lumipad sa itaas ng mga denominasyong ito at ng mga bagay ng sanlibutan, nais mo bang gawin ito ngayon habang nanalangin tayo?

194 Mahal naming Ama, napakahirap nito. Hindi madali para sa isang mortal ang gawin ito. Alam Mo ang lahat ng bagay, at dalangin ko sa Iyo mahal na Diyos, na hindi nawa magkamali ng pagkaunawa ang mga tao tungkol dito. Bagkus, sa Liwanag ng Iyong Salita, nawa'y magawang lumakad ng mga tao.

At Amang Diyos, hindi ko alam kung sino ang mga Hinirang, Ikaw ang nakaaalam. Hindi ko alam kung kailan Ka darating. Ngunit ang tanging nalalaman ko ay sinabi Mo, na kapag ang mga bagay na ito ay naganap na, ang mga bulaang ito, mga pinahiran… Hindi nang sila'y magpasimula. Hinayaan lang sila ni Moises, dahil wala na siyang maaaring gawin pa. Ang magagawa lang niya ay ipangusap kung ano ang

Iyong ipinangungusap. Inutusan Mo siyang tumawag ng mga kuto; at nagsitawag din sila. Inutusan Mo siyang gawing dugo ang tubig; at ginawa rin nila. Isinagawa lang ni Moises ang utos, nang Salita sa Salita, gaya ng sinabi Mo, ngunit Ikaw ang naglantad ng kanilang kahangalan.

195 Ngayon, Ama, Diyos Ka pa rin hanggang ngayon. Ang Salita rin Iyon ang nagsabi na magaganap ito sa mga huling araw. Maraming mga tao ang matatapat, gaya ng nasabi natin noong nakaraang Linggo, ang humipo sa Kaba na nakasakay sa bagong karosa, at hindi sa mga balikat ng mga Levita, ang nangamatay na, "patay sa kasalanan at pagsuway," nakikipaglaban sa sarili nilang kunsensya.

Maraming mga ministro ang nakaupo sa kanilang silid-aralan, ang bumabasa ng Salita, at nagmamadaling inililipat ang mga pahina; upang makaiwas sa pagsabog nito, dahil nalalaman niyang maiwawala niya ang kaniyang katayuan sa lipunan sa publiko, sa kaniyang iglesia at sa kaniyang denominasyon. Tulungan nawa kami ng Diyos upang huwag naming magawa iyon kailanman.

196 Linisin Mo ang puso namin Panginoon, sa lahat ng karumihan ng sanlibutan. Panginoon, nakatayo akong handa para sa paglilinis. Nakatayo akong handa sampu ng iglesiang ito at ng lahat ng ito na nakikinig, at pati na rin ang sinumang makapakikinig sa tape na ito. Nakatayo ako rito Panginoon, at hinihiling ang Iyong paglilinis. Panginoon, dalhin Mo ako sa bahay ng Mamamalyok at basagin Mo ako, hubugin Mo ako, upang ako'y maging isang lingkod ayon sa Iyong nais. Dahil Panginoong Jesus, "Ako'y isang taong marumi ang labi," gaya ng isinisigaw ni Isaias, "nananahan sa mga taong marurumi ang mga labi; at sa aba ko, dahil nakita ko ang kapahayagan ng Diyos na naipamamalas," nang makita ni Isaias ang mga Anghel sa loob ng Templo. Nakikita ko ang huling panahon, Panginoon, at sa aba ko, at ng aking bayan. O Diyos na walang hanggan, mahabag Ka sa amin. Sumasamo ako para sa aking sarili at sa bayan. Huwag Mong hayaang mapahamak kaming kasama ng mga hindi sumasampalataya, bagkus ay nabuhay nawa kami kasama ng mga mananampalataya.

197 Bawat denominasyon, Panginoon, bawat lalaki o babae… Hindi ko maaaringhilingin sa Iyo na basbasan Mo ang isang denominasyon samantalang nalalaman kong laban Ka rito. Ngunit ang masasabi ko lang Panginoon, kung mayroon Ka pang ibang mga tupa na nakahalo sa kanila, marinig nawa nila ang tape na ito. Marinig nawa nila Ito, Panginoon, at maunawaan nawa nila Ito sa pamamagitan ng kaunawaang ipagkakaloob Mo sa kanila, at nawa'y lumabas sila upang tanggapin Ka. Huwag nawa silang madaya ng pagkabulag at tradisyon ng araw na ito. Huwag nawa silang kumain ng pagkaing… o bangkay ng ibang panahon. Matanggap nawa nila ang Salita. Ganiyan Ka ipinapako ng mga Fariseo, Panginoon. Ang tinatanggap nila ay ang bangkay ng panahon ni Moises, at nagpapakabundat sila rito; matapos Mong ibigay ang mga tipo, sa ilang, ng sariwang mana gabi-gabi, na ang ibig sabihin ay bawat saling-lahi. Doon sila nabigo. Nilason sila nito. Nangamatay sila, sa pagkain nila ng panis na pagkain. At sa espiritwal, ay ganito rin ang nangyayari ngayon, pinapatay sila sa espiritwal na pakahulugan sa pamamagitan ng denominasyon. Tulungan Mo po kami, mahal na Diyos. Nasa kamay Mo na ang lahat ng ito ngayon. Sa Pangalan ni Jesus Cristo.

198 Habang nakayuko tayo, aawiti natin iyan, habang kayo'y nagpapasiya. Suslong ba kayo hanggang sa wakas? I can hear my Saviour (At Siya ang Salita.) calling, I can hear (Oh, matagal na panahon akong naglagalag, ngunit ang totoo, ngayon ay naririnig ko Siya, 'Magsiparito kayo sa Akin, lahat kayong mga nangangapa sa dilim.") I can hear ("Pasanin mo ang iyong krus at sumunod ka sa akin araw-araw." "Oo, bagama't ako'y lumalakad s alibis ng dilim ng kamatayan, wala akong katatakutang kasamaan; hanggang doon sa malilim na luntiang pastulan, at sa siping ng tubig na pahingahan.") And where He leads me I (Panginoon, nakikita ko ang kahangalan ng mga Trinitarian. Nakikita kong ang buong mundo na nahasikan nito; nagtutubuan ang mga dawag sa lahat ng dako. Ngunit saan Mo man ako kayin gayon, Panginoon, matutulad ako doon sa mga nasa Mga Gawa 19. 'Nang marinig nga nila Iyon, nagpabautismo silang muli sa Ngalan ni Jesus Cristo.) ... follow, (Sumulong ako sa bahagi ng daan, Panginoon, sapat upang matanggap Kita, ngayon...) I'll go with Him all the way. [Nagsimulang humuni si Brother Branham ng Where He Leads Me I Will Follow (Saan Mo man Ako Akayin)—Ed.]

199 Mahal na Diyos, umaasa ako na nagmula iyon sa aking puso. Umaasa ako na nagmula iyon sa puso ng bawat isa na nagsisiawit sa pagkakataong ito, marahil ay maraming tao na makikinig sa tape na ito, na wala rito, o hindi nakikinig ngayon. Nawa ay maging handa kami, Panginoon, ano man ang maging kapalit. Ang sabi, "Gaya ng isang lalaki na sasagupa sa isa pang hukbo, isang sundalo, isang hari; nauupo muna siya at kakarkulahin kung kaya nga ba niyang isagawa iyon, kaya ba niyang isuko ang mga bagay ng sanlibutan? Kaya ba ninyong sumuko, at sumapi sa hukbo ng nasulat na Salita ng Diyos, magmartsang kasama ng Kaniyang mga kawal, lumipad na kasama ng Kaniyang mga agila?" Itulot Mo po ito, Panginoon, sa Pangalan ni Jesus.

200 Naniniwala ba kayo? Tinatanggap n'yo ba Siya? Mabuti. Magkikita tayong muli rito mamayang gabi, kung loloobin ng Panginoon. Naniniwala ba kayong iyan ay Katotohanan? [Nagsabi ang kongregasyon ng "Amen."—Ed.] Maliwanag ba ito? ["Amen."]

Take the Name of Jesus with you. Child of sorrow and woe; It will joy & comfort give you, Take it

everywhere (Ngayon, makipagkamay kayo sa katabi ninyo ngayon.) Precious Name, O how sweet! Hope of earth & jot of heaven At the Name of Jesus Bowing, Falling prostrate at His feet, King of King in heaven we'll crown (Diyos Siya, kung gayon.) When our journey is complete. Precious Name, (Precious Name,), O, how sweet! (O, how sweet.) Hope of earth & joy of heaven. Precious Name, O, how sweet! Hope of Earth & joy of heaven.

201 Sa palagay ko'y naipakilalang lahat ang mga ministro sa umagang ito, nabati silang lahat. Kapag ang isang tao ay nanalangin sa buong sanlinggo, nagbubulay-bulay siya, dahil nakikita niya ang mga Kasulatang ito, lantad na lantad ang mga ito sa iyong harapan, "Sa aba ko," ang sabi ni Pablo, "kung hindi ko ipapangaral ang Ebanghelyo." Sa dulo ng kaniyang daan, ay sinabi niya, "Hindi ko ipinagkait sa inyo ang kabuuan ng payo ng Diyos ayon sa pagkakabigay Nito sa akin."

202 Minsan ay nalilimutan kong banggitin ang mga bagay-bagay, ang paghahandog, ang pag-aalay sa mga sanggol. Ang sabi ni Billy, noong isang araw ay may lalaking dumating at nagsabi, "Dalawang taon na kong pumaparito para maialayko ang anak ko." Ang sabi ni Billy, "Huwag sanang sasama ang loob mo tungkol diyan. May anak din akong isang taong gulang, at hindi pa rin siya naiaalay hanggang ngayon. Kaya't maghihintay na lang ako hanggang sa umabot siya sa gulang na kaya na niyang pumanhik mag-isa roon, sa palagay ko."

Kaya makikita natin, brother, sister, hindi sa—hindi sa, kita n'yo. Ako'y… Isang bagay ang tiyak, kailangan nating ialay ang mga anak natin. Dapat nating bautismuhan ang bawat isa. May tangke tayo riyan, narito ang tubig. Kung hindi pa kayo nababautismuhan, ano ang nagiging hadlang? Narito ang tubig. Pumarito kayo ngayon din. Huwag na kayong maghintay pa mamayang gabi; pumarito na kayo ngayon. May nakatayo rito ngayon na handang magbautismo sa sinumang nakapagsisi na at nakapangumpisal na, babautismuhan nila kayo sa Pangalan ni Jesus Cristo, para sa ikapagpapatawad ng kasalanan. Kita n'yo? Mayroon tayo no'n.

203 Ngunit, kita n'yo, ang Mensahe ay nasa puso ko. Kailangan ko iyong ilabas. Iyon lang ang tangi kong layunin, kahit ano pa ang sabihin ng asawa ko, o ng mga anak ko, o nang pastor ko, o ng sinuman. Ang Panginoon ko Iyon. Kailangan kong ilabas iyon. Iyon lang ang tangi kong layunin.

204 At ngayon, kadalasan ay nalilimutan kong batiin ang mga ministro. Sa palagay ko ay dahil sa… Ang kapatid natin, si Brother Neville, isang taong minamahal natin,. Ang iba pang mga kapatid na kalalakihang naririto, nagagalak kaming makasama kayo.

Hindi kami sumasalungat sa inyo, kapatid, para lang maiba. Marami sa inyong mga naririto ang marahil ay mga mangangaral na Trinitarian. Ayaw naming magalit sa inyo. Mahala namin kayo. Kung hindi, kung hindi ganiyan ang paniwala ko, hindi ako aalis sa simbahang ito hangga't hindi ako lumuluhod upang sabihin ko, "Diyos, ituwid Mo po ako." Ayaw kong maihalo sa espiritu ko ang mayabang, makasariling espiritung iyon. Nais kong maging dalisay at malinis ang espiritu ko, may pag-ibig sa kapatid, banal at taglay ang Espiritu Santo. Ngayon, kung mayroon mang makagagawa ng mali sa akin, walang masama riyan. At kahit pa nga may karapatan akong gumanti sa kanila, ayaw kong magkaroon ng ganiyan sa buhay ko. Ayoko, ang—ang nais ko ay pag-ibig. Nais kong maging handang tumanggap ng pagtutuwid nang may pag-ibig, may pag-ibig na walang pasubaling tumutugon doon para rito.

205 Hindi ko nais na maiba ako. Metodista, Baptist, Catolico, Presbyterian, sino ka man, hindi ko sinasabi ang mga bagay na ito para lang maging iba, at magmayabang sa inyo. Kung gayon, isa akong mapagpaimbabaw at dapat ay naririto ako sa altar na ito, at nananalangin sa Diyos. Ngunit kaya ko sinasabi ito, dahil ito sa pag-ibig, at nakikita ko kasi kung saan kayo patungo. Ngayon, hindi ko sinasabi ito sa ganang akin lamang, at hindi ako nagbabakasakali lamang. Ibinibigay ko sa inyo ang ITO ANG SABI NG PANGINOON. Iyan ang Katotohanan. At iniibig ko kayo dahil sa mga bagay na iyan. Pagpalain kayo ng Diyos.

206 Ngayon, habang umaawit tayo ng isa pang talata ng awiting ito, atin nang gawin, bago tayo umalis. Nais naming pumarito kayo mamayang gabi, kung magagawa ninyo. Kung hindi naman, sumainyo ang Diyos hanggang sa muli nating pagkikita. Dalangin lang namin na pagpalain nawa kayo ng Diyos at pagkalooban nawa Niya kayo ng pinakamainam na bahagi ng Kaniyang lupain, kita n'yo. Ngalan ni Jesus…

www.messagehub.info

Pangangaral ni

William Marrion Branham

"... sa mga araw ng tinig ..." Apocalipsis 10:7